
DAGITAB

# DAGITAB



"Kapihan"

*Isang pagtitipon na pinagsasaluhan ng Pulang hukbo at masa sa mga sonang gerilya sa Timog Katagalugan na nagtatalakayan at nagbabahaginan hinggil sa isang partikular na tema o paksa at sinasaliwan ng mga pangkulturang pagtatanghal—awit, sayaw, tula at talumpati.*

*Iginuhit ang dibuho ng ARMAS-TK.*

# DAGITAB 2019

## Rebolusyonaryong Lathalaing Pampanitikan ng Artista at Manunulat ng Sambayanan-Timog Katagalugan

# NILALAMAN


## PAUNANG SALITA
nina Prof. Jose Maria Sison at Juliet de Lima
11

## PAMBUNGAD
Mula sa Patnugutan
13

## EDITORYAL
17

## Maikling Kwento

### Sampung metro
Ni Ka Carina (mula sa Kalatas)
21

### Takot at baril
Ni Ka Stanlee (mula sa Kalatas)
25

### Bungangkahoy
Ni Ka Jani (mula sa Kalatas)
27

### QBZ Trail (Ang Bagnas ng Hangganang Quezon-Bicol)
Ni V. Sanggangbayan
30

### Ang Pagong at ang Matsing
Ni Ka Glor
41

Hindi nakakalimot ang masa
Ni Ka Judy
49

Ang Masa sa likod ng CPP@48
Ni Ka Daliya
53

Ang press conference sa gitna ng kabundukan
Ni Ka Luz
60

## Sanaysay

Sa magsasaka ang lupa,
sa masang anakpawis ang tagumpay
Ni Ka Deron
66

Ang pagiging isang ina at NPA
Ni Ka Ruiz
71

NPA pa ako!
Ni Ka Poleng
74

NPA ang nanay ko!
Ni Ka Oryang
79

Ang Baseng Lumalaban
Kasaysayan ng Pakikibaka ng Baryo Narra
Ni Ka Arya
85

Si Ka Yago sa kanyang kasiglahan at kahusayan:
Isang baklang nagsulong ng digmaan
Ni Ka Pleni
93

Ang pagkamulat ko sa Baryo Masikap
Ni Ka Libe
98

Mga apo ni Ka Goyo
105

Why I joined the NPA
Ni Ka Giro
112

Kung bakit ako sumapi sa NPA
Ni Ka Giro
116

Transpormasyon
Ni Ka F
122

NPA na ako!
Ni Ka Roselle (mula sa Kalatas)
125

Bakit ako nag-NPA?
Ni Ka Jean
128

NPA ang anak ko!
mula sa Kalatas
131

Kumander ng NPA ang karelasyon ko!
Ni Ka Neri
134

Akyu
mula sa Kalatas
138

Reyd sa Monte Rock
Ni Ka Cielo
140

Lupa ay buhay; Lupa ay pakikibaka;
Lupa ay tagumpay!
Ni Ka Pola
144

# Tula


Ingay sa Kakahuyan
Ni Ka Rosie
163

Tugon
Ni Ka Bingo
165

Bersus
Ni V. Sanggangbayan
167

Ano ang aming kasalanan?
Ni Ka Balter
168

Sigwa ng Kabataan
Ni Ka Pleni
170

Nang ang salbabida'y sumalunga sa silig
Ni Ka Lucio
171

Pag-aaklas ng katutubo
Ni Ka Rosie
174

Ang Huling Halakhak
Ni Adel Serafin
176

Kawntertraker
Ni Ka Sari
181

Gawaing Masa sa pulo
Ni Ka Pleni
183

Kasama
Ni Ka Rosie
185

Nalalapit na ang ating tagumpay!
Ni Ka Winston
186

Paalaala sa Gawaing Masa
Ni Ka Tibet
188

Ehersisyo
Ni Ka Dart
189

Rebolusyonaryong Ambahan
192

## Sa alaala ng mga rebolusyonaryong martir

Paalam, Laké
Ni Ka Sari
195

Alay sa Dakilang Ama at Ina
Ni Ka Oryang
197

Para sa iyo, Ka Iñigo
Ni Ka Jani
199

Kabuluhan ng pag-aambag
Ni Ka Minda
201

Mga numero sa buhay ni Ka 25
Ni Ka Pleni
203

Pagbangon, Paglaban, Paglaya
Ni Ka Josefa
206

Ocram
Ni Ka Leroy
207

Bayaning Maubanin
Ni Adel Serafin
209

## Awit

Mandirigma ng Bayan
ARMAS-TK
214

Manok ng Masa
Pulang Bandila-BHB Palawan
218

## Dula

Maranggat Sibat
Pulang Bandila-BHB Mindoro
221

## Liham


Liham
Ni Ka Tiban
227

Liham sa minamahal
Ni Ka Mimay
230

PASASALAMAT
232

# PAUNANG SALITA

nina Prof. Jose Maria Sison at
Juliet de Lima



Taos puso kaming nagpapasalamat sa Patnugutan ng DAGITAB na hiniling kaming gumawa ng Paunang Salita ng DAGITAB 2019. Malaking karangalan ito para sa amin.

Pagkakataon naming sabihin na mula sa umpisa ng aming pagkilos sa ligal na kilusang pambansa-demokratiko hanggang sa digmang bayan nakasama namin ang maraming kadre at masang aktibista mula sa rehiyon ng Timog Katagalugan at laging nasasariwa ang ugnayan namin sa rehiyon.

Mainam at tumpak ang tema, "Pakamahalin ang Bagong Hukbong Bayan," para sa DAGITAB 2019. Panahon ngayon ng pasidhing tunggalian ng digmang bayan at armadong kontra-rebolusyon. Nagpipilit ang tunay na pasistang terorista na Duterte at mga alipures niya na manlinlang at palitawing terorista ang mga rebolusyonaryo.

Karapat-dapat lamang na ipahayag sa pamamagitan ng DAGITAB ang mapagpasyang papel ng BHB sa demokratikong rebolusyon ng bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan at kung paano silang nagmamahal at naglilingkod sa mamamayan at paano naman minamahal at tinatangkilik ng mamamayan ang mga Pulang kumander at mandirigma.

Ang BHB ang pangunahing pwersa ng bayan sa pinakamataas na anyo ng pakikibaka para gapiin ang naghaharing malakonyal at malapyudal na sistema. Tapat itong sumusunod sa proletaryo rebolusyonaryong pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas at masugid na nagpapalakas sa batayang alyansa ng mga uring manggagawa at magsasaka bilang pundasyon ng nagkakaisang hanay.

Buhay na buhay at makabuluhan ang mga naratibo, tula, iskrip at guhit na sinuri naming lalamnin ng DAGITAB 2019. Kongkreto ang



mga ugnayan ng BHB at masa na isinasalarawan. Nagpapakita kung gaano kahusay ang BHB sa pag-ugnay ng sandatahang pakikibaka sa agraryong rebolusyon at pagpapalakas ng baseng masa, sa loob ng isang pamilya hanggang sa ugnayan sa mga Mangyan sa Mindoro.

Nasasalamin ang katatagan at militansya ng mga mandirigma at masa sa paggampan ng mga tungkulin at paglaban sa kaaway. Meron pang naratibo sa Ingles at Tagalog na salin tungkol sa kabataang mula sa labas ng bansa upang lumahok sa digmang bayan sa internasyonalistang diwa na makatulong sa pagsulong ng rebolusyon sa Pilipinas at sa buong daigdig.

Mahalagang ambag ng mga kasama sa Timog Katagalugan ang DAGITAB 2019 sa selebrasyon ng ika-50 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan. Matingkad ang pagmamahal ng sambayanang Pilipino sa BHB. Tampok dito ang buhay-at-kamatayang pagtataguyod ng masang anakpawis sa kanilang tunay na hukbo.

Makakapagbigay ang DAGITAB 2019 ng ibayong inspirasyon sa mga kabataan para sumampa sa hukbong bayan at makakahikayat ng pinakamaraming bilang ng mamamayan na lumahok sa armadong pakikibaka. Magiging halimbawa ang DAGITAB sa ibang rehiyon sa paglalathala ng mga rebolusyonaryong obra sa panitikan at sining.

Mabuhay ang DAGITAB at lahat ng pwersang rebolusyonaryo sa Timog Katagalugan!

Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilpinas at Bagong Hukbong Bayan!

Mabuhay ang bagong demokratikong rebolusyon ng sambayanang Pilipino! *D*

# PAMBUNGAD

## MULA SA PATNUGUTAN NG DAGITAB

Ambus sa *national highway*, reyd sa mga munisipyo, *rescue* sa mga *provincial jail*, isparo sa Sta. Rosa at Puerto Princesa... Ilan lamang ito sa matutunog na aksyong militar sa kasaysayan ng BHB sa Timog Katagalugan. Paglansag sa mga pastuhan, pamamarusa at pagkumpiska sa *hacienda't farm* ng malalaking PML, pagpapalayas sa mga konsesyon ng troso at mina, malawakang bungkalan at kampanyang balik-produksyon... ang ilan naman sa pinagsama-samahang laban at tagumpay ng masa't Hukbong Bayan. Mula nang maitatag ang kauna-unahang larangang gerilya sa hangganan, nakatatak na, at inangking kanya ng kasaysayan sa TK ang Bagong Hukbong Bayan, ang tunay na Hukbo ng mamamayan.

Kaya naman ngayong 2019, kasabay ng pagdiriwang ng ika-50 anibersaryo ng pagkakatatag ng BHB, itinatampok sa isyu ng Dagitab ang mga obra at likhang-sining na nagpapamalas at umuusal ng katumpakan ng armadong pakikibaka at ang di-napapatid na suporta ng mamamayan ng TK sa dakilang misyong ito.

Pangunahing ipinakikilala sa isyung ito ang bagong likhang rebolusyonaryong awitin ng ARMAS-TK na Mandirigma ng Bayan na tumutukoy sa batayang prinsipyo ng BHB. Sumusuhay dito ang tulang Ehersisyo ni Ka Dart na nagpapakita ng pagtupad sa batayang disiplina ng BHB.

Itinatampok ng sanaysay na Reyd sa Monte Rock ni Ka Cielo at adaptasyong Manok ng Masa ng Pulang Bandila-BHB Palawan ang pangunahing tungkulin ng BHB na ipagtanggol ang mamamayan sa lahat ng banta sa kanilang buhay, kabuhayan at kaligtasan. Kagitingan at di-magagaping diwa ng Hukbo sa pagharap sa iba't ibang kahirapan maging sa harap ng kaaway din ang ipinamamalas ng mga kwentong Sampung Metro ni Ka Carina, Takot at Baril ni Ka Stanlee, Ang Pagong at ang Matsing ni Ka Glor, at tulang Kawntertraker ni Ka Sari.

Isinasalarawan naman sa mga obrang Si Ka Yago sa kanyang kasiglahan at kahusayan ni Ka Pleni at Bayaning Maubanin ni Adel Serafin ang personal na karanasan ng ilang mga kasamang tinahak na ang landas ng imortalidad sa pagtanggap sa pinakamataas na porma ng sakripisyo. Para sa kanila inihahandog ng mga rebolusyonaryo at mamamayang lumalaban ang nag-uumapaw na pagdakila at pag-alaala na ipinamamalas sa mga tulang Paalam, Laké ni Ka Sari, Para sa iyo, Ka Iñigo ni Ka Jani, Kabuluhan ng Pag-aambag ni Adel Serafin, Mga numero sa buhay ni Ka 25 ni Ka Pleni, Ocram ni Ka Leroy, at Pagbangon, Paglaban, Paglaya ni Ka Josefa.

Kakambal ng mga kahirapan at sakripisyo ang tamis at ligaya ng dakilang rebolusyonaryong pakikibaka na matatagpuan sa mapagkasamang relasyon sa loob ng Hukbo, at ang respeto't pagmamahal na sumisibol sa mga ipinupundar na rebolusyonaryong pamilya. Ito ang inspirasyong hatid ng tinipong mga salaysay na Mga Apo ni Ka Goyo, kwentong Ang Pagiging isang Ina at NPA ni Ka Ruiz, tulang Alay sa Dakilang Ama at Ina ni Ka Oryang, Liham sa minamahal ni Ka Mimay at Liham ni Ka Tiban.

Kapansin-pansin naman sa mga tulang Kasama at Ingay sa Kakahuyan ni Ka Rosie ang pagkakaisa at pagkakabigkis na namumuo sa gitna ng pagkakaiba-iba ng pananaw at kinagisnang kultura ng mga kasama. Ito ang namumukod na katangian ng relasyon sa hanay ng mga kasamang binibigkis ng iisang dakilang prinsipyo't simulain. At kung paanong ang mga kwento at inspirasyong ito'y nakatatawid hanggang sa ibayong dagat, makikita ito sa mga sanaysay nina Ka Giro na Why I Joined the NPA at sanaysay na Transpormasyon ni Ka F.

Ang 50 taon ng kasaysayan ng BHB ay tinipong mga larawan at kwento ng malalim at mahigpit na ugnayan ng Hukbo at masa. Mababanaag ito sa mga kwentong Ang Bagnas sa Hangganang Quezon-Bicol ni V. Sanggangbayan, Ang Masa sa likod ng CPP@48 ni Ka Daliya, Bungangkahoy ni Ka Jani, Hindi nakakalimot ang masa ni Ka Judy, Akyu, dulang Maranggat Sibat ng Pulang Bandila-BHB Mindoro at mga Rebolusyonaryong Ambahan ng Mangyan.

Susi sa mga higpit ng ugnayang nabuo sa pagitan ng Hukbo at masa ang matatagumpay na pinagsaluhang laban sa rebolusyong agraryo at mga pakikibakang antipyudal sa kanayunan. Ito ang mga kwento sa likod ng Tersyong Baliktad ni Ka Deron, at Lupa ay buhay; Lupa ay pakikibaka; Lupa ay tagumpay! ni Ka Pola.

Resulta nito, naipundar na sa mahabang panahon ang baseng masang lumalaban at di-patitinag sa anumang pakana ng kaaway tulad ng Ang Baseng Lumalaban: Kasaysayan ng Pakikibaka ng Baryo Narra ni Ka Arya na napanday na ng panahon, tulang Bersus ni V. Sanggangbayan, Pag-aklas ng katutubo ni Ka Rosie at Ano ang Aming Kasalanan? ni Ka Balter.

Samantala, naging inspirasyon naman ito sa iba pang mga uri at sektor para higit na maunawaan at masapol ang kabuluhan ng armadong pakikibaka at Hukbong bayan at kalauna'y hamunin ang sarili na ubos-kayang mag-alay ng sarili sa dakilang propesyong ito. Ito ang tinutukoy sa kwento ni Ka Libe na Ang Pagkamulat ko sa Baryo Masikap. Ang mga ito ang di matutumbasang mga tagumpay na naipundar na at nakatanim na sa kamulatan ng nagpalit-palitang henerasyon ng mamamayan tulad ng hamon ng tulang Sigwa ng Kabataan ni Ka Pleni.

Gayon na lamang ang galit at pagngingitngit ng naghaharing reaksyon kaya higit na nagiging desperado ang kasalukuyang rehimen sa kampanyang panunupil nito. Sa kasalukuyan, humaharap ang sambayanan at rebolusyonaryong hanay sa mas mabangis na rehimen sa gitna ng pinatinding kahirapan tulad ng inuusal ng tula na Ang Huling Halakhak ni Adel Serafin.

Tulad ng laman ng tulang Paalaala sa Gawaing Masa ni Ka Tibet at Gawaing Masa sa pulo ni Ka Pleni, patuloy na nagpupunyagi ng buong rebolusyonaryong kilusan sa harap ng malalaking hamon na igpawan at pangibabawan ang mga balakid at bagahe sa pagsulong. Ganito rin ang tugon ng dalawang pangunahing sektor sa kalunsuran na mababasa sa mga obrang Tugon ni Ka Bingo at Nalalapit na ang ating Tagumpay ni Ka Winston.

Sa loob ng 50 taong magiting na pagpupunyagi ng buong rebolusyonaryong kilusan, nalikha na ang di mauubos na dahilan kung bakit sinusuportahan, tinatangkilik, minamahal at inaangkin ng mamamayang Pilipino at ng buong daigdig ang Bagong Hukbong Bayan. Itinatampok sa isyung ito ng Dagitab ang #NPAstories at #I♥NPA o tinipong mga salaysay, kwento't patotoo nito na mababasa sa mga pahina ng kwentong NPA na ako, Bakit ako nag-NPA? ni Ka Jean, NPA pa ako! ni Ka Poleng, NPA ang anak ko!, NPA ang nanay ko! ni Ka Oryang at Kumander ng NPA ang karelasyon ko! ni Ka Neri. D

# EDITORYAL

## Palakasin at pakamahalin ang BHB at isulong ang digmang bayan sa mas mataas na antas!

Ang 50 taong paglakas at paglawak ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang buhay na patotoo sa 'di nagmamaliw na pagmamahal at suporta ng sambayanang Pilipino sa demokratikong rebolusyon ng bayan (DRB). Pinagsaluhan sa mga taong ito ng mamamayan at BHB ang maraming tagumpay sa gitna ng buhay-at-kamatayang pakikibaka laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Sa absolutong pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas sa patnubay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, patuloy na nagkamit ng mga tagumpay ang BHB at ang rebolusyonaryong armadong kilusan. Napanatili nito ang mahigpit na pakikipagkaisa sa pinakamalawak na hanay ng masa at puspusang ipinatupad ang pangkalahatang linya ng DRB sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Ipinatupad nito ang malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa patuloy na lumalawak at lumalalim na baseng masa.

Matagumpay na binigo ng BHB ang mga kontra-rebolusyonaryong pakana ng mga rehimen ng papet na republika na nakabalangkas sa kontra-insurhensyang plano ng imperyalismong US. Binigo ng BHB ang Oplan Cadena de Amor at Oplan Katatagan ng pasistang diktadurang US-Marcos, Oplan Lambat-Bitag I-IV ng rehimeng US-Corazon Aquino at Fidel Ramos, Oplan Makabayan ni Estrada, Oplan Bantay Laya ni Arroyo, Oplan Bayanihan ni BS Aquino at Oplan Kapayapaan sa unang bahagi ng panunungkulan ni Duterte. Ngayon, magiting na hinaharap at binibigo ng BHB ang JCP Kapanatagan at NTF-ELCAC ng bagong diktador na si Duterte.

Kasabay ng pagharap sa reaksyunaryong pwersa, naging konsistente ang rehiyon sa pagpapatupad ng linya ng Partido mula Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto hanggang sa kilusang pagwawasto na inilulunsad sa kasalukuyan. Sa huling

bahagi ng dekada 1990, sa gitna ng kabi-kabilang kampanyang saywar ng kaaway at mga taksil ng rebolusyon, tangan ng rehiyon ang sulo ng armadong pakikibaka bunga ng mahigpit na pagtataguyod sa kilusang rektipikasyon. Matagumpay nitong nilinis ang sariling hanay sa mga oportunistang taksil, mapagkumbabang inamin at nagwasto ng mga pagkakamali, at mabilis na nakapagpanibagong lakas at sigla. Sa pag-igting ng pakikidigmang gerilya sa tarangkahan ng Maynila, nalagay sa pambansang prayoridad ng kaaway ang rehiyon at inilunsad ang Task Force Banahaw sa Laguna, Batangas, at Rizal, Oplan Habol Tamaraw sa Mindoro at pagtutok sa South Quezon-Bondoc Peninsula sa panahon ng panunungkulan ni Estrada, Arroyo at BS Aquino.

Ngunit dahil armado ng mga gintong aral, magiting na hinaharap ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan (TK) ang lahat ng mga atake ng kaaway at nakikipagtagisan ng ngipin-sa-ngipin ang hukbong bayan upang pinsalain ang hanay ng berdugong AFP at PNP.

Mahigpit na itinaguyod ng Hukbong bayan ang linya na magtiwala at umasa sa masa at laging inilagay sa unahan ang rebolusyonaryong pulitika sa lahat ng pagkilos sa larangang militar, gawaing masa, gawaing produksyon at iba pa. Malalim na umugat ang Hukbong bayan sa masang anakpawis. Ibinunga nito ang paglawak ng baseng masa, paglutas sa mga suliranin ng mga magsasaka sa pamamagitan ng pagsusulong ng rebolusyong agraryo at paglaki ng kasapian ng BHB. Naipundar ng BHB ang di masasaid na pangmasang suporta para sa armadong pakikibaka at mataas na prestihiyo at pagkilala ng malawak na mamamayan sa BHB bilang tunay nilang hukbo at tagapagtanggol.

Niyakap ng mamamayan sa TK ang BHB dahil magkasama nilang ipinagtagumpay ang mga antipyudal na kampanya sa Hacienda Belt sa South Quezon-Bondoc Peninsula at mga mapangwasak-sa-kalikasang proyekto sa mga isla ng Palawan at Mindoro at probinsya ng Rizal, Laguna at Batangas. Hinding-hindi naman makakalimutan ng mga magsasaka sa hangganang

Quezon-Bicol ang pagtugis at pagparusa ng BHB sa sindikato ng mga magnanakaw ng kalabaw noong dekada 1970.

Ang taos-pusong paglilingkod ng BHB na kinilala ng masa ang naglatag ng mga paborableng kundisyon upang matagumpay na itayo ang binhi ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika. Nakalatag ang mga ganap na samahang masa na umaabot na ng antas distrito sa iba't ibang probinsya sa TK. Pinangungunahan din ng BHB ang pagtatayo ng yunit ng milisyang bayan at mga yunit pananggol sa sarili. Inorganisa ng BHB ang mga magsasaka, manggagawa, kabataan, kababaihan, katutubo, aktibistang pangkultura at iba pang sektor sa kanayunan tungo sa pagbubuo ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa.

Patuloy itong nagpaparami ng bilang ng kasapian ng Partido sa hanay ng BHB at nagrerekluta ng mga Pulang mandirigma. Pinanday nito ang sarili habang nakikihamok sa kaaway na may matinding pagnanais na wasakin ang rebolusyonaryong armadong paglaban ng mamamayan.

Kasalukuyang puspusang inihahanda ng BHB ang mga rekisitos para kamtin ang largadong pakikidigmang gerilya alinsunod sa estratehikong linya ng matagalang digmang bayan na kubkubin ang kalunsuran mula sa kanayunan. Nalikha na nito ang relatibong malawak na maniobrahan ng pwersang gerilya upang ilunsad ang mga taktikal na opensibang dadagok sa palalong kaaway. Sa iba't ibang dako ng rehiyon, matagumpay nitong inilunsad ang mga aksyong militar laban sa mga pinakasagad-saring malalaking burgesya kumprador, panginoong maylupa at berdugong militar na numero unong pahirap sa mamamayan.

Sa panahon ng rehimeng Duterte, ipinagbunyi ng mamamayan sa TK ang mga opensiba ng BHB tulad ng pamamarusa sa *security agency* ni Henry Sy sa Batangas noong 2017, pagwasak sa mga *equipment* ng mapanirang *quarry* ng Monte Rock sa Rizal noong 2018, pagpaparalisa sa itinatayong *hydropower plant* ng Sta. Clara Power Corp. sa Naujan, Oriental Mindoro noong Pebrero 2019 at iba pa. Pagpapatunay ito ng patuloy na pagtaas ng kakayahan

ng BHB at ang papalalim na suportang masa na dahilan ng pagtatagumpay ng mga taktikal na opensiba.

Nakamit ang matatagumpay na aksyong militar sa kabila ng pinaigting na pasismo at terorismo ng rehimeng Duterte at ispesyal nitong tutok sa TK. Hindi natinag ang BHB sa mas mababagsik na operasyong militar ng AFP-PNP at paggamit ng modernong sandata ng rehimen para lipulin ang BHB. Patuloy na pinupunit ng BHB ang mga itim na propaganda ng rehimen laban sa rebolusyonaryong kilusan.

Kasalo ng BHB ang masa sa pait at tamis ng pagsusulong ng digmang bayan. Salaminan ang mga rebolusyonaryong obra sa mahigpit na pagkakaisa ng BHB at mamamayan. Malaki ang naging papel ng hukbong bayan sa pagpapalaganap at pagsasabuhay ng pambansa, siyentipiko at makamasang sining at kultura sa pagtatayo at pagpapanatili ng mahigpit na ugnayan ng BHB sa masa. Maririnig ito sa mga kwentong nagpapasalin-salin na bilang kwentong bayan sa mga baseng erya, mga awit ng paglaban na umaantig sa mga damdamin at mga tulang nagpapaalab pang higit sa mapanlabang diwa ng mamamayan. Ipinamamalas ng mga sining biswal ang dakilang krusada ng rebolusyonaryong kilusan para sa pambansang pagpapalaya at pagwawakas sa pang-aapi at pagsasamantala.

Hamon ngayon sa rebolusyonaryong kilusan ang paglikha at pagpapalaganap pa ng mga rebolusyonaryong obrang nagtatanghal sa katumpakan ng armadong pakikibaka at paglaban ng pinakamalawak na hanay ng mamamayang lumalahok at sumusuporta sa BHB.

Malalim na balon ang masang anakpawis ng mga Pulang kadre at mandirigma ng BHB. Ang pag-aarmas ng mamamayan ang pinakamataas na ekspresyon ng pagmamahal nito sa BHB at ang susi sa pagtatagumpay ng DRB. Sa paglakas ng BHB, kakamtin nito ang ultimong layunin na durugin ang reaksyunaryong estado para itayo ang demokratikong gubyernong bayan at ihanda ang pundasyon ng isang sosyalistang hinaharap. D



# Maikling Kwento

# Sampung metro

NI KA CARINA (MULA SA KALATAS)

PAK! PAK! PAK! BOOM!

"Abe, magpatatag!"

Sa sigaw ng iskwad lider (IL) ay hinigpitan pa ni Kiko ang hawak sa armalayt. Pumorma siya upang muling mamutok. Hindi pa nauubos ang isang magasin ay lumapit sa kanya ang IL.

"Ka Kiko, sugatan si Ka Pipoy kaya pinaatras ko na sa *main body*. Naiwan ang kanyang gamit sa pwesto. Kunin mo ang baril at pots. Akong bahala rito at papayungan kita."

Napabuntung-hininga si Kiko. Walang patlang ang putok ng kaaway.

Pak! Pak! Pak! Pak! Bratatat! Bratatat!

Kumuha ng kober ang IL at nagsimulang mamaril.

Pumorma na si Kiko. Niyakap niya ang kanyang armalayt saka nagsimulang gumapang. Sampung metro ang agwat ng pwesto nila ni Pipoy.

Parang ang layo-layo ng sampung metro, sambit ni Kiko sa sarili habang nagapang.

Natatanaw na niya ang baril ni Pipoy, isang AK-47 na ginagamit ng yunit sa mga operasyong isnayp.

"Bilis, Ka Kiko!" Bratatat! Pak! Pak! Pak! Boom!

Tinibayan ni Kiko ang loob at binilisan ang gapang. Ilang segundo pa'y narating niya ang *foxhole* ni Pipoy. Inabot niya ang AK-47 at pots at gumapang pabalik sa kanyang IL.

Pak! Pak! Pak! Bratatat!

“Nakuha ko na,” ulat ni Kiko sa IL. Hinihingal siya pero may luwag sa kanyang dibdib. Ligtas siyang nakabalik sa pwesto bitbit ang AK-47.

“Ayos!” Naghagis ng granada ang IL sa direksyon ng kaaway.

BOOOM! Tumahimik ang paligid. Wala ng ganting putok ang kaaway.

“Maghanda sa pag-atras,” kumand ng IL. Isinakbit ni Kiko ang kanyang armalayt sa kaliwang balikat. Sa kanan naman niya inilagay ang AK-47 ni Pipoy.

***

Makalipas ang ilang araw, nagkapehan ang mga kasama. Nagbigay ng maikling pananalita ang IL ng Abe na natapos sa isang pagbati.

“Taas-kamaong pagpupugay para kay Ka Kiko na sumuong sa panganib para makuha ang baril na naiwan ng sugatang kasama. Mabuhay ka, Ka Kiko!”



Sumegunda ng pagbati ang platun lider saka nagkwento. “Makasaysayan ang AK na yan.  Dati na yang nakuha ng kaaway sa atin. Binawi natin yan sa reyd...”

Habang nakikinig sa kwento ay napagtanto ni Kiko: Gagapangin ko kahit isang daang metro, dahil bawat baril ay mahalaga sa Hukbo. *D*

# Takot at baril

NI KA STANLEE (MULA SA KALATAS)

Nakatulog si Ka Iggy habang nagpapahinga at hinihintay na umabante ang huling elemento ng Baking. Grabe na rin ang kanyang pagod at puyat mula sa pag-atras matapos ang kanilang labanan.

"Ka Iggy, gising na. Lalakad na ulit," sambit ni Ka Freda, ang kanyang kasunod.

Tumayo agad si Iggy at nagpatuloy sa paglalakad. Sadyang nakakapagod din ang kanilang dinadaanan at puro ito paahon papunta sa kanilang target na tutuluyan.

Makalipas ang ilang hakbang, sa bandang unahan, sumenyas sa Kaloy ang huling elemento ng Baking.

"May kaaway sa unahan. Kailangan nating bumalik," halos pabulong na sinabi ni Ka Demi.



Dali-daling pinaatras ni Ka Iggy ang Baking pabalik sa ilog upang sila na ang mauna at maghanap ng mas maayos na pupwestuhan.

Mabilis silang bumaba at halos sya na rin ang mauna upang alalayan ang kanilang mauunang elemento.  Ramdam ni Iggy ang kaba ng kanyang mga kasama sa iskwad matapos ang labanang kanilang kinaharap.

"Huwag kayong kakabahan," mabilis nyang sinambit.

"Bilisan lang natin para kagyat na makababa ang buong Baking," kanyang komand.

Alam ni Ka Iggy na hindi dapat siya magpakita ng anumang kaba at takot kasabay ng pag-alalay sa kanyang mga kasama.

"Wala dapat tayong ikatakot, kung may baril ang ating kaaway ganun din tayo.  Lagi niyong tandaan na anuman ang ating kahaharapin, hindi dapat tayo magpadaig sa ating takot, nandyan lagi ang mga kasama natin at hindi nila tayo iiwan, sasamahan tayo sa lahat ng labanan kahit anuman ang mangyari," kanyang mabilis na pansalo sa mga kasama.

"Bantayan nyo ang unahan natin, kung makita nyo ang kaaway ay paputukan nyo agad.  Huwag kayong matakot paputukin ang inyong mga baril sa kaaway dahil ito ang magliligtas sa atin.  Ito ang magbibigay sa atin ng dagdag na tapang at kumpyansa para kaharapin ang ating kaaway," kanyang sumunod na atas.

"Ako na ang mauuna ka Iggy. Alalayan nyo ang Baking kung nakababa na sila," tugon ni Ka Mandy. D

# Bungangkahoy

NI KA JANI (MULA SA KALATAS)

Tatlong ilog at apat na bundok ang tatawirin natin para makarating kina Ka Boying. Humanda sa maghapong lakaran. Tiis na muna, mga kasama. Kapag nakarating tayo doon, makakapahinga rin tayo kahit isa o dalawang gabi," sambit ni Ka Dona, ang aming platun lider.

Pagkabriping, namahagi kami ng tig-lilimang pirasong manggang pinitas ng mga kasama nung umaga at lumakad na. Buti na lang at tag-mangga. Dati, pinoproblema namin ang pagpapatiyak ng maraming panustos sa mga kasama. Ngayon, higit na problema dahil wala nang titiyaking panustos. Ibig sabihin, gutom. Huling bigas na ang isinaing nung isa pang gabi mula sa tinitipid naming panustos. Hindi ko na rin mabilang kung ilang mga tipas at bundok na ang binagtas namin para makalayo sa operasyon ng kaaway.

Dalawang oras mahigit na kaming naglalakad. Paubos na rin ang inuut-ot kong mangga.

"Tigil muna. May masa raw sa harap," pasa-ulat ni Ka Nadine habang nasa kalagitnaan ng sapa.

"Aba, ikaw pala! Magandang umaga, Ka Boying!" ani Ka Dona.

"Magandang umaga, mga kasama! Magtatago sana ako nung naaaninag ko kayo sa itaas ng bundok. Akala ko mga kaaway na," nahimasmasan at nakangiting tugon ni Ka Boying habang kumakamay.

"Sa lahat ng masasamang balita nitong nakaraan, ang pagkatisod namin sa'yo ngayon ang pinakamagandang nangyari. Kumusta kayo at ang paligid?" tanong ni Ka Dona.

"Ayos lang kami. Kayo ang kumusta? Hinihintay ko talagang dumaan kayo dito. Alam kong ito ang ruta ninyo kung sakali e.



May kaaway malapit sa baryo. May alam akong lugar na pwede kayong makapagpahinga," ulat ni Ka Boying.

"Kung ganun, pwede mo ba kaming ihatid bago dumilim? tanong ni Ka Dona.

Nagpulong ang kumand para sa bagong kondukta. Habang nagpapahinga, napansin ng mga kasama na may usok sa ibaba ng sapa.

"Anak ko 'yan, si Ben. Malamang isinalang na nya ang dala naming kamote at saging," paliwanag ni Ka Boying.

"Naku, maraming salamat talaga. Kahit paano'y mapapanatag kami ngayong kasama namin kayo," sagot ni Ka Dona.

"Sino pa bang magtutulungan kundi tayo, 'di ba?" ani Ka Boying.

Maya-maya'y umakyat na si Ben at sinabing, "Luto na po ang pagkain! Kain na po kayo, mga kasama!"

"Ka Dessa, ikaw na ang magbadyet. Pasesentruhin ko lang dito ang iba pang por[1] para kumuha ng badyet nila," atas sa akin ng aming punong por.

Kahit konti lang ang saging at kamote ay masaya kaming nagsalu-salo kasama ang masa. D

1 *opisyal sa lohistika*

# QBZ Trail (Ang Bagnas ng Hangganang Quezon-Bicol)

NI V. SANGGANGBAYAN

Naramdaman ni Ka Olga na paparating ang kaaway. Ibinaba niya ang *safety lock* ng M-16. Paisa-isa muna ang kalabit ni Ka Olga sa gatilyo. Kasabay nito ay sumigaw siya, “Kaaway sa Diyes!”

Maya-maya makapal na ang putok mula sa kalaban. Sa unang bugso pa lamang ng putukan ay nadaplisan na sa dibdib si Ka Olga.

Sa pagtaya niya, nakapormasyong C ang kanilang nakalaban. Kukubkobin ang kanilang puwesto.

“Patatag!”

“Ayusin ang depensa!”

Mga hiyaw iyan ni Ka Brian, ang kumander ng iskwad ng NPA na napapalaban. Umiikot ang tingin ng kumander habang naka-*high crawl*. Panaka-nakang tumatayo para tanawin kung may magandang kober ang tropa niya.

“Mag-ulat!” atas ni Ka Brian.

Si Ka Boning ang kumibo, “Paano, iaatras ko na ang matanda?”

“Dili pwidi. Ikaw nang magdipinsa kay dili ku man kabisado ining lugar,” haluang pagbibisaya at pananagalog ni Ka Brian.

“Kuhaa ang bag ng matanda,” dagdag na atas ni Ka Brian.

Umabanteng namumutok si Ka Boning sa lugar ng bag na pinapakuha sa kanya. Gapang. Tingkayad. Hanap ng kokoberan. Sipat sa kalaban. Pinapayungan siya ng putok ni Ka Olga.

Hanggang marating niya ang kinaroroonan ng bag. Hindi niya ito mahila. Kahit anong batak niya, hindi talaga makuha ang bag. Umuga

ang kahoy na kinaroroonan ng bag. Pinutukan ng kalaban ang direksyon ng gumalaw na punongkahoy.

Malikot na rin ang mata ni Ka Boning. Siya ang GP o giyang pampulitika ng yunit nila. Nakita niyang apat na sa kasamahan niya ang nagkanya-kanyang direksyon nang pagtakbo. Sa puntong iyon, sumisigaw na nang pagpapasuko ang kalaban nila.

"Magsisuko na kayo. Mga tropa kami ng pamahalaan!"

Sinigawan ni Ka Boning si Ka Olga na umatras na. Natanaw niyang may tama ang kasama.

"Ka Olga, birada sa trenta!"

Naiwan pa si Ka Boning sa labanan. Nang mataya niyang iisang *short magazine* na lamang ang reserba nyang bala, umatras na rin siya.

Tirik noon ang araw. Katanghalian. Tuyung-tuyo ang lalamunan ni Ka Boning. Bumabaha naman sa pawis ang buong katawan niya. Habang umaatras, inaalala niya ang maniobra ng mga kasamang nauna sa kaniya. Nag-uunahan ang hakbang. Halos napapatid na siya sa sariling mga paa. Kailangan niyang tiyakin na ligtas ang tinatawag nilang matanda.

Ganoon na lamang ang pag-aalala niya. Maaring higit sa buhay niya ang pag-aalala niya kay Ka Bing—ang matanda. Ang iskwad ni Ka Boning ang tumatayong sekyuriti ni Ka Bing. Hindi pa naman talaga matanda si Ka Bing sa edad niyang singkuwenta y otso, katunayan hindi niya gustong tinatawag siyang ganito. Nakagawian na lamang talagang tawaging "matanda" ang mga opisyal at pinuno ng rebolusyunaryong kilusan.

Bago nagkaputukan, bandang alas-siyete ng umaga ng Mayo 6, 2005, ay may nakitang isang bakas ng *combat shoes* sina Ka Eron at Ka Harli, ang mga kasamang inatasang magsarbey at magmatyag sa kanilang lugar. Ito na ang nagkumpirma na sundalo nga ang namonitor nila noong nagdaang gabi. Isang *full size squad* ng 31st IBPA. Nasa dalawang kilometro ang layo sa kanila,

Naobliga silang lumipat ng puwesto noong gabi ring iyon. Nagdeklara sila ng *red alert*.

Sa direksyon nila papunta ang bakas. Alas-nuwebe ng umaga ay naobserbahan nilang may kaluskusan sa bahaging kanan ng puwesto nila. Nag-atas si Ka Brian na isarbey ang lugar. Naggiit si Ka Boning na huwag nang sarbeyin at kaagad nang lumipat dahil tiyak na mapapalaban na sila.

"Paano ang mga kumukuha ng bigas?" banggit ng kumander.



"Kaaway na yang nagkakalastian na yan. Mag-iwan na laang kita ng bantay," sagot ng GP. Kasunod niyang sinabihan si Ka Bing na huwag nang magbukas ng telepono.

"Ka Bing, magsara ka na ng CP. *Red alert* na tayo. Kasuno na natin sa baryo ang kaaway."

Pero hindi nagpasaway si Ka Bing, katwiran niya ay malayo pa naman ang kaaway. Mahalaga sa trabaho ni Ka Bing ang telepono. Parang karugtong-bituka nga niya ito. Baka mas mahalaga pa kaysa baril ang *cellphone* para kay Ka Bing.

"Sige Paul, sa susunod ulit," pagtatapos ni Ka Bing sa kausap. Si Paul Gutierrez ng National Press Club ang nasa kabilang linya.

***

Ala-una ng hapon, umugong ang helikopter sa ulunan ni Ka Boning. Isa. Dalawa. Tatlo. Apat na helikopter. Parang mga itim na saranggolang-de-homba na naipon sa langit. Umuugong. Nanunuot sa tenga ni Ka Boning. Tumatagos sa bawat himaymay ng mukha niya. Dumadausdos paibaba. Pinapalakas nito ang kabog ng dibdib niya sa hiningang malapit nang mapugto dahil sa pagod. Parang madudurog ang puluhan ng *armalite* niya sa pagkakahawak. Laging nakaabang ang hinlalaki sa *safety lock*. Alerto ang hintuturo na kumalabit sa gatilyo kapag kinakailangan. Gusto niyang bumalik at makipagputukan pa sa kaaway. Pero mas mahalagang makaatras na muna at makakonsentra kina Ka Brian.

Ala-una y media ay nakapag*regroup* na ang tropa ni Ka Brian. Sinundan ni Ka Boning ang bakas ng mga kasamahang nagmaniobra mula sa labanan. Umaliwalas ang mukha nilang lahat nang makitang buhay pa si Ka Boning.

"Bakin ga pagkakabigat ng bag mo? Hindi ko mabaltak e," humihingal pa si Ka Boning.

"Ay di hindi mo nakuha?"

"Ay di hindi. Hinila ko na nang hinila, hinding-hindi ko makuha."

"Mangyari ay nakatali yun sa kahoy. Gawa nang natutumba."

Napailing na lamang si Ka Boning.

"Naiwan ko ang pera sa bag. Naiwan ko rin ang *computer*," sabi ni Ka Bing.

Nakaramdam nang bahagyang pagkainis si Ka Boning sa bag na hindi niya nakuha, Kundangan ba namang igapos, sa isip-isip niya.

"Anu-ano pa ga ang laman ng bag mo?" Hindi namumupo si Ka Boning sa matanda.

Hindi pa makakibo si Ka Bing. Hindi rin siya mapanatag dahil sa naiwan niyang *personal computer*. Sigurado ring makukumpirma ng nakalaban nila kung anong yunit ng NPA ang nakasagupa dahil sa mga makikitang litrato at bidyo sa telepono.

***

Alas-kuwatro ng hapon, humimpil sila sa isang bundok ng Sityo Palali ng barangay ng Dumagmang sa bayan ng Labo. Nasa Camarines Norte na sila. Mga dalawang oras kung lalakarin ang layo nito mula sa Barangay Mapulot ng bayan ng Tagkawayan kung saan naganap ang engkuwentro. Kinuha nila ang mataas na pusisyon. Panimula nilang tinasa at tinantya ang kalagayan.

Buhay silang lahat at isa ang tinamaan. Ang apat na kasamang napahiwalay habang naglalabanan ay namonitor nilang kinupkop na ng masa. Gayundin si Ka Olga na WIA[1] ay humimpil rin sa baryo. Magkakasama ang lima sa Barangay Dumagmang din.

Nakaiwan sila ng isang *shotgun* sa labanan.

Ang listahan ng laman ng bag ni Ka Bing:

- Nokia 9500

- Nokia 6600 na naglalaman ng mga litrato at bidyo ng mga *press conference* niya.

---

1 *wounded in action*

- 9 na karaniwang *cellular phone* at mga *charger*
- Php150,000 na *cash*
- Mga personal na kagamitan

Anim pa ang natitirang tropa ni Ka Boning—ang matanda, ang kumander, si Ka Harli, Ka Alex at Ka Mike.

Tatlo na lamang silang naka-HPR[2]. Si Ka Bing ay nakapistolang *Glock 9mm*. Disisyete na lamang ang bala ni Ka Boning, habang wala nang isandaan ang bala ni Ka Brian.

May nadala silang isang galong pulot na paborito ni Ka Bing.

"Bukas magpapa-Camsur tayo," deklara ni Ka Boning.

"Hindi. Masyadong malayo. Sa RP tayo," kontra ni Ka Bing.

"Dapat tayong makaalis. Pag pumunta tayo sa RP, tiyak may kaaway na dun," giit ni Ka Boning.

Nagtalo pa silang dalawa. Mapilit si Ka Bing na pumunta silang Bundok Bato ng Dumagmang kung saan ang itinakdang *rallying point.* Sa gitna ng mga argumento, nabanggit na naman ni Ka Bing ang naiwan niyang *Asus netbook computer*.

"Nasa bag ko ang *computer* mo. Isinilid ko kagabi nang mamonitor nating may kaaway," anunsyo ni Ka Boning.

Tuwang-tuwa si Ka Bing sa narinig.

Gayunman, hindi nila naisarado ang usapin kung saan sila lilipat kinabukasan. Natulog silang may debate sa pagitan nila.

***

Ika-7 ng Mayo, alas-kuwatro ng madaling araw. Gumising at nag*pack-up* ang mga NPA.

Pagkalipas ng labinlimang minuto ay may babuy-ramong tumatakbo na pumreno sa mismong harapan nila.

---

*2 high-powered rifle*

“Nabulabog yan ng kaaway,” pabulong na imik ni Ka Boning.

Mabilis na ipinakat ni Ka Brian sa kani-kaniyang puwesto ang mga Pulang hukbo.  Inihanda.

Limang metro na lamang ang agwat ng kaaway.  Aninag na nila sa agaw-liwanag na umaga.

Pinutukan nila.  Dalawa agad ang patay sa mga sundalo.

Barilan na naman.

“Maiwan ka Ka Brian,” sabi ni Ka Boning.

“Kay dili man ubra.”

“Kumbinsido na ako, mag-Camarines Sur na tayo,” sabi ni Ka Bing.

Ang apat na helikopter nang nagdaang araw ay walo na ngayon.  Ang nasa isip ni Ka Boning ay ang pelikulang Nam Tour of Duty.  Doon lamang siya nakakita ng ganoon karaming sasakyang panghimpapawid na pandigma.

Sa loob-loob ni Ka Boning, hindi biro ang ibinigay na atensyon ng Armed Forces of the Philippines sa naganap na labanan.  Sa halos 15 taon na pagiging NPA niya, ngayon lamang niya naranasan ang ganito kalaking reaksyon ng kaaway nila.

Pero kwentadang-kwentada ni Ka Boning ang sitwasyon.  Palibhasa ay nakauna silang magpaputok sa ikalawang labanan na ikinapinsala agad ng mga kalaban, tiyak niyang buo ang kumpyansa ng kanyang tropa kahit totoong malaking kakaunti sila kumpara sa kalaban.

Buo rin ang tiwala ni Ka Boning sa rutang tatahakin nila.  Mula sa lalawigan ng Quezon ay patawid sila sa Bicol.  Ito ang hangganang Quezon-Bicol.  Mas kilalang QBZ o Quezon-Bicol Zone.  Ang itinuturing ng mga Pulang hukbo sa Timog Katagalugan na Inang Larangan.

Mabibigo ang pasistang sundalo, iyan ang tumatakbo sa isip niya.  Makakaatras kami nang ligtas.  Amin ang bundok. Kublihang tahimik ang gubat.  Kakampi namin ang masa.

Nasiguro na ni Ka Boning na nakuha na ng mga nakalaban nila ang laman ng bag na naiwan. Nakumpirma na ng sundalo ng pamahalaang Gloria Macapagal-Arroyo kung anong yunit ng NPA ang nakasagupa nila.

Sa maagang balita sa radyo nang araw na iyon, pare-pareho ang laman nito mula sa pahayag ng Armed Forces of the Philippines.

"Pito ang patay na gerilya sa naging engkuwentro sa pagitan ng AFP at NPA. Napapalibutan na ng tropa ng pamahalaan ang yunit ng NPA na pinamumunuan ni Ka Roger. Lumalaban pa ang mga rebelde. Hanggang kasalukuyan ay patuloy na hinahabol ng AFP ang tropa ni Ka Roger."

***

Napakalaking balita noong araw na iyon na nakumpirmang natunton na ng Armed Forces of the Philippines ang itinuturing na pinakaprominenteng rebolusyonaryo ng bansa, si Gregorio Rosal o Ka Roger, ang tagapagsalita ng Communist Party of the Philippines.

Hindi bababa sa isang libong tropa ng pinagsanib na Philippine Army at Philippine National Police, kasama na ang *paramilitary group* na CAFGU ang nagsagawa ng operasyong pagtugis sa yunit ng NPA na kinapapalooban ni Ka Roger.

Hindi iilang matataas na opisyal ng AFP, PNP at mga ahensya ng gubyernong Macapagal-Arroyo ang personal na nagpunta sa Tagkawayan para tiyaking naroroon sila sa oras na madakip o makuha ang bangkay ng itinuturing nilang Public Enemy Number 1.

Napabalita rin ang pagresponde ng grupong Karapatan sa naturang pangyayari. Nagpadala ng malaking delegasyon ng QRF o *quick response force* ang mga tagapagtaguyod ng karapatang tao.

Hinuli at inimpide ang unang delegasyon ng Karapatan na bumyahe papuntang Tagkawayan. Kinailangan nilang gumawa ng paraan para makarating sa lugar na pinangyarihan ng engkwentro. Kuntodo gayak ang mga sasakyang *jeep*, nagpanggap silang pupunta sa isang kasalan kaya sila nakalusot.

Ayon sa kuwento ng nakasama sa nasabing QRF, nangingitim ang mga bundok sa kapal ng sundalo at pulis.

***

Apat na araw na naglakad si Ka Roger at ang mga NPA na nagsesekyuriti sa kanya. Pinahirap ang paglalakad na ito ng kawalan ng pagkain at *supply*. Kahit ang isang galong pulot ay nagpaiwan na sa labanan. Pero tama si Ka Boning, kanila ang bundok.

Hindi sila pinabayaan ng mga halamang gubat para kahit paano ay may makain. Naging paborito nila ang malawmaw, isang uri ng damong baging na matinik at maasim. Tinatawag din itong dikay sa Quezon. Mabisang pampaasim sa karne. Ang problema nina Ka Roger ay wala namang karneng sasabawan at aasiman. Talagang dahong maasim lamang ang kanilang ipang-alis ng gutom.

Kapag nauumay na sila sa malawmaw, mamimilî sila sa anumang damo na alam nilang hindi nakakalason. Pipiliin lamang nila ang murâng dahon nito at siyang ngunguyain. Depende na sa panlasa nila kung lulunukin pa nila ito o sisipsipin na lamang ang katas.

Panaka-naka silang kumakain ng ubod ng niyog. Bawal-na-bawal itong gawin dahil siguradong tanim ng magsasaka ang niyog na inuubod nila. Sagradong bagay sa mga NPA ang hindi pagkuha ng hindi nila itinanim lalo at pag-aari ng masa. Bukambibig pa nga ay labag ito sa Tres-Otso. "Mauunawaan na tayo ng masa," paliwanag ni Ka Roger sa mga kasamahan.

Matiyaga sa paglalakad si Ka Roger. Hindi siya kinakitaang nagreklamo sa buong panahon ng paglalakad. Kahit pa alam nilang tinutugis na sila ng sangkaterbang sundalo ay kalmado lamang siya. Ang ganitong presensya ni Ka Roger ang higit na nagpapataas sa determinasyon ng mga kasamang nagsesekyuriti sa kanya. Kung ang pinuno nga nila ay hindi nagrereklamo, sila pa nga ba naman ang matutong maghanap ng kaunting ginhawa sa ganoong kagipit na kalagayan.

Sa paapat na araw, bago sila makasumpong sa wakas ng masa na makakatulong nila, nasabi ni Ka Roger, "Ang tao naman, buhay din

pala kahit walang kanin."

Mayo 10, parang itinakda, petsa ng kamatayan ng Katipunerong si Andres Bonifacio, ay ang petsa naman ng katiyakang mabubuhay si Ka Roger at ang mga kasama niyang NPA. Nakatagpo sila ng bahay ng masa.

Kinumando ni Ka Boning at Ka Mike ang bahay. Sinigurado nilang hindi makikita ng maybahay ang buong tropa. Kailangang makatiyak muna sa kakausapin nilang tao. Kailangan ng mahusay na kuwento.

"Nay! Tao po!"

Pinagbuksan naman sila ng may hindi kaedarang babae.

"May tindahan po ba dine na malapit?"

"Ay sino po ba kayo?"

"Mga magmimina ho kami. Hindi kami nakatuloy gawa ho nakarinig kami ng putukan noong isang araw. Ano ho kaya iyon?"

"Ay asan ang mga kasamahan nyong magmimina?"

"Naroon ho, nagpipiknik sa tabing-ilog."

"Ay bakit po kayo amoy pulbura?"

Hindi na ito sinagot ni Ka Boning. Nagsabi na lamang siya na kung maari ba silang magpabili ng bigas. Kaagad namang inutusan ng maybahay ang anak niyang bata.

"Saan ho pala ang pa-Del Gallego?"

Itinuro ng maybahay ang direksyon papunta sa hinahanap nilang lugar.

"Nay kahiya-hiya man sa inyo, bukas po, ipagbalot n'yo kaming almusal at tanghalian."

Kinabukasan, mamumroblema sina Ka Roger kung saan dadaan para maiwasan ang bahay ng masa. Pero sadyang makikita ang

buong tropa nila kahit anong iwas nila sa bahay. Hindi na nila kakayaning magpanggap na magmimina kapag nakita ang kanilang bihis at dala-dala nilang baril.

"Ay ina! Kung sinabi ninyo agad na kayo ay mga kasama! Kainam sana nang tulog n'yo dine kagabi!"

Mainit ang pagtanggap ni Nanay Fe, ang maybahay. Mag-asawa at dalawalang anak ang nasa bahay. Ipinagluto muna sila at pinagpahinga pa bago hinatid. Nagprisinta nang gumiya ang asawa ni Nanay Fe. "Maige na po iyon mga kasama para siguradong hindi kayo maliligaw."

Inihatid sila sa krosing ng bayan ng Del Gallego at Tagkawayan.

Mayo 12, nakarating sina Ka Roger sa Del Gallego. Mula rito ay kumontak si Ka Boning sa mga kasama sa larangan ng South Quezon-Bondoc Peninsula. Kaagad naman silang inasistehan at binigyan ng kontak para sa magiging giya nila na nasa Sityo Imi ng Barangay Bagong Silang sa bayan ng Del Gallego. Nasa Camarines Sur na sila.

***

Parang pista sa Barangay Cabadisan nang mapabalitang naroon si Ka Roger. Hindi nauubusan ng tao sa puwesto ng mga NPA. Bente kuwatro oras ang pagbabantay ng Milisyang Bayan para tiyakin ang kaligtasan nila.

Muling nakabalik si Ka Roger sa isa sa unang barangay na naorganisa niya noong nagpupundar pa lamang ang rebolusyunaryong kilusan sa Timog Luzon. Isa sa mga naorganisa ni Ka Roger ay ang pamilya ni Ka Amado, siya si Apolonio Mendoza, na martir din ng rebolusyon kung saan ipinangalan ang command ng NPA sa lalawigan ng Quezon.

"Naku! Mabuti at napalaban kayo. Kung hindi pa ay hindi kayo makakabalik ulit dito sa amin," tuwang-tuwang salubong ng masa kay Ka Roger. D

# Ang Pagong at ang Matsing

NI KA GLOR

Inay, Tatay, pwede po ba kayong makausap?" sabi ko sa aking mga magulang noong magpasya na akong mag-*fulltime*.

"Hindi po ako magpapaalam, kundi ipinapaalam ko lamang po sa inyo na maghuhukbo na ako. Pumayag po kayo at sa hindi, tutuloy po ako," dagdag ko.

Hagulhol sa pag-iyak noon ang aking ina, habang ang tanging nasabi ng aking ama, "Sa inyong magkakapatid ikaw ang pinakamatigas ang loob. Basta ang payo ko sa iyo ay huwag ka lamang uuwi nang naiyak."

Lumipas ang ilang taon…

"Baba! Baba!" ang malalakas na sigaw mula sa mga sasakyang biglang nag-*cut* sa binabagtas naming daan, labindalawang taon na ang nakakaraan.

"Kaaway," sabi ng aking katabi sa sasakyan.

Hindi ko noon alam ang aking gagawin. *Tatalon ba ako sa aming sasakyan gayong nakapalibot na ang mga nagsibabaang mga kaaway mula sa kanilang sasakyan? Mamumutok ba ako?* Naalala kong wala nga pala kaming dalang armas kahit ano. *Ano na ang aking gagawin? Saan kami nagkaroon ng butas? Bakit kami nasundan?* Ang sunud-sunod kong tanong sa sarili.

"Dapa! Dapa!" Marahas kaming pinadapa sa *hi-way*, sabay kapkap sa aming lahat.

"Babae ka ba o lalaki?" Buwisit na mga ito. Kinapkapan na ako bago pa nakaisip na magtanong kung babae o lalaki ako.

"Babae!" ang tugon ko.

Nakapiring kaming isinakay sa kanilang sasakyan habang nagpapakiramdaman ang aking mga katabi.

"Ehem," ang tighim ko, maipaabot man lamang sa aking mga kasama na buhay pa ako. Ang isa ko namang kasama ay magpaparamdam na nahihilo, dahil sa higpit ng *packaging tape* na nakapiring sa amin.

*Ano ang gagagawin ko? Huli ako!*

Pare-pareho kaming walang alam kung paano haharapin ang interogasyon na gagawin sa amin. Hindi naman kasi nakakasama sa mga *dryrun* ang ganitong pangyayari. Naisip ko na lamang ang kwento ng isang kasama, "Ayaw nating lahat na mahuli. Pero dahil may digmaan, magaganap iyan kahit pa man ayaw natin. Kaya dapat na paghandaan." O di naman kaya'y "Kapag nahuli ka ay i-blangko mo ang iyong isip, pwedeng *water cure* o kuryente ang gawin sa iyo." *Alin dito ang gagawin sa akin? Kailangan ko itong paghandaan.*

Pilit kong kinakalma ang aking sarili sa pamamagitan ng pag-aninag sa kaunting liwanag na nasisinag mula sa aking piring. Isinasalansan ko sa aking isip ang mga dapat kong sabihin.

*Sobrang nakakabingi ang katahimikan, buhay pa kaya ang mga kasama ko? nahinga pa kaya sila?*

Sa gitna ng katahimikan, babasagin ito ng sigaw na "Boom! Tarat tarat!" Halos lumabas ang puso ko sa pagkakatago sa aking dibdib. Kinakabahan ako pero mas nanaig ang galit ko. Pinaglalaruan kami ng mga ito at lalong tinatakot.

Nakarating kami sa kampo sa pagitan ng alas-singko at alas-sais ng umaga batay sa liwanag na nakikita ko sa aking pagkakatungo. Kislap ng *camera* ang sumalubong sa amin at ilang ulit na pagpiyano *(fingerprint)*.

"Anong pangalan mo? Edad? Kasarian? *Address*? Paano ka napasok sa kilusan?"

Ilang ulit akong tinanong ng iba't ibang boses, sa pare-parehong mga tanong na nakasulat sa kanilang de-buklat na papel.

“Ayos ang sagot mo ah! Pare-pareho,” saad ng interogador habang tinatanong ako at binabasa ang mga nauna ko nang mga sagot.

‘Hindi’ at ‘wala akong alam’ ang sagot ko sa kanilang mga tanong. Mas madali itong tandaan kesa sa maghabi ng maraming istorya at mapakumpromiso.  Personal na impormasyon lamang ang kataasan na pwede kong sabihin para mahabol din ako ng mga kasama.

Ilang oras na akong nakasalang sa kanilang pagtatanong, hindi ko marinig ang aking mga kasama.  Hindi ko alam kung nasaan na sila.  Naiihi na ako,

“Sir, naiihi po ako.  Pwede po ba ako mag-CR?”

Sa halip na pasamahan ako sa mga babaeng bantay, lalaki ang nagdala sa akin sa CR.  Pwersahang ibinababa ang aking pantalon habang may nakaumang na matalas na bagay sa aking leeg.

“Gagahasain namin kayo!” habang malakas ang tawanan ng malalaking boses sa di kalayuan.

Hiyang-hiya ako sa sarili ko.  Hindi ako makalaban.  Nakagapos ang aking mga kamay may at piring ang mga mata.  Galit na galit ako sa kaaway dahil sa ganitong kalagayan.

Usad pagong ang oras.  Nakakainip, lalong nakakakaba.  Para akong naghihintay ng mahabang pila ng mga mag-iinteroga sa akin. Pagod na pagod na ako.  Gusto ko nang magpahinga.  Masakit na sa ulo ang mga tanong at saywar sa akin. Hanggang sa gumabi na.  *Sa wakas tinanggal na ang aking piring at gapos, makakatulog na yata ako at makakapahinga.*  Binigyan na ako ng karton na panlatag.

Pahiga na ako nang…

“Joey, may gustong kumausap sa iyo.”

Muli akong piniringan, iginapos at inilabas sa kwarto.  Wala palang pahinga ang mga ito sa interogasyon kahit gabi.  Pilit akong pinaaamin.

"Iskwad lider ka! Nasa paniktik ka!"

Sinagot ko muli ito kung ano ang sagot ko sa maghapong interogasyon sa akin.

Dahil hindi iyon ang gusto nilang marinig mula sa akin, *mental torture* ang kapalit nito tulad ng ambang pagkuryente sa akin. Sa pagod, hindi ko na magawang iangat ang aking paa sa tuwing may ididikit silang *clip* sa aking daliri sa paa upang takutin na kukuryentehin.

Sunod, dinala na ako sa isang sasakyan. Sari-saring tanong sa akin. Ganun pa rin ang pirming sagot ko. Paikut-ikot ang aming sinasakyan upang pagmukhain na malayo ang aming binibiyahe. Hanggang sa huminto at inilabas ako. Isinandal ako sa poste at paangat akong sinasakal mula sa pagkakasandal.

"NPA ka?" tanong nila.

"Hindi po," sagot ko kasabay ng pag-arte ng himatay-himatayan. Biglang lumuwag at itinigil ang pagsakal sa akin. Akala ko titigil na talaga pero pinahinga lamang pala ako hanggang muli akong sasakalin.

Dahil hindi umubra ang kanilang taktika, isinakay muli ako sa sasakyan. Paikut-ikot na naman sa kampo pati mga tanong. Ibinaba muli ako.

"Hindi ka talaga magsasabi ng totoo ha? Tingnan natin kung hindi ka tutuga ngayon," saad ng kaaway…

Tulad ng matsing, tuso ang kaaway. Gagawin niya ang lahat ng pananakot.

"Kapag nahuli kita, tatadtarin kita ng pino!" sabi ni Matsing kay Pagong.

Bagamat natatakot, sumagot si Pagong, "Sige ka, kapag tinadtad mo ako lalo akong dadami."

"Oo nga, ano?" muling nag-isip ng bagong taktika si Matsing.

“Alam ko na, itatapon na lamang kita sa tubig!” ang sabi pa nito.

Katulad ng bagong taktika ni Matsing ang ginagawa ng kaaway…

“Dahan-dahan. Malalim ang kanan, kaliwa, kaliwa,” kunwa’y inaalalayan ako sa aking daraanan.

“Bangin ang magkabila mo, diretso lang ang lakad!” pananakot pa nila.

“Kung magsasabi ka ng totoo, maliligtas ka pati ang mga kasama mo. Kung hindi, dyan ka na malilibing. Mamili ka,” ang sabi pa nila sabay kaltis ng gatilyo ng baril sa aking sentido.

*Isang hukay na malalim ang aking unahan, dito na ako ililibing, dito na magwawakas ang aking kasaysayan. Hindi ako dapat magpatalo, hindi ako dapat matakot kahit pa sa kamatayan.* Sa loob ko…

“Huwag! huwag! malulunod ako!” ang kunwa’y natatakot na pakiusap ni Pagong kay Matsing.

Tila nakakita ng pagkakataon si Matsing sa nakitang takot kay Pagong. Agad nitong itinapon si Pagong sa tubig. Tuwang-tuwa siya sa akala niya’y matalino niyang ginawa. Subalit tuso man ang matsing ay napaglalalangan din.

Tuwang-tuwang kumaway si Pagong kay Matsing dahil sa pagkakatapon sa kanya sa tubig. Naisahan niya ang tusong matsing.

*Nakakahiya sa masa kung ako ay magpapahamak,* sabi ko sa sarili. Ang masa ang nagliligtas sa amin sa tuwing may mga operasyon. Ang masa ang kumakandili sa amin sa panahon ng gipit na kalagayan. Naalaala ko ang bidyo na napanood ko sa pag-aaral na dinaluhan ko bago ako mahuli—ang mga Vietnamese na nagsusunog ng kanilang sarili bilang protesta sa US. Ganoon kataas ang diwa nilang ialay ang kanilang sarili para sa kanilang ipinaglalaban.

“Mag-isip ka, para maligtas ang mga kasamahan mo, magsalita ka na!” ang muling sabi ng kaaway.

Humakbang ako ng isa palapit sa sinasabi nilang hukay at doon lumuhod.

"Wala naman na akong ibang alam na sagot sa tanong ninyo, ang alam kong totoo ay ang mga sinabi ko sa inyo kanina. Kung hindi ninyo ako paniniwalaan, wala na akong magagawa. Hawak ninyo ang buhay ko. Anumang oras ay pwede na ninyo akong patayin. Pakiusap ko lamang ay dalhin ninyo sa aking pamilya ang aking bangkay," ang sabi ko sa kanila.

Ilang segundong natahimik ang kaaway. Hinihintay ko na ang kalabit ng baril sa aking sentido subalit hindi kalabit ng baril ang aking narinig kundi isang malakas na hampas ng nirolyong papel sa aking ulo. Napikon ang kaaway sa akin.

"Gusto mo na ba talagang mamatay?! Hindi mo na ba mahal ang buhay mo?" ang sabi pa nila.

"Wala naman na po akong magagawa. Ang paniniwalaan ninyo ay kung ano ang gusto ninyong paniwalaan, kahit pa totoo ang aking sinasabi," sabi ko.



Agad akong itinayo mula sa aking pagkakaluhod at ibinalik sa kampo. Sa inis, dinala ako sa kwartong tulugan ng mga lalaki na nakatodo ang *aircon*.

Kinabukasan, tinanggalan na kami ng piring sa mata at gapos sa aming mga kamay. Iginala ko ang aking paningin, habang binabalikan ang mahirap na magdamag ng interogasyon. Dito pala ako ininteroga ng maghapon. Ayun sa di kalayuan ang CR na pinagdalahan sa akin noong naiihi na ako. Malapit pala ito sa kusina, nakita ko ang isang *stainless* na *spatula* na mahaba ang hawakan. Naalaala ko ang unang araw na takot na takot ako sa iniumang nila sa aking leeg habang binabantaan ako na gagahasain. *Spatula* lamang pala iyon at hindi kutsilyo. Kung natakot ako noon, tiyak na lalo nila akong tatakutin at sa huli'y tatawanan kung napaamin nila ako sa pamamagitan ng *spatula*.

Sa wakas, may naririnig na akong maingay na trompa sa labas ng kampo. Naandiyan na ang ilang dyip ng masa na nananawagan para sa aming paglaya.

Lumakas na lalo ang loob ko hindi na nila kami basta magagawan ng masama. Tukoy na ng masa na nasa kanila kaming poder. Noong magkaroon ng pagkakataon na makalabas kami para sa medikal, itinaas ko ang aking kamao para batiin ang masa kahit sa tanawan lamang nais ko ng sabihin noon, "Ligtas kami at nagpakatatag."

Noong pwede na kaming madalaw…

"Joey, may bisita ka."

Nakita ko palapit ang aking mga magulang habang umiiyak ang aking ama. Alam ko na umiiyak sila sa sinapit ko sa mga kaaway.

"Tay, bakit ka naiyak? Ikaw ba ang nakakulong?" ang biro kong tanong sa aking ama habang pigil ko ang aking mga luha.

Ipinagmamalaki ko sa kanila na walang impormasyong nakuha ang kaaway sa akin. Naging matalino ako sa pagharap sa tusong kaaway tulad ng determinasyon ni Pagong na lumaban at makipagtagisan sa isip kay Matsing.



Hindi ko ipinahamak ang mga kasama lalo't higit ang masa sapagkat blangko na ang aking isip. Isang tanong lamang ang malinaw na aking naririnig na tumabon sa napakaraming tanong sa akin ng kaaway. Ito ang tanong na "Para kanino ka?" Tiyak ako sa sagot ko. Para sa masa. Kahit ang buhay ko ay hindi na sa akin dahil ako'y kanilang tagapaglingkod. Hanggang ngayon ay nananatili akong nagpapakatatag habang sinusuong ang anumang mga sakripisyo. Kapiling ang masa, mag-aaral sa kanayunan… kasama ng Bagong Hukbong Bayan. D

# Hindi nakakalimot ang masa

NI KA JUDY

Napakaraming masa na ang aming natuluyan ngunit may isang pamilya akong hindi makalilimutan. Gabi noon nang tumuloy kami sa bahay nina Kuya Oscar. Unang beses ko pa lang pumunta rito ngunit ang mga kasama ay tumuloy na noon ilang taon na rin ang nakalipas.

"Magandang gabi po, ako po si Ka Enchang", bati ko sa pamilya ni Kuya Oscar.



“Magandang gabi rin. Kumain na ba kayo?”, ani Tatay Alberto, ang biyenan ni Kuya Oscar.

“Opo, tapos na po,” tugon ko.

Nag-ayos muna kami ng aming mga gamit at saka saglit na nakipagkuwentuhan kahit medyo pagod at antok na.

“Naku, mga kasama, ang tagal namin kayong hindi nakikita, bakit ngayon lang kayo?” bungad sa amin ni Tatay Alberto.

“Pasensya na ho, tay.  Kailangan din kasi kami ng ibang masa sa iba pang lugar.  Eh, malayu-layo ho itong lugar niyo.” Sagot ko nang pabiro saka nakitawa si Tatay Alberto.

“Buti nakabalik na kayo.  Matagal na rin noong huling punta niyo rito,” ani Tatay Alberto.  “Wala ang misis ko ngayon dahil pumunta muna sa kanyang kapatid sa kabilang probinsya pero sabi niya ay sana maabutan pa niya kayo rito sa bahay.”

“Talaga po ba?  Naku, nakakatuwa naman si nanay, sana nga inabot namin siya,” sagot ko.

At nagtanong pa si Tatay Alberto kung kumusta na ang mga naunang kasama lalo’t matagal niya na silang hindi nakikita.  Ang iba’y namartir na, ang iba’y nagpahinga na, pero mas marami ang nagpapatuloy at nakapakat lamang sa ibang erya.  Nakita ko kay Tatay Alberto ang kalungkutan niya sa mga kasamang namartir at ang kasiyahan niya nang malaman na maayos lang ang kalagayan ng mas maraming kasama na kinukumusta niya.

Napatanong ako, “Tay, bakit pala tanggap na tanggap niyo kami kahit marami na sa amin ang hindi niyo na kilala?”

At napakwento na nga si Tatay Alberto.  Napatino raw ng mga kasama ang manugang niya na manginginom at mahilig mambugbog ng asawa.  Kinausap ng mga kasama ang asawa ng anak na panganay ni Tatay Alberto.  Nagsumbong kasi ang asawa ni Tatay Alberto sa mga Hukbo na sinasaktan ang kanilang anak at ang pinakahuling kalokohan ay ang panghahabol sa kanilang anak nang naka-itak dahil sa kalasingan.  Ang sinabi ng mga

kasama ay kapag nalaman ng Hukbo na sinasaktan niya uli ang kanyang asawa ay mananagot siya sa Bagong Hukbong Bayan. Kasabay ng pagpapaliwanag at pagpopropaganda sa kanya hinggil sa pagrespeto sa kababaihan at sa hangarin ng Hukbong Bayan. Maganda naman ang nangyari dahil nagbago naman ang asawang lalaki kaya malaki ang pasasalamat ng pamilya ni Tatay Alberto sa hukbo.

Bago ako matulog, napaisip ako. Tinatamasa na pala namin ang mainit na pagtanggap ng masa dahil sa mga naunang Hukbo na nakahalubilo nila at naglutas sa kanilang problema. Nakakatuwa na marinig sa mga labi nila ang pagkasabik na makita ang Hukbo sa kabila ng taon na rin ang lumipas.

Sa tatlong araw na itinagal namin sa kanilang tahanan, nakita't naramdaman namin kung gaano nila pangalagaan ang aming seguridad at binusog ang aming mga sikmura. Tinago nila kami sa mga taong hindi mapagkakatiwalaan at inaangkin na mga kamag-anak. Nakakatuwa rin ang mga pagkaing inihahain nila sa amin mula sa kanin, gulay at isda. Ibinukas din nila sa amin ang kanilang kusina. Ang sabi ni Nanay Virgie, asawa ni Tatay Alberto, "Mga anak, ituring niyo na itong bahay namin na parang bahay niyo rin." Ramdam na ramdam namin ang mainit na pagmamahal nila sa amin.

Tinulungan din namin sila sa gawaing produksyon. Laking pasasalamat nga ni Kuya Oscar dahil napabilis ang pag-aani niya ng palay sa tulong ng Hukbo. Napakwento rin siya, "Kahit na tumanda ako, hindi ako titigil sa pagtatanim ng palay dahil ayokong magutom ang mga apo ko at gusto kong ibigay ito sa kanila. Pagsapit ng panahong iyon, sana patuloy nilang pagyamanin ang lupang ito kasama kayo."

Nang paalis na kami, nakita ko ang lungkot sa kanilang mga mata.

"Malungkot na ang bahay dahil aalis na kayo. Maliit na lang uli ang aming pamilya," malungkot na sabi ng asawa ni Kuya Oscar.

“Huwag po kayong mag-alala, babalik uli kami agad. Makikita niyo, andito na po uli kami sa eryang ito,” sabi ng isang kasama.

“Ito, magbaon kayo ng bigas. Kung kailangan niyo pa uli ay huwag kayong mahiyang magsabi at magpapadala uli ako sa inyo ng bigas at ng mga gulay,” sabi ni Nanay Virgie.

Naggayak na kami ng aming mga gamit para sa paglalakbay. Ilang panahon ulit bago kami makakabalik dito. Maaaring hindi na ako kasama sa susunod. Anuman, panatag at magaan ang aming mga kalooban dahil nakatitiyak kaming hindi nakakalimot ang masa.

# Ang masa sa likod ng CPP@48

NI KA DALIYA

Naibalitang may papasok na bagyo sa araw ng mismong anibersaryo. Nag-aayos ang mga kasama ng kanilang pupwestuhan nang dumating ang masa.

"Ka Pido, mas mainam kung doon na lang kayo sa amin makituloy. Baka mapano pa kayo dahil malakas daw itong bagyo," bungad ni Tatay Dindo, ang kalihim ng Sangay ng Partido sa lokalidad.

"Sige ho, maraming salamat!" tugon ni Ka Pido. "Plano rin naming ilipat ang petsa ng pagdiriwang at palipasin muna ang bagyo."

Laksang bilang ng masa mula sa lokalidad ang dumating para kaunin ang kanilang Pulang Hukbo at ihatid sa kanilang mga tahanan. Dumaan ang malakas na bagyo, ngunit maayos at ligtas naman ang mga kasama dahil kinanlong sila ng init ng dampa ng masa.

Pagkalipas ng bagyo, inihatid na ng masa ang mga kasama papunta sa sayt na paglulunsaran ng anibersaryo. Maayos na ang pwesto. May mga paunang ginawang kubo na roon. Nakapwesto na rin ang mga kabataan at artista mula sa kalunsuran na handang tumuwang sa mga paghahanda para sa anibersaryo. Amoy na amoy ang pintura sa paglapit sa hihimpilan ng Hukbo para sa anibersaryo.

Maririnig din ang tunog ng *chainsaw* sa di kalayuan. Ipinahiram pala ni Tatay Indo ang kanyang *chainsaw* para sa gagawing *stage*. Ang masa na rin ang naghanap ng malalaking kahoy para rito. Ang sabi ni Ka Dindo, "Matapos ang anibersaryo, ilaan ang lahat ng mga kahoy na ito sa mga masang nangangailangan ng tabla para sa kanilang bahay pagkatapos ng selebrasyon."

Sagot na rin ng masa ang *generator* at *sound system* dahil mayroon si Tatay Mario. Ito rin ang ginamit nila sa kanilang matagumpay na kampanya sa rebolusyong agraryo laban sa panginoong maylupang may komprada sa lugar.

Maayos ang paghahanda ng masa katuwang ang Hukbo. Ang mga kasapi ng Milisyang Bayan ay naghati sa grupong nagbabantay sa tabing kalsada, maghahatid sa mga delegado sa paghahanda at aktwal na selebrasyon, at pagpasok ng mga suplay. Nauna nang ipinasok ang ilang delegado mula sa urban. Gayundin, ang mga materyales na kinakailangan sa paghahanda.

Gabi-gabi, sunud-sunod ang kapehan at gawaing konsolidasyon sa masa ng mga kasamang mula sa lungsod na nag-aambag ng kanilang ganang kaya sa paghahanda ng anibersaryo tulad ng mga gawaing teknikal na pangangahoy at pagluluto o paggagawa ng mga *props* na gagamitin sa anibersaryo. Kita mo rin ang kanilang kasabikan na makahalubilo ang kanilang Hukbo. May mga kabataang dumadayo sa bantayan at nakikihawak at nagpapaturo ng paggamit ng baril.

Pagsapit ng aktwal na selebrasyon...





Maririnig ang masigabong palakpakan kahit sa panabihang *hi-way* ng Lopez-Catanauan Road.  Matatanaw rin mula sa kalsada ang Pulang bandila na nakatayo sa isang bundok.  Napakarami ring mga sasakyang nakaparada sa labas ng *hi-way.*  Masasabi mong sa iba't ibang lugar nanggaling ang mga ito batay sa mga nakasulat na ruta sa gilid ng *jeep*.

Samantala, sa mga bahayang nasa panabihan ng kalsada, may mga nakamasid lang sa labas.  Mga nagbabantay.  Sa mga bahayang iyon, makakakita ka ng nakasampay na berdeng *camisa de chino* na may tatak na "Milisyang Bayan."

Habang papasok naman sa pinaglulunsaran ng malaking anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas, mapapansing paldas na paldas na ang daan, at labung-labo na ang sapa na dinaanan ng napakaraming tao.

Pagpasok sa himpilan ng BHB, makakasalubong ang maraming masa, basa na sa pawis at ulan, nakayapak at may taklis na pagkahaba-habang itak. Nagpapasan sila ng kahoy. Inihahatid nila ito sa kusina. Sa kusina, abala ang kanilang mga asawa at iba pang mga kababaryo. Organisado pa ang kanilang galaw. May grupong naggagayat ng karne, rekado, grupo ng mga nag-iigib, grupo ng mga nagluluto, grupo ng mga naghuhugas ng pinaglutuan at grupo ng mga nagbabadyet ng ulam at kanin sa mga saha ng saging.

Maya-maya, may dumating na bulto ng mga tao, may mga dala-dala ring sakong may lamang kamote at balinghoy. "Ka Doris, ito ho ang ambag namin mula sa baryo."

"Naku, salamat po Ka Enteng," sagot ni Ka Doris.

"Nasaan si Ka Pido? Narito rin ang ilan sa mga kabataan naming pwedeng sumama sa bantay ninyo," banggit ni Ka Enteng.

Ipinatawag ni Ka Doris si Ka Pido at kagyat na kinausap ng huli si Ka Enteng. Sinamahan ni Ka Pido ang mga kabataan sa bantayan ng pormasyon.

Katulong din ng Hukbo ang masa sa pag-oorganisa ng delegasyon. Tinipon nila ang lahat ng masa at Hukbo sa sayt na isang malawak na pantayan, katabi ng palayan at nasa sulib ng niyugan.

Tila isang piyestahan ang selebrasyon. Bukod sa napakaraming tao, makulay at maraming palamuti ang sayt. May malalaking *mural* sa panabihan ng *stage*. May nakaukit ring maso at karet sa isang pusngo. Nakapinta sa mukha ng mga Pulang mandirigma ang *logo* ng ika-48 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas.

May mga nakasabit na bandila ng mga alyadong organisasyon ng NDFP[1]. Ito ang mga bandilang pinaghirapan at pinagtulungan ng BHB at ng masa mula sa lokalidad at lungsod. Hindi biro ang pagkakayari ng mga bandilang ito. Organisadong plinano ng balangay ng MAKIBAKA[2] sa lugar ang pamimili ng mga telang ito at

1 *National Democratic Front of the Philippines*

2 *Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan*



ng mga pintura. Ang mga artista ng bayan ay ligtas na inihatid ng mga kasapi ng PKM[3] sa loob ng kampuhan upang malikha ang mga bandila at *backdrop* ng selebrasyon. Samantala, lumahok ang mga kasapi ng Kabataang Makabayan sa kulturang pagtatanghal.

Ipinagdiriwang ng NPA, ng masa at mga alyadong organisasyong ng NDFP ang anibersaryo ng pinakamamahal nilang Partido. Kakapursige pa lamang na muling buksan ang usapang pangkapayapaan. Malaki ang inaasahan ng masa na magtutuluy-tuloy ito upang maihapag ang kanilang mga kahilingan sa usapan.

Nang humanay na ang hukbo, nagmistula silang isang mahabang tren na nagmartsa patungo sa sayt. Organisadong nagpalakpakan at nag-*chant* ang masang dumalo nang makita nila ang mahabang hanay ng NPA. Naroon din ang Milisyang Bayan, ang lokal na hukbo. Nang lumapit ang mga ito, naramdaman ng mamamayan ang kumpyansa sa sarili nilang Hukbo kaya lalo pang lumakas ang mga palakpak at ang kanilang sigaw na "Viva CPP-NPA-NDF!"

Samu't sari ang dumalo noon, may mga mula sa hanay ng mga progresibong grupo, mga pulitiko at mga kaibigang nasa hanay ng

3 *Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid*

masmidya. Nakita nila ang bulto ng dami ng masang sumusuporta sa rebolusyon. Nabighani sila sa lakas ng suporta na tinatamo ng NPA at ng Partido. Bago sila umalis, napagtanto nila na "Kaya pala hindi nauubos ang NPA dahil maraming mamamayan ang sumusuporta sa kanila, kabaliktaran ng sinasabi ng gobyerno."

Sa kabilang banda naman, napaiyak si Tatay Gardo sa laksang bilang ng masang nakita niya, "Ngayon, alam kong mananalo talaga tayo mga kasama," sambit niya.

Lalo pang pumalakpak ang masa, nang naghanay ang mga kabataan at masang magsasaka at manggagawang nagpahayag ng kagustuhang sumampa sa NPA.

Sa huling bahagi ng programa, sinalubong ang masa ng isang hilera ng NPA bilang pamamaraan ng pagpapaalam. Nakipagkamay ang mga Pulang mandirigma sa kanila, ang iba naman ay niyakap nila. Binulungan ni Ka Jane ang isa sa mga nanay na kasapi ng Partido sa lokalidad, "Salamat sa inyo, kung wala kayo, hindi ito magtatagumpay."






Matapos ang anibersaryo, kailangan nang lumipat ng Hukbong Bayan. Nakahanda ang masisipag na Milisyang Bayan sa paglilipat ng mga gamit ng NPA. Ang iba ay nagdala ng kabayo para sa mga tabla na itatabi ng lokal na samahan, habang ang iba naman ay may dalang kawâ[4] para sa pagtatago ng mga ginamit na *prop materials* tulad ng tela, *backdrop* at iba pa.

Ngunit ang pinakamalaking tagumpay roon ay ang mga nagpasyang magpaiwan. Sa pasa-bilang ng NPA matapos ang aktibidad, nagsimula sa isa, hanggang sa umabot sa dalawang daan. Marami sa mga dumalo sa anibersaryo mula sa lokal at lungsod ang nagpaiwan upang sumama sa NPA at tumangan ng sandata para isulong ang digmang bayan. D

4 *malaking sako na ginawang bag*

# Ang press conference sa gitna ng kabundukan

NI KA LUZ

Magandang umaga, kape po!” sing-init ng kape ang bungad ni Comrade Kathryn sa dumating na *media* noong araw ng *launching* o pagpapakilala kay Jaime “Ka Diego” Padilla bilang bagong tagapagsalita ng Melito Glor Command-BHB TK.  Alas-kwatro na ng madaling araw dumating ang *media* dahil sa mahaba at maingat na byahe, tapos naglakbay pa papasok sa kabundukan ng Sierra Madre na paglulunsaran noon ng *press conference*.

Pagod ang *media* noon pero napawi kaagad ito dahil sa sumalubong na mga Pulang mandirigma at masang naghatid sa kanila.  Namangha sila sa dami nilang nakikitang mga bagong mukha na halos puro mga kabataan at sila pa ang nangungunang makipagtalakayan sa kanila.



Ayon sa mga dumating na *media*, *excited* silang makapasok sa sonang gerilya dahil matagal na panahon ang lumipas bago nila nakasalamuha ulit ang BHB. Ang huli pa ay si Ka Roger noong buhay pa siya kaya malaki ang inaasahan ng *media* sa bagong tagapagsalita.

Matapos ang kanilang pagkakape, tinulungan sila ng mga kasama na makapaglatag at makapwesto para makapahinga na sa kanilang kubo. Binigyan sila ng briefing sa depensa ng kumander ng yunit. Pinaalalahanan din sila na bagama't may *ceasefire*, higit na kailangang maging mapagbantay ng BHB sa mga patraydor na atake ng AFP-PNP.

Kinabukasan, ibinahagi sa kanila ni Comrade Kathryn ang magiging daloy ng gawain sa umagang iyon. Ilulunsad sa umaga ang isang *press conference* upang makilala nila si Ka Diego. Samantala, sa hapon naman ang integrasyon at pakikipanayam nila sa mga kabataang NPA at kay Ka Diego. Binigyan din sila ng bungkos ng mga pahayag ng Melito Glor Command, kabilang ang talambuhay ni Ka Diego at mga pahayag sa noo'y maiinit na usapin ng bayan—hinggil sa paglilibing sa diktador na si Marcos sa Libingan ng mga Bayani, panunumbalik ng usapang pangkapayapaan at ang tuluy-tuloy na operasyong militar ng AFP-PNP sa mga larangang gerilya habang may *ceasefire*.

Sa umagang iyon, hinanap kaagad ng *media* si Ka Diego. Naroon si Ka Diego, naka-duyan sa kanyang kubo, nagbabasa sa *tablet*. Ayon sa *media*, "Tulad din pala ni Ka Roger si Ka Diego, mukhang karaniwang tao lamang at hindi mapapansin kaagad."

Ang kasimplehan ni Ka Diego ang nag-akit sa *media* para puntahan siya at makipagtalakayan. Natuwa sila na parehong probinsya ang pinanggalingan ni Ka Diego at Ka Roger. Naaliw din sila nang malaman na mahiyain si Ka Diego subalit kapag tinatanong naman ay maraming naibabahaging mga karanasan, simula pa nang pagpultaym niya sa taon ng deklarasyon ng Martial Law hanggang kasalukuyan.

Ang ibang *media* naman ay naakit sa mga kabataang Pulang mandirigma na nagsimula nang maglagay ng *face paint* sa mukha.

Matapos ang pagpipinta, higit na naging masigla ang kampuhan sa makulay na *face paint* na may mga panawagang *just peace* o makatarungang kapayapaan. Nagsimula nang kumuha ng litrato ang *media*.

Hindi nagtagal, inumpisahan na ang paglulunsad ng *press conference* sa loob ng sonang gerilya. Kaiba sa nakasanayang *press conference* sa kalunsuran, armado ang kumperensya na kinanlong ng kagubatan ng Sierra Madre. Simple lamang ang disenyo ng *conference hall.* Yari ang logo ng NPA sa mga materyales sa paligid, may tatlong bandila sa tabi ng mesa (ang mga bandila ng Partido, BHB at NDFP), at nakaladlad ang pangalan ng mga *command* sa ilalim ng Melito Glor sa panabihan ng bulwagan. May mga upuan din para sa *media* at malawak na espasyo para sa kanilang mga *camera*.

Sa pambungad, ipinakilala ng isang kabataang hukbo si Ka Diego bilang bagong tagapagsalita ng Melito Glor Command, ipinahayag pangunahin ang kalagayan ng rebolusyonaryong kilusan habang umuupo ito sa *peace talks*, at inilantad ang mga pataksil na atake ng AFP-PNP habang may *ceasefire*. Si Comrade Kathryn naman ay katabi ng *media*, nakikipag-ugnayan para sa kanilang mga pangangailangan sa *press conference.* Kasunod nito, binukas na ang bulwagan para sa mga katanungan ng *media*.

Isa sa mga mayor na tinanong ng *media* ang hinggil sa usapang pangkapayapaan. Matibay ang tindig ni Ka Diego na hindi kinakailangang isuko ng BHB ang kanilang armas kahit na may *peace talks* at *ceasefire*. Ipinaalala ni Ka Diego na hangga't hindi pa naipagkakaloob ang mga batayang kahilingan at demokratikong interes ng aping mamamayan, hindi dapat bitawan ng BHB ang kanilang armas. Sakali, bukas ang rebolusyonaryong kilusan na ipagpatuloy ang *peace talks* kahit na walang *ceasefire*.

Ayon sa *media*, mahusay magpaliwanag si Ka Diego at may matatag na tindig sa mga usapin kaya hindi basta-basta lulubay ang mga rebolusyonaryo na nakakarinig sa kanyang mga pahayag.

Maagap na natapos ang *press conference*, subalit hindi doon natatapos ang pagpapaliwanag, pagmumulat at pagpopropaganda

sa hanay ng mga kaibigang *media*. Nakapanayam nila ang mga kabataang Pulang mandirigma na mula sa hanay ng magsasaka, manggagawa at kabataang estudyante. Mula sa kanilang mga kwento, nakuha ng *media* na nananatiling walang pagbabago sa kalagayan ng bayan kaya kahit inabot na ng limang dekada ang pakikibaka ng mamamayan, may mga kabataang sumasampa pa rin sa BHB.


Isinama sila sa Radyo Pakikibaka, ang rebolusyonaryong programang pambalitaan ng Melito Glor Command, upang marinig nila ang rebolusyonaryong pagbabalita at panig sa kasalukuyang usapin ng bayan. Bilang bahagi rin ng integrasyon nila sa NPA, ipinakita sa kanila ang pang-araw-araw na aktibidad ng Hukbo: ang pagbabantay, pagbibigay ng serbisyong medikal, at ang pagtataguyod sa teknikal na gawain. Naglunsad din ng kapehan, isang kulturang programa bilang pasasalamat sa kanila. Nakita rin nila, na ang NPA ay hindi lang hukbong panlaban, kundi hukbong pampropaganda, pangmedikal at pangkultura. Nakita nila ang pagiging tunay na hukbo ng mamamayan sa NPA, hindi lang sa salita kundi sa pang-araw-araw na pamumuhay nito.



Nakita ng *media* ang mahigpit na ugnayan ng kumander at mandirigma at ng pagkakaisa ng matatanda at bata. Kinakatawan nito ang malinaw na pagsasalin ng kaalaman sa rebolusyon sa mga bagong henerasyon ng rebolusyonaryo at ang pagpapatuloy ng maalab na pakikibaka ng mamamayan.

Paalis na ang *media*, subalit may iniwan silang mensahe:

"Mga kasama, namatay man si Ka Roger, pero tiyak kaming ikinagagalak niyang may nagpapatuloy sa naiwan niyang trabaho." D



# Sanaysay

# Sa magsasaka ang lupa, sa masang anakpawis ang tagumpay

NI KA DERON

Napakahirap ng kalagayan naming magsasaka. Walang sariling lupa, kung meron man ay kakarampot o di kaya ay napipilitang isangla sa may mga malalawak na niyugan. Pangunahin naming hanapbuhay dito ay paglulukad, at kahit sa pagsusulit ng aming kopra sa malalaking pamilihan ay agrabyado kami. Ang umiiral na hatian sa kita dito sa lugar namin ay 50-50, subalit numero lang ito. Magsusulit kami ng daang libong kabuo ng kopra, kung magkano ang inabot na presyo ng aming dinala sa pamilihan ay hahatiin ito sa kalahati. Ang kalahati ay mapupunta sa may-ari ng lupa nang walang kabawas-bawas, habang ang bahagi naming maglulukad ay kakaltasan pa ng tara, taktak, resikada at iba pa.

Kaya ang matitira na lang sa aming magkakabàkas ay kakarampot na halaga o di kaya'y kalyo na lamang sa aming mga palad.

Sabi nila 50-50 — hindi na raw kami lugi dahil hati na ang kinikita naming magsasaka at silang mga panginoong maylupa (PML).

May ilang nag-akalang totoo ito, na tama ang ganitong klaseng sistema sa aming pagsasaka, na hindi na kami agrabyado sa ganitong kalakaran. Subalit, ang baryo namin ay hindi na bago sa mga pakikipaglaban para sa karapatan at lehitimong interes naming mga magsasaka. Marami pa ring masa ang nais lumaban para sa disenteng pamumuhay.

Lalo pang lumalakas ang loob namin na lumaban dahil alam ng buong taumbaryo na katuwang namin ang Bagong Hukbong Bayan. Hindi nila kami pinabayaan. Sa tulong at mga pagmumulat nila, at pakikipagkaisa namin ay nabuo ang matibay at isang huwarang halimbawa ng pakikipaglaban ng masang anakpawis para sa kanilang karapatan.

Nagsimula ang aming paghahanda para sa paglulunsad ng rebolusyong agraryo sa isang pulong ng mga sangay ng partido sa lokalidad. Plinano ang hakbang-hakbang na pagkilos ng masa kung papaano magiging hinog ang paglaban namin sa dalawang panginoong maylupa na matagal nang nagpapahirap sa mga magsasaka sa aming bayan.

Nagsimula kaming magbuo ng *research team* upang buuin ang pagsisiyasat sa kalagayan ng mga magsasaka at ng panginoong maylupa. Lumipas ang walang isang taon ay nakumpleto na ang lahat ng kinakailangang impormasyon upang magamit namin sa paglaban.

Muling nagpulong ang mga sangay kasama ang hukbo upang tasahin ang naging gaod ng *research team*. Mula rito, natapos na rin ang kwentada kung ano ang dapat naming kinikita sa paglulukad at kung gaano kalaki ang tantos ng pagsasamantala ng dalawang panginoong maylupa na aming pinaplanong lunsaran ng kilos-protesta.

Nakalatag na ang mga rekisitos upang kami ay maglunsad ng rebolusyong agraryo.

Mula sa mga *research team,* nagbuo muli ng *teams* mula sa mga sangay at kasamang Hukbo upang ihanda ang sabayang pagputok ng



laban sa dalawang *cluster* ng isang bayan. Nagkaroon ng mga MLP[1] mula sa lokal upang ihanda ang masa sa ilulunsad na kilos-protesta sa harapan ng tahanan ng dalawang PML.

Unang hati ng sumunod na taon ay nagpatawag ng pandistritong kumperensya ng PKM. Dito binuo ang mga komite sa rebolusyong agraryo. Isa ako sa nahirang na mangasiwa sa mobilisasyong masa. Nagsimula na ang pagpakat namin para ipanawagan ang kampanyang tersyong baliktad.

Nagbahay-bahay kami. Dala namin ang kwentada kung ano ang tama at makatwirang hatian para magkaroon kami ng nakabubuhay na kita. Dala rin namin ang papirmahan para kunin ang suporta ng kapwa maglulukad.

Hindi madali ang trabahong magpropaganda. May mga pilosopo, kesyo ano pa raw ba ang hahanapin namin ay madali namang lapitan at utangan ang panginoong maylupa. Karamihan ay natatakot, kesyo paano raw kapag inalis sila sa lupa at hindi na pinaglukad. Paano raw kapag dinahas sila ng mga sundalo.

Hindi nagpadaig ang *team* namin sa ganitong kalagayan. Matiyaga kaming nagpaliwanag.


Dinikitan din namin ng *poster* ang mga puno ng niyog at matataong lugar. Nakasulat ang naglalakihang numero na '75-25 Pabor sa Maglulukad!'.

Sa aming *cluster*, ang unang plano ay isang araw lamang ang itatagal ng aming piket. Pero nagmamatigas ang PML. Kaya hindi kami nagpatinag hangga't hindi nagtatagumpay ang aming laban. Tumagal ang aming pananatili sa harapan ng bahay ng PML nang tatlong araw. Lahat na ng paraan ay ginawa namin. Talumpati ng mga lider. Pagtatanghal ng mga kabataan ng kanilang awit-sayaw. Pagdaraos ng *mobile propaganda team* sa kalapit lugar.

Lahat iyan ay ginawa namin habang may nanliligalig na sundalo sa harapan mismo ng bahay ng PML. Nakikipag-usap naman ang mga nasa *nego team* sa loob ng bahay ng PML. Iginigiit nila ang mga karapatan

---

1 *malaligal na pangkat*




namin.  Ang nais namin ay 75-25 pabor sa aming magsasaka!

Dapat naman talaga ito, dahil kami ang nagbubungkal ng lupa, kami ang nagpapayaman sa kanila habang ang pamilyahan ng PML ay nakaupong naghihintay sa kanilang kaparte.  Ang kwentu-kwentuhan nga ay malansa na ang amoy ng bahay nila dahil sa dami ng inaamag na pera sa mga kwarto, paano ay hindi marunong magbangko ang PML.  Sila ang eksaktong halimbawa ng mga taong nahihiga sa salapi.

Matapos ang tatlong araw, napapayag na ang PML sa aming inihahapag na hatian dahil sa malakas na paglaban ng mga magsasaka sa aming *cluster*. TAGUMPAY!

Subalit sa aming *cluster* pa lang nagdedeklara ng tagumpay dahil ang kabilang *cluster* na kakambal namin sa paglaban ay nananatiling humaharap sa tarangkahan ng isa pang mayamang PML.

Napagdesisyunan ng aming sangay na tuwangan sila sa lakas-tauhan, kaya ang lahat ng kumilos sa aming *cluster* ay tumungo sa

kabilang baryo upang sila ay tuwangan. Dahil na rin sa kumalat na balitang tagumpay ang aming laban ay nanginig na rin siguro ang kalabang PML sa lakas naming masang magsasaka. Hindi pa natapos ang maghapon, nakiusap ang PML na itigil na ang programa at papayag na siya sa tersyong baliktad. TAGUMPAY MULI!

Matapos ang dalawang laban na ito ay tila nagkusang tumaas ang presyo ng kopra, tamang tama, 75-25 na ang aming hatian—na pabor sa aming magsasaka, di hamak na mas malaki na ang aming kinikita.

Masaya ang lahat dahil nakaalwan-alwan ang aming pamumuhay. Isa pa, napatunayan namin sa aming mga sarili na sa pamamagitan ng pagkakaisa ay magagawang palakasin ang kapangyarihan ng masang anakpawis kahit pa malalaking PML ang aming kalaban.

Kailangan naming panatilihin ang aming mga tagumpay at isulong pa ito sa mas mataas na antas ng pakikipaglaban. Maraming salamat sa rebolusyong agraryo! *D*

# Ang pagiging isang ina at NPA

NI KA RUIZ

Minsan sa isang mahabang araw ng paglalakbay, tinanong ako ng aking mga ka-*buddy*, "Ka Ruiz, hindi niyo po ba nami*miss* ang mga anak ninyo?"

"Syempre, nami*miss*. Pero, andyan naman kayo na para ko na ring mga anak," tugon ko.

Ina ako ng dalawang makukulit na bata. Pero bukod sa akin ay marami silang kinikilalang mga ina. Ang kanilang *mama*, *mommy*, loli at 'Inay Lapit' na pumupuno ng pisikal na presensya ng isang ina. Marami mang kinikilalang ina ang aking mga anak, alam nilang ako ang kanilang tunay na ina, ang tinatawag nilang 'Inay Layo'. Dahil literal na malayo ako sa kanila.



Sa musmos nilang edad, ang alam ng aking mga anak ay nagtatrabaho ang kanilang ina sa malayo, nagtuturo sa mga batang hindi nakakapag-aral. Kaya noong nagsimula nang pumasok ang panganay ko, ang gusto niya'y dito na lamang mag-aral kung saan ako nagtuturo.

Maaga kong iniwan ang aking mga anak upang tumupad ng gawain. Tatlong buwan ang panganay ko noon nang aking iwalay, habang isang buwan pa lamang ang aking bunso nang iwanan ko siya dulot na rin ng usaping panseguridad.

Nakilala na nga lamang ako ng aking bunso mula sa litrato na ikinapit sa kwarto na

tuwing umaga ay itinuturo sa kanya para malaman at matandaan na ako ang kanyang ina.

Tulad ng maraming kwento ng mga nanay na NPA, mabigat din ang pinagdaanan ng aking damdaming ina.

Naalala ko nga noong una kaming nagkita ng aking panganay, ang tawag niya sa akin ay 'tita'. Samantalang ang aking bunso ay ayaw namang sumama sa akin at ang hinahanap ay ang kanyang loli (lola). Ibig madurog ng puso ko noon at mapaiyak, pero sadyang bahagi ito ng bokasyon na pinili ko. Ang sakripisyo na hindi naging malapit ang loob ng mga bata dahil hindi nila ako nakakasama sa kanilang paglaki.

Paano nga ba titimbangin ang pagiging ina?

Sukatan ba ang makasama sila sa araw-araw?

Sapat ba ang ipaghanda sila ng pagkain at uniporme para sa pagpasok sa eskwela?

Ang pag-asikaso sa kanila sa tuwing may karamdaman sila?

Ang pagkasyahin ang kakarampot na badyet para sa pamilya?

Tiyak na mas marami pang pwedeng maging interpretasyon ng pagiging nanay, kung sa punto de bista tayo ng pyudal-patriyarkal o burgis na konsepto ng pamilya mag-uusap. Kung gayon, laging hindi pasok sa panlasa ang katulad kong ina na NPA sapagkat malalim ang talab ng kulturang ito na itinatak sa atin. Subalit ang ideyal na pagpapamilya at pagiging ina ay hindi posible sa isang lipunang malakolonyal at malapyudal. Maraming pamilya ang hindi buo dahil naghahanapbuhay sa ibang lugar ang mga magulang. Pipiliin nilang magkahiwa-hiwalay kaysa magutom at maghirap.

Walang lumipas na araw na hindi sila sumagi sa aking isip. Sa tuwing nanggagamot ako ng masa, naiisip ko ang mga anak ko sa panahon na nagkakasakit sila. Sa panahong nagtuturo ako sa kapwa ko hukbo at sa masa ng kanilang karapatan, ang nais ko ay maturuan din sila ng ABAKADA. Sa ilang taon na hindi nila ako nakakasama, nasa piling ako ng masa upang isulong ang kanilang kabuhayan sa

pamamagitan ng rebolusyong agraryo. Sa panahon ng kanilang paglaki na hindi ko nasaksihan, kasama ako ng masa sa kanayunan sa pagpapanday ng maaliwalas na bukas para sa mga batang katulad nila.

Ito ang pinili kong kahulugan ng pagiging isang ina. Hindi lamang ina ng dalawang supling kundi ang maging ina ng sambayanan.

Kaya ang sagot ko sa tuwing tinatanong ako ng masa kung paano ko nakakaya na malayo ako sa aking mga anak, pirmido at sigurado ako sa sagot ko, “Nag-NPA ako para magkasama-sama kami ng aking mga anak at ang lahat ng mga pamilya—na magaganap lamang sa panahon ng tagumpay.”

Nananabik na ako sa kanilang paglaki at sa panahong maaari ko nang sabihin sa kanila na isang Pulang mandirigma ng mamamayan ang kanilang ina. Hinihintay ko ang kanilang paglaki para makasama ko sila dito sa kanayunan. Tiyak sa panahong ito, hindi na lamang ako ina na NPA, kundi ina na rin ng NPA. D

# NPA pa ako!

NI KA POLENG

Higit 60 na ako! Tita! Nanay! Lola! Matanda! Kasamang Poleng! Iyan ang tawag sa akin ng mga kasama at masa sa loob ng sonang gerilya.

"Di ho ba kayo nahihirapan? Baka ho madulas kayo? Kaya nyo pa ba iyang dala ninyo? Ilang taon na po ba kayo?" Madalas nila itong itanong kasabay ng pag-alalay at pagtulong nila sa anumang ginagawa ko. Kinakailangan nilang maghintay at mag-antabay sa akin sa paglalakad.

Lagi rin nilang pinapansin ang puting buhok ko na nangingintab sa sikat ng araw kapag naglalakad at binibiro na "sayting ho iyang ulo nyo, baka ma-isnayp—dapat magsumbrero po kayo!"

Sa edad na ito, *senior citizen* na ako at kwalipikado na sa mga benepisyo nito. Kung nagtuluy-tuloy naman sa pagtatrabaho bilang isang guro o empleyado ng gubyerno, retirado na sana ngayon at may pensyon na. Paupo-upo na lamang sana sa silyang tumba-tumba habang pinananood o sinasaway ko ang aking tatlong apong malilikot at naglalaro sa paligid.

Pero iba ang landas na tinahak ko at malayo dito ang buhay na pinili ko. Mula sa aking pampulitikang pagkakamulat sa panahon ng matinding panunupil sa mga taon ng pag-iral ng *martial law* noong estudyante pa sa pamantasan hanggang sa sumampa ako sa NPA noong 1985, hanggang kasalukuyan—inilaan na ang panahon at buong buhay sa pakikibaka para sa pagbabago ng lipunan—sa pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon.

Habang binibilang ko ang mga kulubot ng aking balat at mga peleges sa noo, hinahaplos ang nabali at pingkaw kong braso, tinitingnan ko ang mga peklat sa paa at malalaking binti, at ang tuhod kong nilalagnat at gumegewang-gewang na sa lusungin—masaya kong iniisip na tatak at bakas na ito ng buhay at pakikibaka sa kanayunan—sa piling ng mga kasama at masa. *Occupational hazard* kung tawagin ko. Iniisip ko din kung ilang taon pa akong tatagal sa NPA?

Lagi kong alaala na may tatlong mahahalagang bagay na kailangan ang isang rebolusyonaryo at gerilya—malakas at matatag na pag-iisip, malakas na baga, at malakas na binti *(strong will, strong lungs & sturdy legs).* Sa ganito, pasado pa ako sa una at pangalawa ngunit sumasabit na sa pangatlong pamantayan dahil sa rayuma, monggo, sardinas at ubod!

Aling binti at tuhod ba naman ang makakatatag sa tatlong dekada ng ahon at lusong sa kabundukan; sa mahabang baybayin sa tabing dagat; sa madadawag na kaparangan at makikitid na pilapil sa mga tubigan sa kapatagan para maabot ang mas maraming masa?

At sinong maysabi na mga kabataan lamang at ang malalakas pa ang maaaring maging NPA? Sabi nga ay 25-35 taong gulang ang pinaka-ideyal na edad ng isang gerilya. At maikli lamang daw ang buhay ng gerilya dahil sa hirap at sakripisyo. Syempre nama'y wala nang sasampa na ganito ang edad at hindi na siguro tatanggapin sa NPA—pwede pa sa MB[1] at sa seksyon yunit gerilya.

Pero hindi ako bagong sampa. 35 taon na akong NPA! Wala pa akong trenta noong sumampa sa NPA—may asawa na at isang anak—kasiglahan at kalakasan pa ng katawan at pag-iisip. Kasama sa mga pagsasanay militar, mga TO[2] at mga depensibang labanan; kasama ng mga MB at organisadong masa sa pagkumpiska ng mga ari-arian ng mga panginoong maylupa. Magkakasama ang NPA at masa sa pag-okupa sa mga winasak at mga abandonadong pastuhan—na ngayo'y mga produktibong mga palayan at taniman na. Pinagdaanan namin ang mahihirap na mga gawain ng ekspansyon, konsolidasyon at rekoberi ng baseng masa; kilusang pagwawasto at muling pagbangon. Magkakasamang hinarap at binigo ang mga Oplan ng kaaway upang kitlin-sa-usbong ang NPA hanggang sa FMO[3] at RCSPO[4] ng JCP Kapanatagan!

Mga ilang henerasyon na ng NPA ang nakasama ko—ang mga nauna pa sa akin na nagturo at naghubog sa akin; mga napasampa at sinanay—

1 *milisyang bayan*
2 *taktikal na opensiba*
3 *focused military operation*
4 *retooled community support program operation*

may nag-AWOL[5], may sumuko, may napagod at may bumaliktad at naging kaaway ngunit mas maraming nagpatuloy at nagpakatatag. Marami nang mga naging martir ng rebolusyon—karamihan ay mga kabataan pa, matatagal kong kasama, kababaihan, minorya, petiburges. Kabilang ang aking mahal na *kabiyakasama*.

Ako, babae.  May edad na.  Pero NPA pa rin!  Kaya ko pa!  Pinalad at buhay pa at nagpapatuloy ng pakikibaka at pagtangan sa sandatang nabitiwan nila.  Kasama ko ngayon sa yunit ay halos mga anak at apo ko na.  Pero hindi pyudal ang aming relasyon kundi magkakasama, magkakatuwang at nagtutulungan.  Pinagsasanib ang mga karanasan at kaalaman ng may mga edad na NPA sa lakas at kapangahasan ng mga bago at mga batang NPA.

Hamon ko sa mga kabataang mas malalakas pa at makakayanan—mula sa iba't ibang uri at sektor, anuman ang kasarian na lumahok sa armadong pakikibaka.  Sumampa sa NPA!

"Hindi ho ba kayo napapagod, nagsasawa at naiinip?" tanong ng mga kabataang hukbo at masa sa akin.

Aba'y syempre naman napapagod!  Sino bang NPA ang hindi napapagod?  Kahit nga mga kabataan at malalakas ay napapagod din.  Pero ang mga kahirapang ito ay napapangibabawan ng pangangailangang magpursige sa mga gawain sa pagtatayo ng base, rebolusyong agraryo at armadong pakikibaka—at mga tagumpay na nakakamit sa proseso ng pakikibaka ng masang magsasaka.

Nawawala ang pagod kapag nagbubunga ang pagkakaisa ng NPA at masa, nabubuo ang mga organisasyon, napapakilos sila para sa kanilang mga karapatan at kabuhayan, at magkasamang naipagtatagumpay ang mga laban sa lupa, kabuhayan at karapatan!  Walang pagod kapag magkasama ang NPA at masa mula sa pag-aayos ng tubigan, irigasyon hanggang sa anihan at pagkain.

Wala din tayong  sawa sa paggapi sa mga kaaway ng mamamayan—mga kaaway sa uri at mga kontra-rebolusyonaryo.  Lalong hindi tayo napapagod at nagsasawa sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan.

---

5 *absence without official leave*



Laging nasa isip ang tinuran ni Kasamang Mao sa Ang Matandang Hangal na Nag-alis ng mga Bundok na: “Magpakatatag, huwag matakot sa pagpapakasakit, pangibabawan ang lahat ng hirap upang magkamit ng tagumpay!”

Inip? Talo tayo kapag nainip. 50 taon na ang NPA. Tulad ng sabi ni Kasamang Mao, “ang rebolusyon ay hindi piknik.” Hindi madali. At hindi dapat magmadali.

Walang puwang ang pagkainip kung nananalig ka sa pagtatagumpay ng Partido, Hukbo at masa at masaya tayo habang gumagampan sa ating tungkulin. Sa dami ng gawain ng NPA sa pagrerebolusyon, pramis—hindi ka maiinip!

Tiyak tayong magtatagumpay ang rebolusyon! Maiinip lamang ako kung iisipin ko na para sa akin ang ipinaglalabang ito at kung aabutin ko pa ang tagumpay. Subalit ang pinag-aalayan natin ng buhay at sakripisyo ngayon ay hindi ang sarili natin kundi ang mga anak at apo natin—ang mga susunod na henerasyong Pilipino.

Ang mahalaga, iniaambag natin ang ganang kaya natin! Hindi ko na kayang gawin ang dating kinakaya ko—hindi na maaaring sumama sa mga TO, ni maging kumander. Ngunit napakarami pang gawain ang NPA liban dito na angkop sa aking kakayahan at edad. Maaaring maging *political officer*, rebolusyonaryong guro, propagandista, nanay, kapatid, gabay at iba pa sa mga kasama.

Ba't ako maiinip? Hindi ko man matanaw o abutin ang tagumpay, masaya na akong maging bahagi nito.

Nakikinita ko ang sasabihin ng aking mga apo—"Kaya pala hindi namin makasama nina Papa at Mama sa bahay sina Lolo at Lola at bihirang makapiling dahil abala sila sa pagpupundar ng isang malaya, makatarungan at maaliwalas na bukas para sa aming henerasyon at sa susunod."

Mahal ko ang NPA; mahal ng masa ang NPA dahil hukbo ito ng masa!

Isa, dalawa o ilang taon pa! Kakayanin ko pa!

Sa NPA ako *forever*! D

# NPA ang nanay ko!

NI KA ORYANG

Nanay, andito na naman yung malaking babae." 'Yan ang sabi ko noon sa 'nanay' ko tuwing darating siya sa aming bahay, isang magandang babaeng mataba at matangkad na laging may dalang balut at mansanas. 'Nanay' dahil hindi pala siya ang tunay kong ina. Ang babaeng malaki na kinatatakutan ko, ang sya ko palang tunay na ina.

Palibhasa bata, parang wala akong masyadong pakialam sa buhay kahit na para sa iba ay di karaniwang mayroon akong dalawang magulang. Kunsabagay, may mga kalaro naman kasi akong may dalawa ring nanay o kaya tatay. Tulad ng kalaro kong si Shirley, si Ate Marisse na panganay



niyang kapatid ang parang pangalawang nanay niya dahil ang nanay niya ay nasa *abroad*.

Ang Kuya Franco ko naman, dalawa rin ang magulang niya, tulad ko, dahil inampon din siya ng aming "nanay at tatay" na kung tutuusi'y tiyuhin at tiyahin niya. Ibig sabihin, hindi naiiba ang *setup* ng buhay namin sa buhay ng iba pang mga pamilya, pare-parehong pinaghihiwalay ng kahirapan.

Kaya pala lagi akong sinusuyo ng mga paborito kong pagkain tuwing dadating sya, ang nasasambit ko sa aking sarili tuwing naikukwento ni Mama ang mga eksenang iyon, mga tatlong taong gulang daw ako noon. Basta ang alam ko noon, dalawa ang mga magulang ko—isang Papa at Mama na astig at isang nanay at tatay na magkakaingin.

*Tulog na bunso, ang iyong ina ay nasa malayong bayan*
*Ang gawain nila ay di maiwan para sa sambayanan*
*Kung malaki ka na at may isip na, ikaw ay susunod na rin ba*
*Sa iyong ina at ibang mga kasama, pinaglilingkuran ang masa…*

Iyan ang pampatulog sa akin noong bata pa ako, hindi "Sa Ugoy ng Duyan" o anumang karaniwang *lullaby* ng mga bata. Hindi ko maintindihan noon kung bakit parang naiiyak ako kapag naririnig ko ang kantang ito laluna ang linyang "…kahit sila'y wala na…" Kaya siguro ako mabilis mapatulog ng kantang ito.

Bata pa lang ako o mula nang lubos kong maunawaan ang trabaho ng nanay at tatay ko, pinangarap ko nang maging katulad niya, isang Hukbo at kumandera. Sabi ng mga kasama, dati raw siyang umaktong kumander din ng yunit ng Hukbo bago gumampan ng mga pangunahing tungkulin sa pangangalihim. Magaling siyang makitungo sa mga kasama kahit medyo masungit minsan. Kaya naman maraming nagmamahal sa kanya. Naalala ko noong bata pa ako at may ka-*buddy* siya na pinagselosan ko dahil may pagtingin ako dati na mas malapit iyon sa kaniya. Kasi kami nga naman, tuwing bakasyon lamang nila nakikita at nakakasama.

Oo, astig ang Mama ko. Matikas, maganda, mahusay, at matapang. Matikas, mas matikas pa sa *security guard*, sundalo siya kasi meron siyang

baril pero sundalo ng mamamayan, hindi ng gobyerno. Maganda ang nanay ko, at sa kaniya ako nagmana, syempre! Pero mas maganda ang panloob niyang katangian—kasi mahal na mahal siya ng mga masa at mga kasama. Mahusay, kasi parang lahat ng trabaho, ginagawa, ika nga'y *all around!* Minsan *teacher* siya, minsan naman, nagiging pari sila ng tatay ko sa mga kasalan. Sabi ko nga noon, pwede pala yun, nagkakasal rin ang babae pati may asawa. May panahon din namang magsasaka ang dating ni Mama, nung dumalaw ako sa kanya at nasa bahay sila ng Inana, inabot ko siyang nag-aani ng palay kasama ang iba pang mga 'ate' at 'kuya'. Minsan din, estudyante sila, dahil lagi silang nasa iskulhaus 'pag dumadalaw kami, kapag tinatanong ko kung ano'ng ginagawa nila, sabi nag-aaral daw. Matapang din siya, minsang nakasama ko siya sa isang labanan habang nasa dalaw ako sa kanya, at nakita ko kung gaano siya kagiting sa harap ng mga militar at panganib na sa amin ay nakaamba.

Magaling ding mananahi si Mama, habang lumalaki ako, palagi akong nakakatanggap ng mga bag na tinahing kamay niya. At syempre, dahil siya ang nagtahi, lagi ko iyong ginagamit. Mananahi kasi ang lola ko, at kahit si Mama, pagka-*graduate* niya ng *elementary* dahil hindi kayang mapag-aral pa siya ng *high school* at naobliga siyang magtrabaho ay naging mananahi siya. Sabi ni Lola, malaki ang panghihinayang niya dahil matalino si Mama, *valedictorian* siya noon kaya lang, mahirap ang buhay nila laluna't patay na ang Lolo ko.

Bilang ina, istrikta si Mama. Iyon ang balanse nila ni Papa, si Papa 'yung *chill* lang, parang tropa lang kami, si Mama, medyo mahigpit laluna sa pakikitungo namin sa ibang tao. Halimbawa, kay Papa okey lang na may *crush* o may nanliligaw, kay Mama hindi hangga't di pa kami tumutuntong ng disiotso. Kapag mga *school outing* na *overnight*, dapat laging kay Mama muna magpaalam at kahit pumayag si Papa, pag di pumayag si Mama, hindi pwede. Pero *supportive* siya sa mga gusto naming i-*explore* sa buhay namin—tulad ng kung ano'ng kurso ang gusto naming kunin, at ano ang plano namin sa buhay matapos maka-*graduate*. Tulad ni Papa, hindi siya namimilit na piliin naming maging katulad nila. Pero kapag nagtatanong kami tungkol sa mga bagay-bagay sa gawain nila, *eager* naman siyang magpaliwanag at maglinaw.

Nung lumalaki na ako, hinahayaan niya akong sumabak sa mga gawain habang nakabisita ako sa kaniya. Pinapasama niya ako sa mga pag-aaral,

pinalalahok niya ako at minsan pinangunguna sa mga talakayan. Gusto niyang sa amin magmumula ang pagsali sa kilusan, ang ginawa naman nila ni Papa ay magpaunawa sa tunay na hangarin ng rebolusyon. At dahil namulat kami, sinuong din namin ang kanilang landas.

Mula noon, tuwing magkikita kami, palagi niya nang kinakamusta ang paggampan ko ng gawain. Katunayan, nakasulatan pa nga niya ang kalihim ko noon. Kapag may napapansin din siya sa aking aktitud, pinupuna niya rin ako at palagi niyang ipinaalala ang mga rebolusyonaryong aktitud na dapat taglayin ng isang kasapi ng Partido. Bilang kasama, iyon ang higit kong na-*appreciate* sa kaniya—mas madiin siyang magpuna sa amin kesa sa iba, kasi nga raw mga anak nya kami. Bagama't pareho kaming magkapatid na *vocal* sa pagsasabing ayaw naming laging naa-*associate* sa kanilang mag-asawa, inililinaw niyang hindi na sadya iyon maiiwasan, at mayroong di-maiiwasang *pressure* na dapat lamang naming dalhin.

Bilib ako sa aking mga magulang, kasama ang iba pang magulang na rebolusyonaryo dahil alam kong hindi biro ang sakripisyong mapalayo sa pinakamamahal nilang mga anak. Higit sa lahat, ang laging nakaambang panganib na maaaring sapitin ng mga supling ng rebolusyon.

Naalala ko ang mga kwento ng mga kasama at maging nila Papa nung panahong kinidnap ng kaaway ang aking kapatid para palabasin ang aking mga magulang. Pero taliwas sa gustong mangyari ng kaaway, nagtulung-tulong ang buong pamilya, mga kaibigan sa gabay ng mga kasama para ibalik ang aking kapatid. Nung ipinanganak naman ako, isang buwan pa lamang yata ako nang nahuli naman siya, naitakbo lamang daw ako nun sa kapihan kaya 'di ako nakuha ng kaaway. Matapos ang ilang taon, nireyd naman ng kaaway ang bahay na tinutuluyan namin. Wala namang NPA noon sa bahay namin, pero para kaming mga kriminal na pinagtututukan ng baril.

Tiyak akong sa mga panahong iyon, hindi sila mapakali at alalang-alala sa sitwasyon namin. Pero dahil mahalaga ang ginagawa nila, hindi lamang para sa aming pamilya, hindi sila pinanghinaan ng loob. Sa halip, sa panahong magkikita-kita kami ay palagi nila kaming kinakausap at pinopropagandahan bakit ganito ang buhay namin, na hindi lamang kami ang nakararanas niyon, para mabigyan kami ng *comfort*. Dahil hindi nga

kasi tipo ni Mama yung tulad ng ibang nanay na bine-*baby* ang mga anak, ganoon ang paraan nila ng pag-*comfort* sa amin, at sa isang banda, masasabi kong epektibo dahil natanggap at higit naming naunawaan ang halaga ng aming pagsasakripisyo. At ang resulta, lalo kaming namuhi sa estado at sa militar na simula't sapul ay tinutugis na kami dahil rebolusyonaryo ang mga magulang namin.

Naalala ko rin noong bata pa ako na laging sinusulatan ng mataas na opisyal ng kaaway ang mga kamag-anak ko—para kumbinsihin silang isuko ang mga magulang ko at nag-alok pa ng pera, tulad rin ng ginagawa ngayon sa iba pang kapamilya ng mga kasama. Pero syempre, hindi sila nagtagumpay. Alam kong malaking bahagi na rin nito ang pagrespeto nila sa piniling landas ng nanay ko—ang taos-pusong pagsisilbi sa sangkatauhan para sila'y palayain.

Sa ngayon, ilang taon nang namartir sila Mama at Papa, ang swerte ko kasi inabot ko pa si Mama na malakas pa sa Hukbo at nakasama ko pa siya ng siyam na buwan. Sa siyam na buwan, naging ka-*buddy* niya ako at sinasanay na giyang pampulitika sa Hukbo. Ang paraan niya sa akin, madalas sa gabi bago matulog nagtatasa kami ng aking maghapong paggampan ng gawain, mga obserbasyon at puna niya sa akin. Naaalala ko ang isa niyang mahigpit na bilin sa akin palagi, na bilang GP[1], kapag may mga nakikitang dapat kausapin o mga gawaing dapat na isagawa, wag nang magpatumpik-tumpik at baka lumipas ang oportunidad bago pa magawa.

Isang araw bago siya mamatay, inalpasan niya na ako para sumama sa isang ditats tim sa gawaing masa sa baryong nilapagan namin. Ika nga ng mga kasama'y 'binutaw na' para mas mahasa at mapanday sa gawaing masa. Kaya wala ako sa aktwal na labanan kung saan siya namartir, bagama't rinig namin ang putukan. Hindi ko na rin nakita ang kanyang bangkay dahil nailibing na siya ng mga kasama bago pa sila tumungo sa aming RP-han. Sa isang banda, tingin ko'y mas mabuti na iyon, para wala akong alaala ng kaniyang pagkamatay, ganoondin sa aking ama.

Matapos mamatay si Mama, lalo kong nakita kung gaano kalaki ang naging papel niya sa rebolusyonaryong gawaing pinangunahan niya—mula sa mga testamento, kwento at luha ng mga masa't kasama

1 *giyang pampulitika*



na nakasama niya.  Syempre, napakabigat para sa amin ang naging pagkawala niya, na kung tutuusi'y nasa kalakasan pa.  Pero marami siyang naiwang alaala sa akin, lalo't higit, ang mga aral sa buhay-at-kamatayang pakikibaka.  Lagi kong naaalala ang payo niya noong nagkaroon ako ng tensyon at matinding takot sa kaaway, ang sabi niya lagi sa akin, wag akong aalis, dahil dito rin ako makakabawi.  Naikwento niya rin noon na pinagdaanan niya na rin ito dati at napatunayan niyang sa pamamagitan rin ng pananatili at patuloy na pagsabak sa labanan tuluy-tuloy na maiigpawan ito.

Isang ulirang ina at kasama ang nanay ko at ipinagmamalaki namin silang dalawa ng tatay namin.  Kahit lumaki kaming malayo sa kanila, lumaki kaming maayos at mabuti.  At higit sa burgis na pakahulugan sa pagiging mga ulirang magulang, ang aming nanay at tatay, tulad ng napakarami pang mga magulang na rebolusyonaryo, hindi lamang nila tinitiyak na maayos na lalaki kaming kanilang mga anak, kundi, hinahawan nila ang kinabukasang malaya, mapayapa at masagana ng lahat ng mga anak na isinisilang sa mundo.  Para sa mga rebolusyonaryong magulang, saludo po kami sa inyo. D

# Ang Baseng Lumalaban: Kasaysayan ng pakikibaka ng Baryo Narra

NI KA ARYA

Ituloy ninyo ang laban! Huwag ninyong kalilimutan ang masa... huwag ninyo silang pababayaan." Ito ang iniwang salita ni Ka Poling, ang dating kalihim ng sangay ng Partido sa lokalidad ng Baryo Narra. Batid ni Ka Poling na kailangang mapamunuan ang masa na ilang dekada nang nilinlang ng panginoong maylupang si Cruz at ng gobyerno.

Sinundan ng mamamayan ng Baryo Narra ang yapak ni Ka Poling sa buong pusong paglilingkod sa masa, ang paglaban sa daan-taong pagsasamantala at paghahari ng pamilya Cruz sa aming baryo.

Kung wala ang rebolusyonaryong kilusan, hindi namin tatamasahin ang alwan na nararanasan namin ngayon. Sandaang porsyento na naming napakikinabangan ang ani naming tubò. 'Di tulad noong una na kakarampot ang kinikita ng mga magtutubò. Naging kasabihan na nga sa amin na katumbas na lamang ng talbos ng tubò ang napupunta sa mga anda[1]. Kaya natutulak silang gawin ang biyaheng langit[2] noon.

Dahil sa natatamasang tagumpay ng magsasaka, nakapag-aral ang maraming kabataan, hanggang kolehiyo pa nga. Dumami na rin ang mga propesyunal sa aming baryo tulad ng guro, nars at nagkaroon ng mga negosyante. Kung noon ay hahanap pa ng *interpreter* mula sa labas tuwing may mga bisitang dayuhan sa amin, ngayon ay sa baryo na lamang kukuha dahil sa dami na ng mga nakapag-aral. Marami na rin ang umangat ang buhay dahil sa nakamit na tagumpay sa paglaban ng aming mga ninuno para sa lupa.

Tandang-tanda ko pa ang malimit ikwento ng aming anda. Huling bahagi ng taong 1800 noong panahon ng pananakop ng mga Kastila,

*1 matatanda*

*2 katumbas ito ng palitik sa niyog, sa biyaheng langit, ipinapailo sa ibang pangalan na may kontrata sa CADP sa halip kay Cruz*



ang mga magsasaka mula sa Bundok ng Batulao ay nagsimula nang magsaka at hawanin ang mga gubat upang gawing produktibong taniman ang mga lupain katulad ng aming baryo.  Palay, mais, kamoteng kahoy ang pangunahing tanim ng aming mga ninuno.  Kahit ang pangalan ng aming baryo ay iba sa kung ano ang kinagisnan naming tawag ngayon, dati itong tinawag na Barangay Laban. Hanggang isang araw, dumating si Don Fernando Cruz, sakay ng kanyang kabayo. May dala siyang pagkain, regalo at mga laruan para sa mga bata habang nakikipagkaibigan sa mga magsasaka.

Nilinlang ni Cruz ang mga magsasaka sa pamamagitan ng pangakong tutulungan ang aming ninuno na mapatituluhan ang kanilang lupa sa pamamagitan ng pagkuha sa kanila ng kapirasong papel na katibayan ng pagbubuwis nila sa lupa. Sa pagtitiwala nila kay Cruz, madaling nakuha ang kapirasong papel sa mga magsasaka. Muling bumalik ang pamilya Cruz, taong 1911. Inangkin nila ang aming baryo, taliwas sa inaasahan ng mamamayan na mapapatituluhan sa kanilang pangalan ang lupain, at binago ang pangalan ng aming

baryo. Naipatalang Baryo Narra ang aming baryo hanggang kilalanin itong isang barangay at mailagay sa pangalan ng pamilya Cruz ang pag-aari nito sa pamamagitan ng paggamit sa batas ng *uninterrupted prescription*[3]. Nahati ang kinamkam na 560 ektaryang lupa sa taniman ng tubò at pastuhan ng mga hayop na umabot hanggang bundok ng Batulao, habang ang kalahati nito ay napabigay sa kanyang ginawang testigo sa pagpapatala ng lupain. Mula sa pangalang Laban ng baryo, pinalitan ito ng Baryo Narra upang ipangalandakan ang kanyang pag-aari sa lupain.

Ang dating natataniman ng palay at iba pang pananim ng aming mga ninuno'y pinalitan ng pamilya Cruz ng tanim na tubò, upang palawakin ang kanyang produksyon ng asukal. Binigyan ang mga magsasaka ng araro, kalabaw at suyod upang pabilisin ang pagkamal ng ganansya sa pagtatanim ng tubò. Ginawang alipin ang taumbaryo sa dating sariling lupang sinasaka. Bagama't wala pang asukarerang nakatayo noon, malaki na ang kinikita ni Cruz sa kanyang pataniman ng tubò sa pamamagitan ng apat na trapitse upang malikha ang *muscovado*[4]. Sa pamamagitan ng gilingan na ito, nagagawa nitong umilo[5] ng abereyds na 3 *piculs*[6] ng asukal sa isang tonelada ng tubò. Upang makahuthot ng mas malaki, ipinataw ni Cruz ang relasyong 50-50, kung saan kahati ang PML sa taàd[7], pestisidyo at bayad sa mga sakada (gapak at karga).

Ipinapasan sa mga magsasaka ang paghahanda sa lupa tulad ng paglilinis, pag-aararo at maging ang pag-aabono at sampay[8]. Dahil isang beses lamang sa isang taon ang pag-ilo na magsisimula sa buwan ng Disyembre hanggang Marso, uutangin ng mga anda kay Cruz ang kanilang panggastos sa buong taon habang kakaltasin naman ito sa saldo/kwenta sa panahon ng iluhan.

---

3 *nakasaad sa Family Code kung saan ang sinumang nakapagpatala, nakapagpalista o naipareseta ang isang parsela ng lupain nang walang anuman o sinumang naghahabol, tumutol o gumambala sa loob ng sampung taon ay kilalaning may-ari ng naturang lupain*

4 *asukal mula sa katas ng tubò (molasses) na hindi pa naipoproseso*

5 *milling*

6 *katumbas ng 63.25 kilos*

7 *binhing tubò*

8 *pag-araro sa tubuhan ng may nakatanim ng tubò*

Lalong tumindi ang pagpapahirap ng PML na si Cruz noong maitayo ang *azucarera* sa kabilang bayan noong 1927. Ipinatigil ang pagtatanim ng ibang pananim kahit na ang tsitsirya[9]. Bukod dito ay itinakda nito kung sino lamang ang kikilalaning mga kasamá sa lupain. Binigyan ng kartilya ang 21 sa kabuuang bilang na 100 magsasaka, bilang pagkilala na sila ang tanging mga kasamá sa kinamkam na lupain.

Noong 1941, nang inokupa ng Hapones ang lugar at habang nakikipaglaban ang mamamayan, umalis si Cruz. Ang dating tubuhan ay napalitan ng mga tanim na puno ng bulak na umabot hanggang sa bundok ng Batulao. Matapos ang digmaang Pilipino-Hapones, bumalik si Cruz at muling ibinalik ang taniman ng tubò. Ipinagpatuloy nito ang pyudal na pagsasamantala sa mga magsasaka.

Ibayong pinatindi ng pamilya Cruz ang pang-aapi sa mga magsasaka pagsapit ng taong 1975. Hindi na ibinigay ni Cruz ang kabahagi ng mga magsasaka sa kanilang pa-ilo ng taong 1975-1976. Nagdulot ito ng gutom at pagkabaon sa utang ng aming mga ninuno. Sinundan naman ito ng pagtataas ng *trucking fee* noong 1976, kung saan ipinakakargo sa aming mga anda ang buong bayad dito. Naghudyat ito ng pagkamulat sa aming baryo. Umangal ang mga magsasaka dahil P3.00 ang ipinapapasan sa mga magsasakang kabayaran para sa *trucking* ng tubò, samantalang P1.50 lamang ang dapat bayaran ng mga magsasaka bilang hati sa gastos. Nakipagtawaran ang mga kasamá kahit hanggang P2.00, subalit hindi pumayag ang PML na si Cruz.

Dahil hindi na masikmura ang kumakalam na tiyan ng mga pamilya, tinalunton ng mga magsasaka ang daan papuntang korte upang ipaglaban ang kanilang karapatan sa parte na hindi ibinibigay ni Cruz mula 1975-1976 at 1976-1977. Nagsampa sila ng kaso sa Regional Trial Court. Subalit kontrolado ni Cruz ang mga korte kaya hindi nasumpungan ng mga magsasaka ang hustisya. Sa halip ay nagpatuloy ang ginagawang pagsasamantala ni Cruz.

---

*9 ito ay mga pananim na itinatanim sa mga tudling, halimbawa ay kamoteng kahoy, kibal o paayap, monggo, kalabasa at mais*

Hindi na binigyan ng *trip ticket*[10] ang mga magsasaka noong 1978. Nagresulta ito sa pagkabulok ng kanilang mga tanim na tubò. Samantalang ang ilang nakapagpailo sa lupa ni Cruz ay hindi naman binigyan ng kanilang kaparte sa ilo. Matinding gutom ang idinulot ng tatlong taong panggigipit sa mga magsasaka.

Subalit likas sa mamamayan ang humanap ng kalutasan sa kanilang nararanasang kaapihan. Nakilala nila ang mga organisador na siyang tumulong sa kanila upang ilaban ang kanilang karapatan.

Tumagal ng taong 1979, wala pa ring kaparte ang mga magsasaka sa kanilang tanim. Lalong tumindi ang kagutuman sa aming baryo. Noong panahong ito ay may mga kasama nang nakakaugnayan ang aming mga anda na silang tumulong sa aming laban. Ang kagutumang lumaganap sa baryo ay binusog ng mga kaalaman sa pamamagitan ng pag-aaral at paghalaw sa mga abanteng karanasan ng pakikibaka sa mga lugar na karatig ng probinsya. Nagsilbing armas ang mga kaalamang ito na nagpalakas sa mamamayan upang tuluy-tuloy na harapin ang pamilya Cruz. Sumunod na taon, sama-samang kumilos ang mamamayan sa pamamagitan ng sama-samang pagpapalit-tanim. Ang taktika ay kalahati ng mga sangab[11] ay tubò habang ang natitira ay palay. Tinaniman ng palay ang 90 ektaryang tubuhan sapagkat nagugutom na ang taumbaryo.

Bilang tugon ni Cruz, kaagad na kinasuhan ang mga magsasaka ng *ejectment*[12] dahil sa pagpapalit ng tanim. Wala nang mas nakakatakot noon para sa kanila kundi ang kagutuman na dinaranas ng bawat pamilya. Sa halip na matakot, tinapatan ito ng mga pagkilos. Nagpiket ang mga magsasaka noong 1981 bitbit ang mga *streamer* upang ikondena ang panggigipit ni Cruz. Lalong binigkis ang kanilang pagkakaisa sa pamamagitan ng pagbuo ng samahan. Sa gabay ng Partido, itinayo ang kooperatibang sakahan na palay ang tanim. Pinatakbo ng samahan ang sakahan sa prinsipyo ng sama-samang paggawa at sentralisado sa samahan ang ani. Mahigit isa't kalahating ektarya ang sinaklaw ng kolektibong pagsasaka.

---

*10 ticket na kailangang makuha ng magsasaka o planters para makapagpailo ng tubò, kapag wala nito, hindi makakapagpailo*

*11 parsela ng lupang tinatrabaho*

*12 pagpapalayas*

Ipinatupad ang *organic farming*, kung saan walang gamot na abono ang gamit sa pagsasaka kundi mga dumi ng hayop na siyang pataba sa lupa. Tumagal nang 10 taon ang kolektibong pagsasaka. Binoykot ng mga magsasaka ang pagbubuwis sa PML, 100% na tinamasa ng mamamayan ang kanilang ani.

Tinapatan ng naghaharing uri ng karahasan ang paglaban ng mga magsasaka. Tinayuan ng detatsment ng militar ang baryo upang supilin ang lumalakas na paglaban ng taumbaryo. Sila ang kumukwestiyon sa pagpapalit-tanim sa baryo. Sinagot ito ng aming mga anda: “Kasalanan po ba ang magtanim para ipakain sa pamilya namin?”

Mabilis na inilagay ang mga magsasaka sa *order of battle*[13] ng militar. Laging ipinatatawag sa bayan ang mga lider magsasaka dahil sa akusasyon na NPA sila o di kaya ay mga *supporter*. Hinahalughog nang walang *search warrant* ang aming mga bahay, tinututukan ng baril ang mga sibilyan, binobosohan ang mga kababaihan at ninanakaw ang aming mga hayop at mga pananim.

Nilinlang din ang mga magsasaka nang minsang gamitin ng militar ang kanilang pirma sa isang petisyon sa Department of National Defense na nagpapaalis sa kampo militar sa kanilang baryo. Ginamit ang pirma sa pekeng listahan ng mga sukong NPA. Sa galit ng mga tao, nagmartsa sila mula sa baryo hanggang kabayanan para ilantad at labanan ang pandarahas ng mga militar.

Habang lumalaban ang mamamayan, ibayong karahasan ang tugon ni Cruz at ng bayarang sundalo nito. Mistulang isinugba ang base sa apoy na lalong nagpaalab ng kanilang damdamin upang militanteng harapin ang inihahasik na teror ng PML. Lalo itong nagpatalas sa linya ng armadong paglaban ng mamamayan at naghulma sa palabang katangian ng base na sintigas ng bakal. Hindi nagpatinag ang base sa samu’t saring panlilinlang at pandarahas na ginagawa sa kanila ng kaaway. Hanggang sa mga kabataan kahit pa sa mga bata ay tumatagos ang militansya ng base na makikita sa mulat na pag-uulat sa kilos ng kaaway. Kahit pa nga ang mga nanunubok na *combat intel* sa baryo ay sama-samang hinuhuli ng mga kabataan sa baryo.

*13 hitlist ng militar*

Samantala nitong 2018, sa kasagsagan ng Community Support Program (CSP) ng AFP, buong tapang na hinarap ng base ang sabay-sabay na okupasyon ng mga sundalo sa mga barangay sa Kanlurang Batangas. Mistulang kinubkob ng mamamayan ang bahay na inokupa ng kaaway at pinalalayas ang mga ito sa baryo. Hindi magkamayaw ang mga sundalo sa loob ng bahay nang kumprontahin sila ng taumbaryo. Sa takot, ang nagawa na lamang ng mga ito ay ang humingi ng *reinforcement* sa istasyon ng pulis. "May tensyon dito! Kailangan namin ng *police assistance*!" ang sabi ng tim lider ng Philippine Air Force sa hepe ng pulisya.

Matagumpay na napalayas ng taumbaryo ang militar. Tulad ng ginawa nitong taktika noong taong 2014, sinuyo ng kumander ng batalyon ang masa. Pumasyal ito sa barangay at nagpakatay ng baboy upang ipakain sa masa at namahagi pa ng mga tsinelas. Nagbago ng taktika ang mga sundalo para makapasok sa baryo. Sa pamamagitan ng BOER Farm ay inalok ng proyektong P10M halaga ang mga taumbaryo, habang kada linggong maghahatid ng pangangailangan ng proyekto ang mga sundalo. Katumbas din ito ng linggu-linggong



operasyong militar sa base. Sa huli, tinutulan muli ito ng mamamayan dahil malinaw sa kanila ang linyang makauri na naglalantad ng tunay na kulay ng proyekto ng reaksyunaryong gobyerno sa baseng tulad ng Baryo Narra. Ang pagbabago ng taktikang ito ng kaaway ay pagpapakita lamang na naoobliga din silang kilalanin ang lakas ng base na militanteng lumalaban.

Ang pakikibaka ng mga magsasaka sa Baryo Narra ay nagsilbing gulugod ng pakikibakang magsasaka sa buong lalawigan. Mula rito'y iniluwal ang maraming baseng lumalaban. Nagsilbing punlaan ito ng maraming maslider, organisador at mahuhusay na anak ng bayan na nag-Hukbo. Sa kalagitnaan ng karahasan ng PML, nag-*fulltime* ang maraming kabataan sa hayag na kilusang masa habang ang iba naman ay sumapi sa BHB. Ikinalat na mabubuting binhi ang mga ito at nagpunyagi sa hirap ng pagpupundar ng pagtatayo ng base sa buong lalawigan. Umabot na sa walo ang martir ng rebolusyon mula sa aming barangay. Gasolinang itinigis ang dugo ng bawat martir ng aming baryo na siyang tuwina'y nagpapaalab sa buhay at pakikibaka ng mamamayan hindi lamang sa Baryo Narra. Ang aming baryo ay nagsilbi ring ina na kumakalinga sa kanyang mga Hukbo upang makapagpanibagong lakas.

Ang pagsasamantalang pyudal na nagsimula noong unang bahagi ng 1900 hanggang kasalukuyan na kinatawan ng paghahari ng pamilya Cruz ang masong nagpanday sa pakikibaka ng mga magsasaka sa Baryo Narra. Si Cruz at ang reaksyunaryong gobyerno mismo ang nagturo sa amin upang lumaban at tugunin ng dahas ang dahas na nagpasibol sa makauring kamulatan ng mamamayan. Ang mga tagumpay na aming tinatamasa ngayon ay pinuhunanan ng dugo't pawis ng aming mga ninuno. Tulad ni Ka Poling, hindi kami titigil sa pagkalinga sa kagalingan ng masa at itutuloy namin ang laban hanggang makamit ang tagumpay ng rebolusyon. Patuloy kaming magtatanggol at sinumang gagambala sa amin ay kukuyugin sapagkat ang base namin ay lumalaban. D

# Si Ka Yago sa kanyang kasiglahan at kahusayan: Isang baklang nagsulong ng digmaan

NI KA PLENI

Nasaan si Ka Lyndon? Yung matangkad na bakla? Malaki na ang anak ng kabayo na ginamot nya."

Ito ang tanong ng isang magsasakang nakadaupang-palad namin nang mapa-erya kami sa minsang kinilusang larangan ni Ka Lyndon.

Ka Lyndon, Ka Greg, Ka Iñigo… iba't ibang koda na ang nagamit nya sa pagkilos sa loob ng Pulang hukbo mula nang magpultaym sya. Pero una ko syang nakilala at mas nakasama sya ng maraming mga kasama at masa bilang si Ka Yago.

2015. Nakasama ko sya sa unang beses kong pakikipamuhay sa hanay ng magsasaka, at gayundin sa unang beses kong pag-integra sa welga ng mga manggagawa. Nakasama ko sya sa una kong pagsama sa mobilisasyon sa Elbi[1], at hanggang sa unang pambansang protestang nalahukan ko sa mga kalsada ng Maynila. Kalaunan, makakasama ko sya sa unang beses kong pagdalo sa *ED festival*.

Ang lahat ng mga unang beses ko sa pagkilos bilang aktibista ay nasaksihan nya, at hindi lang ang mga unang beses kundi hanggang sa mga kasunod pang pagpapaunlad namin ng sarili sa loob ng rebolusyonaryong kilusan. At ang mga panahong nagkasama kami ang higit na nagpalalim sa aming pagkakaibigan at pagiging magkasama—sa puyatan man nang magdamagan para magrebyu ng *acads*[2] hanggang sa puyatan sa mga lakbayan ng masang magsasaka at pambansang minorya at iba pang mga mobilisasyon.

Sa mga panahong nagkasama kami sa mga gawain sa lungsod ay napatunayan ko na ang husay at talino nya lalo nang maging instruktor

1 *pinaiksing UPLB o University of the Philippines Los Baños*

2 *academics*

ko sya sa mga pag-aaral. Yumabong ang ganoong paghanga sa kanyang kasigasigan nang maging magkabahay kami at nasaksihan ko kung paano sya naging matyaga sa pag-aaral. Veterinary Medicine ang kurso nya, at kung tutuusi'y napakahirap ng kursong ito dahil napakarami mong kakabisaduhing termino, at kailangan mong maglaan ng malaking panahon para sa pagbabasa at pag-aaral. Pero pinatunayan nyang kayang pagsabayin ang pag-aaral at pagkilos at hindi dapat pinagbabangga ang dalawa dahil hindi naman ito kailanman magkahiwalay.

Madali syang makapalagayang-loob ng lahat ng mga kasama, at wala ninuman ang may masamang tinapay sa kanya. Sabi ko nga sa sarili ko, kung hindi lang sya bakla, baka nagkagusto na ako sa kanya. Pero syempre, hindi naman sya magkakagusto sa kapwa nya nakapilantik ang mahahabang pilik-mata at nagli-*lipstick* noon.

Naalala ko tuloy ang unang beses kong magturo ng BKP kung saan sya nag*sit-in*, nag-*lipstick* sya noon. Maaalala ko ulit ito nang maikwento ng mga masa at mga kasama na minsan daw syang nagdaster. Mabuti na lang talaga at mapagpalaya ang rebolusyonaryong kilusan, nagagawa nyang ipakita ang pinili nyang kasarian nang hindi inaalala ang maaaring isipin ng mga kasama sa hukbo.



Siyanga, kahit ang unang beses kong pagpasok sa sonang gerilya ay nasaksihan nya.

Disyembre 2016. Mag-aaral ako noon ng IKP sa isang sonang gerilya at sya ang isa sa magiging instruktor ko. Noon ay napakarami naming mga kabataan-estudyante galing sa lungsod na pumasok sa kanayunan at sumanib sa Bagong Hukbong Bayan. Di rin nagtagal, ang integrasyon at

pagsanib ay nauwi sa pagpupultaym ng pito mula sa amin, kabilang na si Ka Yago.

Dahil magkahiwalay ang naging disposisyon sa amin, mga kwento at balita na lamang tungkol sa kanya ang nakakarating sa amin. Hindi ko na sya nakasama sa panahon ng mga unang beses namin sa loob ng sonang gerilya tulad ng pagkadapa habang nasa lakarang maulan, ang maligaw sa daan, mahilawan ng sinaing, rumampa nang nakadamit-babae sa isang balitaan, magkagusto sa isang binatang pwersa sa lokal, makapagpaputok ng baril, mga breyktru sa gawaing masa tulad ng pagpoproduksyon, pagtuturo sa masa, pagbubuo ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa, paglulunsad ng mga kampanyang masa at iba pa.

Pero ang hindi nawawala sa mga kwento ng mga kasama ay ang kahusayan nya bilang Giyang Pampulitika (GP), Platun Instruktor (PI) at upisyal medikal. Tunay ngang walang trabaho ang hindi nya kayang gawin at ang mga itinatalaga sa kanya'y buong-loob at may puso nyang nagagampanan. Buhat na rin siguro na panganay sya sa kanilang magkakapatid, kaya marunong syang tumangan ng responsibilidad, kumprehensibo at mahusay mamuno sa tropa. Mahusay syang magpayo sa mga kasamang binabagabag ng mga suliranin at mapagtatanto mo na lang sa sarili mo matapos syang makausap na 'Oo nga ano? Bakit ko nga ba naisip yun?'.

Lalong hindi mawawala sa mga kwentong nakakarating sa amin ang pagiging manggagamot nya sa mga alagang hayop ng masa tulad ng kabayo, kalabaw, unggoy, at kahit ang ahas na lumabas sa kulumpon ng mga bunot habang gumagawa kami ng *field* na tinaga na ng mga kasama ay gusto nya pang gamutin. Nang minsang pinakonsulta ng isang masa kay Ka Yago ang kanyang kabayong gusto na nyang katayin dahil hindi na makabangon at nanghihina, tiningnan lamang ni Ka Yago ang kabayo at hinawakan, agad syang sumagot na "Huwag nyo pong katayin ang kabayo. Buntis po ito."

Sa lahat ng mga naririnig kong kwento tungkol sa kanya, lalo akong humanga sa kanya dahil pinatunayan nyang hindi usapin ang pagiging bakla upang makapaglingkod sa masa at rebolusyon. Pinatunayan

nyang pagdating sa digmaan, ang pagiging malumanay na bakla ay maaaring maging matapang kapag buhay at kapakanan na ng masa ang pinag-uusapan. Ang lahat ng mga tahimik at mahinhin ay kaya ring maging mabangis—pero maganda pa rin—na tigre sa panahon ng labanan.

Pebrero 14, 2019. Hindi ko alam kung unang depensibang labanan nya iyon pero iyon marahil ang depensibang hinding-hindi malilimutan ng mga kayunit nya. Hindi na nakasama pa ng mga kasama nya si Ka Yago sa atrasan matapos ang mapula-sa-dugong Araw ng mga Puso na iyon. Sino ang makapag-iisip na sa maagang panahon at sa rurok ng kanyang kasiglahan ay iaalay na ni Ka Yago ang kanyang buhay sa pagsusulong ng digmang bayan?

Tulad ng sinasabi sa kanyang paboritong rebolusyonaryong awitin, wala syang gantimpalang inasahan nang sya ay kumilos nang makatwiran sa kanyang pagpapasyang tanganan ang pinakamataas na antas ng pakikibaka. Hindi naging hadlang sa kanyang pagkilos at pagiging masaya sa rebolusyon ang kanyang pagiging may piniling



kasarian. Tayo ang magpapatuloy ng nasimulan nyang paglikha ng bukas na nais nyang makita, at magsisilbi syang inspirasyon sa mga kabataan, intelektwal, may piniling kasarian, at lahat ng mamamayan upang sumunod sa kanyang yapak.

Itinakda ng araw ng pagkamartir ni Kasamang John Carlo "Ka Yago" Capistrano Alberto ang unang araw ng kanyang kawalang-kamatayan dahil ang dakila nyang buhay at pakikibaka ay nakaukit na sa rebolusyong Pilipino at ang kanyang puntod ay nakaukit na din sa puso ng masang kanyang pinaglilingkuran.

# Ang pagkamulat ko sa Baryo Masikap

NI KA LIBE

Apatnapu't dalawang taon na ang lumipas, Abril 1978, nasa kasagsagan pa ang Batas Militar ng diktador na si Ferdinand E. Marcos, nang magtungo kami sa isang baryo sa probinsya ng Pampanga sa Gitnang Luzon para makisalamuha at makipag-aralan sa mga magsasaka.  Ang pagtungo sa baryo at pakikisalamuha sa mga magsasaka ay bahagi ng aming Field Education na isang *requirement* sa mga mag-aaral na nais maging Ministro ng simbahang Protestante. Ang Field Education ay bahagi ng kurikulum sa Church and Society na isa sa mga *subject* na itinuturo sa Seminaryong aming pinapasukan.

Natatandaan ko pa, sa panahon ng aming oryentasyon, binigyan diin ng isa naming propesor ang kahalagahan ng Field Education sa paghuhubog ng aming sarili bilang tunay na mga alagad ng simbahan na may malalim na pag-unawa sa kalagayan ng mga inaapi at pinagsasamantalahan sa lipunang Pilipino lalo na sa ilalim ng batas militar ni Marcos.  Hamon pa niya sa amin, "Paano natin maihahatid ang magandang balita ng kaligtasan kung hindi natin alam ang sitwasyon ng mga taong ating paghahatiran ng mabuting balita?  Paano natin sila pagkakalooban ng pag-asa kung hindi natin alam ang mga bagay na nagdudulot sa kanila ng pighati at kawalang pag-asa?  Paano natin ipahahayag ang pangangailangan ng hustisya kung hindi natin alam ang mga dahilan kung bakit sila dumaranas ng kawalang hustisya?  Paano natin sasabihin sa kanila na si Hesukristo ay para sa mga mahirap, inaapi at napagkakaitan kung hindi natin malalim na sapul ang mga dahilan kung bakit sila mahirap, inaapi at pinagsasamantalahan?"

Siyam kaming seminarista na kabilang sa grupo na tumungo sa Pampanga.  Ang ibang grupo ay sa ibang probinsya sa Gitnang Luzon nagsipagpunta.  Karamihan sa mga kasamahan ko ay mga konserbatibo.  Iilan lang kami na masasabing may pagka-aktibista.

Isang tipikal na baryong sakahan ang Masikap, ang baryong aming napuntahan kung saan pagtatanim ng palay ang pangunahing ikinabubuhay ng mga magsasaka.  Dahil magtatapos ang buwan ng Abril, dinatnan namin ang mga magsasaka na abala at nasa kasagsagan ng paghahanda sa lupa para pagtaniman ng palay.  Dito na uminog ang aming panahon sa baryo, sa arawang pagtulong sa produksyon sa tubigan, talakayan sa pagitan ng mga pahinga at sa gabi naman ay konting talakayan at may paminsan-minsan nagsasagawa ng pag-aaral ng Bibliya at pangkulturang aktibidad.

Ang lupang binubungkal ng mga magsasaka ay sumasailalim sa huwad ng programang agraryo ni Marcos na Presidential Decree 27 (PD27) at kaakibat nito ang malaganap na pagpapatupad sa programang Masagana 99 sa balangkas ng Green Revolution ni Marcos.  Sa mga talakayan, aming napag-alaman at natutunan na hindi nilutas ng PD27 ang pangunahing problema nila sa lupa at kung paano pauunlarin ang kanilang kabuhayan.  Anila, nasa ikaanim na taon na ang pagpapatupad ng repormang agraryo ni Marcos sa ilalim ng PD27 pero wala pa rin silang nararamdamang pagbabago sa



kanilang hikahos na kalagayan. "Lalo lamang lumiit ang aming kinikita dahil sa napakalaking gastos ang nagugugol namin sa produksyon at sa kabilang banda napakababa naman ng presyo ng palay ang bili sa amin sa *farm gate*."

Paliwanag pa nila, "Dito sa amin, hindi kaming mga magsasaka ang nagtatakda ng presyo ng aming ibinebentang palay. Ang malalaking komersyante at *rice trader* ang nagtatakda ng presyo".

Dagdag pa nila, "Napakataas ng singil sa irigasyon, napakamahal ng abono at pestisidyo. Kailangan pa naming umupa ng mga manggagawang bukid para sa pagtatalok, paggagamas at pag-ani. Bukod pa ang gastos namin sa bayad sa paghahakot ng mga inaning palay mula sa palayan hanggang tabing kalsada."

Bagama't mura ang halaga ng binhing palay na pinagkakaloob ng gubyerno, bugbog naman daw sila sa gastos dahil sa sobrang matakaw sa abono at pestisidyo ang uri ng binhi na pinagkakaloob sa kanila ng gubyerno sa ilalim ng Masagana 99. Sabi pa ng mga magsasaka, "Hungkag ang repormang agraryo ni Marcos dahil sa lalo lamang kaming nabaon sa utang". Kulang pa sa kanilang pang-araw araw na gastusin ang kinita nila sa pagbebenta ng inaning palay. Bukod dito, kailangan pa nilang bayaran ang amortisasyon sa lupang naipamahagi sa kanila sa pamamagitan ng PD27. Ang iba nga sa kanila ay binawian na ng lupang sakahan dahil sa hindi nakababayad ng kanilang taunang amortisasyon.

Pero ang hindi namin makakalimutan at tumatak sa aming isipan ay hinggil sa mga sinabi sa amin ng mga magsasaka kaugnay sa New People's Army na kumikilos sa kanilang barangay.

Tanda ko pa, humigit kumulang alas singko ng hapon nuon, habang nagtatalakayan kami ng ilang masang magsasaka, ay may natanaw kaming ilang "armaduhang grupo" na nasa di kalayuan at patungo sa amin. Agad kaming nagkagulo at iba sa amin ay akmang magsisitakbuhan pero madali kaming pinayapa ng mga magsasaka. "Huwag kayong matakot at mabahala, mga kasama sila. Mababait ang mga iyan at matulungin," banggit ni Ka Patring, isang kinikilalang lider magsasaka sa baryo. Ang tinutukoy ng mga magsasaka na

kasama ay ang yunit ng NPA na nakakasaklaw sa kanilang baryo. Halatang marami sa amin ang nabigla at nakaramdam ng takot dahil nuon lamang kami nakakita ng NPA at pawang sa mga kwentuhan at sa balita lamang namin naririnig at nababasa ang tungkol sa kanila. Karamihan pa sa mga balitang aming naririnig at nalalaman ay galing sa kontroladong midya kung saan ang imaheng pinalilitaw nila ay "napakasama" ng NPA.

Pero iba ito sa aming karanasan. Nasaksihan namin kung paano mainit na tinanggap ng mga magsasaka ang dumating na mga NPA sa kanilang baryo. Kamay dito, kamay duon. Alok dito, alok duon. Mararamdaman mo sa masang magsasaka ang kanilang pananabik. Makikita mo sa kanilang mga mukha ang labis na kasiyahan sa pagdating ng NPA. Pinabubulaanan ng eksenang aming nasaksihan ang mga paninira at panlilinlang na ginagawa ng diktadurang Marcos sa taumbayan kaugnay sa NPA.

Hindi naman masyadong nagtagal ang yunit sa lugar. Matapos makipagkamay, konting kumustahan sa masa at sa amin. Pinagtimpla muna sila ng kape ng masa at habang umiinom kami ng kape nagkaroon ng pakilanlanan sa pagitan namin at ng yunit ng NPA na dumating. Nagkatawanan pa dahil ang iba sa amin, palibhasa'y walang alam sa paggamit ng pangalan sa pakikibaka, tunay na pangalan ang kanilang nababanggit. Natuwa na rin kami dahil mismong mga NPA ang nagbigay sa amin ng mga gagamiting naming pangalan sa pakikibaka.

Hindi nagtagal ay nagpaalam na rin ang yunit. Ang dating nararamdamang takot at pangamba ay biglang nahalinhan ng kalungkutan dahil sa maikling panahon na kapiling namin sila ay para bagang matagal na kaming magkakakilala. Sabi ng isa naming kasamahan, "Ang daling makagaanan ng loob ng mga NPA."

"Ramdam mo ang kanilang kabaitan at pagiging magalang sa pananalita," sabi naman ng isa.

"Hindi lang iyon, masayahin pa sila," tugon naman ng pinakamatanda at pinakakonserbatibo sa aming grupo.

Napag-alaman namin na papunta sila sa kabilang baryo para duon mag-gawaing masa at hindi muna sa aming tinutuluyang baryo dahil kami'y alam nilang naruon. Marahil pinag-iingatan din ng yunit ang aming seguridad at umiwas na magkaroon ng sagupaan sa baryo at malagay kami sa panganib.

Nang makaalis na ang yunit, isang kasamahan ko ang nagtanong sa mga masang aming katalakayan kung hindi ba sila natatakot sa armaduhang grupong NPA na tulad ng nararanasan ng iba sa amin na nuon lamang nakakita ng NPA. Tanong niya, "Hindi ba kayo natatakot sa NPA? Hindi ba kayo natatakot sa kanilang hawak na armas?" Isang tipikal na tanong ng mga kabilang sa taong simbahan na minulat ng reaksyunaryong institusyon na marahas ang paghawak ng armas at paglulunsad ng armadong pakikibaka bilang paraan ng pagbabago ng lipunan. Karamihan sa amin ay tinuruan na kung may nais mang pagbabago na gagawin sa lipunan, dapat itong gawin sa hindi marahas na pamamaraan.

Pero ganito ang naging sagot sa amin ng mga masa: "Hindi namin kinakatakutan ang NPA sa katunayan labis ang aming pagmamahal sa kanila. Lahat ng kaya naming maitutulong ay aming taos-pusong ipagkakaloob sa kanila. Mayroon kaming mga iniipon-ipon na materyal at pinansyal na regular naming pinagkakaloob sa kanila bilang suporta dahil alam namin na kapakanan at interes naming mga magsasaka ang kanilang ipinaglalaban."

"'Yung isang kasamahan nila, na bukod sa nakipagkamay ay nagmano pa sa akin, siya ay aking anak, si Melvin," sambit naman ni Ka Tonyo.

"Marami sa mga dumadaan ditong NPA kanina ay nagmula sa baryong ito," ani naman ni Ka Peping.

Sabi naman ni Ka Juan, "Itong aking bunso gusto ring maging NPA. Ang kaso ang sabi ng mga kasama ay hindi pa daw siya ubra dahil sa wala pa siyang 18 taon."

Patuloy pa ang kanilang ginagawang pagpapaliwanag, habang kami'y matamang nakikinig sa kanila.

Nakakamamangha ang kanilang mga kwento hinggil sa mga NPA at sa mga nagawang kabayanihan nila.

"Alam ninyo mga kasama," paliwanag ni Ka Patring, "Ang armas na hawak ng NPA ay malaki at malalim ang kahulugan nito sa amin. Katarungan, kapanatagan at kaayusan ang hatid nito sa amin. Hindi katulad ng AFP at PC[1] na ginagamit ang baril sa karahasan, sa panunupil at panggigipit sa aming mga magsasaka."

"Mula nang dumating sa aming lugar ang NPA, nagkaroon na ng katahimikan, kaayusan at katiwasayan ang aming baryo. Nawala ang mga magnanakaw ng kalabaw at iba pang hayop sa aming baryo na pinaniniwalaan naming nasa ilalim ng proteksyon at pangangalaga ng AFP at PC. Pinarusahan ng mga NPA ang mga lider at utak ng sindikato habang ang iba ay pinagbayad ng danyos perwisyo at pinalayas sa baryo", paliwanag pa ni Ka Patring.

Ayon naman kay Ka Juan, "Mula nang dumating ang NPA sa aming baryo, nagkaroon kami ng mahigpit na pagkakaisa at tulungan mula sa dating pagkakanya-kanya at mga hindi pagkakaintindihan. Ngayon kapag may mga alitan sa pagitan ng mga taong baryo, may komite na nagsasagawa ng arbitrasyon para mapagkasundo ang dalawang panig na may alitan o di pinagkakasunduan. Sa pamamagitan ng aming organisasyon at sama-samang pagkilos, nagkaroon kami ng mga ganansya sa kabuhayan sa pamamagitan ng pagsusulong ng rebolusyong agraryo na programang bitbit ng NPA."

"Ang NPA ang nagmulat, nag-eduka, nag-organisa at nagturo sa amin na sa pagkakaisa at pagkilos magkakaroon ng tagumpay. Kakaiba ito kapag mga sundalo at pulis ang nasa aming lugar, takot, pangamba at karahasan ang aming nararanasan." dagdag pa nila.

Bumalik kami sa seminaryo dala ang mabungang karanasan at napakayamang kaalaman na aming natutunan sa loob ng mahigit sa dalawang linggong pakikipamuhay sa mga magsasaka ng Baryo Masikap. Maraming reyalisasyon at pagbabago ang naganap sa aming sarili lalo na sa bahagi ng mga kasamahan kong konserbatibo ang pananaw sa simbahan, lipunan at rebolusyong Pilipino. Aming

1 *Philippine Constabulary*

natutunan na hindi sa aming nakapag-aral ang makakapagsabi kung anong landas ang dapat tahakin ng mga magsasaka at anong paraan ang kanilang pipiliin para mabago ang kanilang abang kalagayan. Bagkus, sila sa pamamagitan ng kanilang mayamang karanasan sa pakikibaka sa kanilang kaaway sa uri ang nasa pusisyon para ukitin ang kanilang kasaysayan. Napagtanto naming matuto sa kanila, kilalanin at panghawakan ang alam nilang paraan na makakapagbago sa kanilang buhay.

Subalit, ang naging pinakamahalagang salik na nagbunsod sa biglang pagbabago sa pananaw ng aming mga kasamahan sa armadong pakikibaka at sa NPA ay mula sa mayamang kwento ng mga magsasaka at sa nasaksihan naming eksena kung paano mainit na minahal at lubos na tinangkilik ng mga magsasaka ng Baryo Masikap ang mga NPA. Dahil dito, marami sa mga kasamahan ko ang natanggap ang kahalagahan ng armadong pakikibaka at sa ginagampanang papel ng NPA sa pagsusulong nito para sa pagbabago ng lipunang Pilipino.

Halos lahat ng mga nakasama ko sa grupo na nagtungo sa Baryo Masikap ang namulat at naging kasapi ng Christian for National Liberation (CNL) at Partido Komunista ng Pilipinas habang nasa seminaryo. Ang alam ko din, pagkagradweyt at naging mga Ministro, nagpatuloy ang kanilang antas ng komitment at dedikasyon sa pagkilos, sa iba't ibang paraan, sa pagtataguyod ng interes at kapakanan ng sambayanang Pilipino. Pinatunayan lamang nito na ang pinakaepektibong paraan sa gawaing pagmumulat sa taong simbahan ay ang iugnay sila sa pakikibaka ng mga batayang sektor tulad ng mga magsasaka. D

# Mga apo ni Ka Goyo

Salaysay ni Ka Marley

Bata pa lamang ako ay nakilala ko na siya bilang Ka Delio, isa sa mga kakolektibo ng aking mga magulang, tatay ng isa sa aking mga kalaro. Habang lumalaki ako at namumulat sa katangian ng gawain ng aking mga magulang, mas nakilala ko siya bilang isa sa mga 'matatanda' sa rehiyon. Pero nang mag-NPA ako, doon ko lubos na naunawaang ang 'matanda' pala ay sariling lenggwahe ng mga kasama para tukuyin ang mga pangunahing kadre ng bawat yunit.

Ako si Marley, apo ako ni Ka Goyo, hindi dahil anak ako ng anak niya (na mas bata sa akin kung tutuusin), kundi dahil inaanak niya sa kasal ang mga magulang ko, at itinuturing siyang isa sa malalapit na kasama at kabalaybay-bunga ng tatay ko. Ngayon, kilala siya ng marami bilang si Jaime "Ka Diego" Padilla, ang sikat na sikat na tagapagsalita at malakas na tinig ng rebolusyon na kumakatawan sa Melito Glor Command-NPA Southern Tagalog. Pero para sa amin, hindi lamang siya si Ka Diego bilang tinig ng rebolusyon. Isa siyang mahusay na kadre at kumander, gabay ng mga kasama na mas nakagawian nitong huling tawagin bilang 'Lolo', at tapat na tagapagsilbi ng masa.

Huling panahon ko nang nakasama si Ka Goyo, maedad na siya, may ilan nang iniindang sakit at lagpas na sa edad ng pagreretiro. Pero tulad ng maraming maeedad na kadre ng Partido, hindi siya kakikitaan ng kagustuhang magretiro. Para siguro sa marami sa kanila, walang lugar ang pagreretiro sa rebolusyon. Ika nga ni Ka Joma, *"I will retire with my boots on"*, at kakayanin pa rin nila ang anumang sitwasyon kahit na sadyang marami nang limitasyon.

Sa ilang panahong nakasama namin siya, napansin kong *sweet* at malambing siya sa mga kasama. Sa tuwing magkikita kami, may pasalubong siya sa amin (at mga kakolektibo ko) na *cloud-9 overload*, dahil alam niyang mahilig kami sa matatamis. May kwento pa nga ang mga ka-*buddy* niya na nagpabili siya ng kung ilang duyan na lubid para ipasalubong sa akin at ilan pang mga kasama. Kaya lang, dahil sa



mabibigat na atrasan nila bunga ng FMO ng kaaway ay napilitan silang iwan at ipamigay na sa iba ang mga ito. Gayunman, tinuturuan niya ang mga kasama na maging matipid at masinop sa pinansya. Lagi niyang sinasabi na noong panahon nila, kapag hindi sila nakalapag sa masa, wala silang kakainin. Karaniwan rin niyang imik na "noong dati nga, kami ganito, ganyan..." para ipatimo sa amin ang pinagdaanang mga pagsubok ng Partido at buong kilusan bago inabot ang antas na nito sa kasalukuyan.

Tuwing magkikita kami, lagi niyang kinakamusta ang kalagayan naming magkapatid—kung kumusta ang gawain, kung nagkakakontakan ba kami, kung maayos ba ang takbo ng relasyon ko sa aking karelasyon, na kakilala niya rin. Lagi niya rin kaming pinapayuhan sa personal naming buhay. Ang sinasabi niya, marami nang nagpapaalala sa amin sa gawain, kaya sa personal nalang naming buhay siya magpapayo. Kaya naman, sa panahong magkakaroon ako ng krisis, kapag nariyan din lamang siya, isa siya sa mga unang nakakaalam.

Noong nagkaproblema kami ng karelasyon ko, akala ko pagagalitan niya ako dahil nag-iiyak ako nang ilang araw. Pero ang sabi lamang

niya sa akin, "Kumusta ka? Naiyak ka raw eh. Basta't kumapit ka, at tiyak na ganoon din siya, sabihin mo'y mas marami pang mahihirap na problemang pagdaraanan kayo kaya dapat eh wag siyang bibigay."

Magaling din na medik si Ka Goyo. Isa rin sa mga hindi ko malilimutan sa kanya ay noong nagkasakit ako noong 2017—nagtae ako nang halos isang linggo. Hindi na ako halos makakain noon at talagang namayat ako. Inalagaan nila ako ni Ka Bea, at nung matagal nang hindi ako gumagaling, pinayuhan niya na ako na magpa-*acupuncture* sa tiyan. Syempre, si Ka Bea ang nagturok, itinuro lamang ni Lolo ang *points* kung saan ituturok ang *acu*.

Mayroon din kaming mga kasamang mahihina ang pandinig na in-*acu* rin ni Ka Goyo sa paligid ng tenga. Sakto pa namang ipinapanood namin sa mga estudyante ng AKP[1] ang isang *video documentary* sa China noong sosyalistang bansa pa ito kung saan napagaling ng mga medik ng PLA[2] ang mga batang bingi't pipi *(deafmute)* sa pamamagitan ng *acupuncture*. At makalipas ang ilang araw na pag-*acu* ni Ka Goyo sa mga kasama, luminaw ang kanilang pandinig.

Malapit din siya sa mga bagong sampang kabataan. Nanibago siya nang dumami ang mga may piniling kasariang kabataan sa yunit. Anuman, hindi nagbago ang pakikitungo niya sa mga kasamang ito tulad ng kanyang naging ka-*buddy* na bakla.

Si Ka Peter ay may pinagdaanang krisis sa kilusan. Tampok para sa akin ang naging *handling* ni Ka Goyo sa kanya nang minsang magkaroon siya ng kahinaan at naging dahilan para ilipat sa ibang yunit. Kahit na sadyang nakaramdam rin ng inis at galit si Ka Goyo sa nagawa ni Ka Peter, hindi rin niya sinukuan ang kasama. Isa siya sa pangunahing nagpapayo at laging nagpapaalala rito para maigpawan ang mga naging kahinaan sa nakaraan.

Naaalala ko rin ang isang pagkakataon kung saan pinasama sa gawaing militar si Ka Peter. Para talagang naging 'lolo' si Ka Goyo at 'ate' naman si Ka Bea ng kasama. Inasikaso nila ni Ka Bea ang mga pangangailangan ni Ka Peter tulad ng bubong, ilang pang-*emergency*

---

1 *Abanteng Kursong Pampartido*

2 *People's Liberation Army*

na pagkain, atbp.  At nang makaalis na ang tim ng mga nagdetats, sa pulong ng komand ay lagi siyang nagtatanong kung kamusta na ang resulta ng gawain ng mga kasama.

Nagkaroon ng ka-*buddy* noon si Ka Goyo, si James.  Nang muli kaming nagkita sa isang aktibidad, hinahanap niya at kinumusta si Ka Goyo.  Syempre, hinangaan niya ang matiyagang pagsisikap ni Ka Goyo na makasabay sa mga kabataan sa panahon ng mahahabang lakaran laluna nang mapasabak sila sa mahaba-habang atrasan.  Kwento niya, isang 'di niya malilimutan kay Ka Goyo ang palaging pagpapanood sa kanila ng pelikula tuwing may pagkakataon, kahit sa gitna ng mga lakaran.

Sa ngayon, naroon si Ka Goyo, sa kulungan, malayo sa pangarap na isinakatuparan niya—ang maging tagapaglingkod ng masa at makapiling sila sa buong panahon ng kanyang buhay.  Doon, sinisikil ng estadong kinalaban niya ang kanyang karapatan, kahit na kung tutuusi'y mahina na at marami na siyang sakit.  Ano pa ba ang gusto ng kaaway sa kanya? Pero anu't anuman, talo na ang kaaway kahit nahuli nila si Ka Goyo. Naiambag na ni Ka Goyo ang malaking bahagi ng kanyang buhay, lakas at talino sa rebolusyon at naisalin na ito sa mga kabataan na kanyang nakasalamuha at nakasama sa gawain.  Ngayon, higit na lumalakas ang rebolusyonaryong kilusan sa iba't ibang bahagi ng mga eryang kinilusan niya.

## Salaysay ni Ka Bea

Una kong nakita si Ka Goyo sa kampuhan, napansin ko agad na hindi siya pala-imik katulad ng iba pang mga kasama roon.  Madalas ay nasa loob ng kanyang kubo at aabutan kong laging nagbabasa sa tuwing maghahatid ako ng pagkain sa pormasyon.

Sa isang beses na paghatid ko ng meryenda, "Ah, ikaw pala yung bagong dating.  'Yaan mo, nalalapit na ang pulong natin, mas magkakakilala tayo nang lubusan."  Kasabay ng pagiging tahimik niya ay mahilig pala mag-obserba sa paligid.

Dumating na ang pulong.  Ang sabi ni Ka Goyo, "Paano, tayo-tayo na 'tong magkakasama hanggang tagumpay." Sabay tawa nang napakalutong.  "Hihingi ako ng tulong mula sa inyo, alam niyo naman,

hindi ko hiningi itong gawain pero ipapatupad ko ito sa abot ng aking makakaya." Ito na ang panahong hinirang siya ng Komiteng Rehiyon sa Timog Katagalugan bilang bagong tagapagsalita ng MGC, si Jaime "Ka Diego" Padilla.

Napakamababa pala ng loob ni Ka Goyo. At kung tutuusin, ay hindi mahilig sa *limelight*. Sa mga kapehan o aktibidad ng hukbo, lagi siyang naroon, katabi ang mga mandirigma, magbibigay man ng mensahe o hindi.

Mahusay siyang magtalumpati. Kapag nagsisimula na siyang magsalita, marami ang matamang makikinig. Bukod sa bihira nilang marinig ang boses ni Ka Goyo, batid ng mga kasama na ang bawat salitang lumalabas sa kanyang bibig ay gintong aral na hinalaw mula sa kanyang mayamang karanasan sa pakikibaka.

Sa aming larangan ng gawain, madalas pinapaasikaso ni Ka Goyo sa akin ang pagdedetalye at pangangasiwa nito. Ang sabi niya, "Dapat kayong mga bata na ang humawak nito. Matanda nako, sayang ang pagkakataong masanay at ang karanasan kung sa akin pa ito. Nandito naman ako para gumabay."

Ang pagbibigay ng pagkakataon ni Ka Goyo sa mga kabataan na manguna at mamuno sa gawain ay bahagi ng pagkilala niya sa papel ng kabataan bilang tagapagmana ng rebolusyon at mga susunod na tagapaghalili sa pamumuno nito.

Si Ka Goyo, kahit matanda na, ay may lakas pa sa lakaran at hindi pahuhuli sa mga kasama. Minsan, sabi ko ipadala niya na ang bag niya sa mga kasama. Sagot niya, "Huwag na, kaya ko pa. Gaan-gaan lang 'to o. *Computer*, damit at mga pantulog lang laman nito. Mas mahirap magdala nang walang bag habang nakikita mo ang mga kasama sa paglalakbay ay nagsasakripisyo sa pagdadala ng kanilang mabibigat na *pack*." Sabay biro sakin, "Ikaw, magbawas ka ng dala. Sige ka, hindi ka na magkakaanak." Kukunot ang noo ko at tatawa ulit siya nang malakas.

Naalala ko bagong lipat kami sa pwesto. Kailangan gumawa ulit ng tulugan. Nag-ipon na 'ko ng mga materyales para sa gagawin kong papag. Pagbalik ko sa aking pwesto, hayun nagbubugsok na ang matanda. Ipinupwesto niya na ang magiging mga paa ng papag ko.



Sabi ko, "Ka Goyo, ako na diyan.  Gagawa ka pa ng pwesto mo."

"Tulungan na kita.  Tapos na 'ko, o."  Sabay turo sa kanyang kubo.  May mesa at duyanan na ito.  "Para mapadali at hindi ka abutin ng gabi.  Sige na, lakad na.  Kuha ka pa ng gagamitin mong materyales.  Ilabas mo na lang ang bubong mo para masukat ang lawak nitong pupwestuhan mo."

Sa pagkain, napakahilig ng matanda sa bagoong kahit masama ito sa kanyang kalusugan.

Sabi ko, "Ka Goyo, 'wag ka nang kukuha ng bagoong sa kusina.  Alam mo namang bawal eh."

"Hindi.  Kung ano ang kakainin ng mga kasama kakainin ko rin," sagot niya.

"Hay naku!  Magluluto na lang ako ng bago.  'Yung hindi maalat.  Dito

ka kukuha ha?"

At tumawa ang matanda. "Sige, para walang ligalig."

Maya-maya. "O ayan, hindi ko inubos. Pampalasa lang sa kanin. Alam ko namang bawal. Hindi naman ako sosobra." Sabay abot sakin ng aking bagong timplang bagoong. "Makatikim ka man lang ng niluto mo. Masarap," pambobola niya.

Pero ang totoo, ayaw niyang mapaiba ang pagkain niya sa mga kasama. Kung ano raw ang nariyan ay pagsasaluhan ng lahat.

Dumating din sa punto na nagkakrisis ako habang magkasama kami bilang magkakolektibo. Pinuntahan niya ako sa kubo ko para kausapin lang ako. Hinayaan niya lang akong umiyak, sabay sabi, "Sige, umiyak ka lang. Pero tandaan mo, ang babaeng rebolusyonaryo, kahit anong hirap ang danasin, kaya pa ring tumindig sa kung ano ang tama. Hindi siya magpapadala sa anumang agos na maghihila sa kanya pabalik sa lumang lipunan. Kahit asawa niya pa ito. May sarili kang desisyon at paninindigan."

Tinanganan ko ang kanyang payo. Tumigil na 'ko sa pag-iyak at sumulong pa sa pagrerebolusyon.

Ganyan si Ka Goyo, isang lolo na mahusay magpayo at isang kadre na laging nariyan para gumabay at umalalay.

Alam kong hindi titigil si Ka Goyo sa pagkilos kahit nasa kamay pa siya ng kaaway. Dahil isa siyang huwarang rebolusyonaryo na kahit sa kanyang matandang edad ay handa pa ring sumuong sa pagrerebolusyon at mag-ambag ng kanyang ganang-kaya. D

# Why I joined the NPA

NI KA GIRO

PULANG SALUDO SA INYONG LAHAT!

Ako si Kawal.

*Currently I am a political officer in the New People's Army.*

*It is close to a several years now that I have left my homeland, to serve side by side with my comrades in the Protracted People's War. Unlike my comrades, I am from another country—I grew up abroad in the center of an imperialist country, never knew a word of* Tagalog*, but I was united in the shared struggle of workers, students, and discrimination that was shared by Filipinos. I hope my story can paint for all of those who will read this article a clear picture of the reality of working class families and immigrant families overseas. And also to reach readers in other countries as to why I joined the NPA, and this protracted people's war.*

*Before I came to the NPA, I was a working student. I worked to help pay for my education and also to help pay for my everyday needs like food and transportation. I didn't want to be a burden to my family so I studied hard and constantly struggled to find stable work. Being only a high school graduate, it was hard to find a job, where even for a simple job working in a restaurant, applicants with college degrees were preferred. Many times I felt demoralized and discouraged due to the instability of finding work, having low wages, and the high cost of living in my homeland. On top of that, because of my appearance, I often had been the target of discrimination by police and the wealthy. This had been an experience for me since I was young and all throughout high school. Even before college, when I was in high school I was angry and frustrated. I was sick and tired of the racism, the exploitation faced by my family members, friends, and the poor, and I wanted to do something about it. It was through this frustration and anger that I became an organizer.*

*As an organizer, I began to really learn and understand the experiences of the poor, and I saw the importance of an organized base—the importance of a mass movement and a revolutionary movement. There had been many protests, campaigns, and other forms of activism; however, people in my homeland struggled to unify under a solid political revolutionary line. There were efforts in the past to unite the people but they were destroyed by government campaigns targeting the mass movement. The leaders killed or arrested and the people forced to submission via neoliberal reforms. It was clear to me then that no amount of reforms can change the system as it was controlled by the rich and oligarchs via the system of capitalism. While portrayed as a democracy, it was really a dictatorship of the rich, in which we elected new leaders to tell us the same lies.*

*The policies passed only reinforced this reality. More and more the price of housing increased. The contractualization and disposability of workers worsened. The price of education climbed even higher forcing the poor to take lifelong debts just to study. The intervention of military troops abroad continued even under a "progressive" leader. Every year the power was concentrated more and more to the wealthy, and the basic human rights such as the right to study, for free healthcare and housing, was diminished for the poor. In such a system, I began to see the only solution was revolution.*

*It was at this point I became attracted to revolutionary writings. I learned that imperialism can only be destroyed at its weakest links, by destroying the power of the corporations at the source of their power—which was concentrated to the third world and in the areas where their power was most threatened, in areas where revolutionary movements are strong, where through corrupt governments, the privatization of natural resources to serve imperialist nations instead of the people was maintained. Therefore I began to study other revolutionary movements around the world, in South America, in Kurdistan, in India, but I was most inspired by the Philippine revolution. I was inspired by the Philippine revolution's solid political line, its victories against reformism and revisionism, which had already slowly began to infect other movements. I was inspired by its mass movement and its armed struggle. How even after so many years, the revolution maintained the aspirations of*

*the poor for national liberation. I saw that by supporting the Philippine revolution, it can have impacts on the world—to inspire other countries that even in the 21st century, revolution is possible. That despite the strength of imperialist nations' militaries, nothing can stop a just war and a war based upon the aspirations of the people, that it would be one concrete step to contributing to the destruction of the worldwide system of exploitation and oppression. So I packed my bags and joined the New People's Army.*

*At first, life in the NPA was hard, I didn't know any* Tagalog *and I struggled in the jungle terrain. But I saw the examples of the comrades and it always inspired me, walking through typhoons, steep mountains, across wide rivers and ravines. It inspired me to keep going, to struggle through it, and the supporting hand of my* ka-*buddy was always there. As a political officer, I became close to my comrades and they became like a family that I didn't have. I was determined to never leave them behind.*

*Another source of inspiration was none other than the fighting spirit of the NPA, that nothing, no situation can get us down, no matter the hardships we face. I have served alongside mothers and fathers, fighting for the future of their children, the old, whom despite hardships weathered through some of the most difficult terrain and military situations and despite after fighting for over 30 or 40 years, some even experiencing being captured and tortured, never once gave up their dream of a free world. I have fought with the youth, whose burning aspirations flow through their service, people of all faiths, from every class sector, tribe, and parts of the country, men and women of the People's Democratic Republic that we are fighting to build.*

*After several years of my service, even with the introduction of new counter insurgency programs such as JCP Kapanatagan, I have seen that in tough situations, the Red Fighters of the New People's Army only get tougher. With every new addition of the AFP's arsenal, the Red Fighters only get more creative and more determined to seize the time and bring revolution to victory. The Filipino people have shown, despite fighting for several hundred years, they are ready to fight until total victory, and fight any and all enemies of the people until they are free.*

*Additionally, seeing the true nature of the Philippines, the exploitation of workers in the cities and peasants in the countryside, and the rotten nature of the government, which deploys its own troops to harass those who fight for their rights and assassinate mass leaders, all for the interests of foreign corporations and the wealthy. It was even more clear to me the only solution is the burning of the old system and rebuilding a new one. The crimes of the government only further affirmed the decision I made to join the NPA, and to continue to fight. For me, as a human being, seeing the unjust conditions of the world, the unjust treatment of the people, I felt it was my duty to fight against those who oppress and exploit, it is my duty as a human to help the poor and hungry. Even after tactical offensives, this was clear—in our* atrasan *we would be welcomed and thanked by the people, hugged and embraced by the poor.*

*Since then I have never regretted my decision to join the NPA, to build the courage to stay, to dedicate my youth to fighting for the people. I can admit, there were many times when I missed my family deeply overseas, and times where I missed the comforts of my old life. But I always reflect: where would we be without an armed struggle, without a revolutionary movement? The people would only be more and more exploited and oppressed, to continue to have their aspirations denied to them, and their future robbed by the rich. Because of the conditons of this world, there are few options. Why not fight for the people? Why not fight for what's right? I couldn't live my life right, when my children one day ask me what did I do to help others. What would I answer? Would I be satisfied with that answer?*

*There is a dream that constantly visits me and inspires me, where people can live happy lives free from exploitation, where my family can be comfortable and where the poor can live in a society that puts their interests firsts before the greedy and wealthy. This is a dream that I had come to live for, this is a dream that I had come to fight for, and if necessary, a dream where I am willing to give my life to see it come true.* D

# Kung bakit ako sumapi sa NPA

NI KA GIRO (MALAYANG SALIN)

PULANG SALUDO SA INYONG LAHAT!

Ako si Kawal.

Kasalukuyan akong opisyal sa pulitika ng New People's Army.

Ilang taon na akong lumisan sa aking bayang sinilangan upang maglingkod kapiling ng mga kasama sa Matagalang Digmang Bayan. Hindi tulad ng aking mga kasama, galing ako sa ibang bansa—lumaki ako sa ibayong-dagat sa sentro ng isang imperyalistang bayan, wala akong alam na salitang Tagalog, subalit nakikiisa sa pakikibaka ng mga manggagawa, estudyante, at paglaban sa diskriminasyon na sama-samang itinataguyod ng mga Pilipino. Umaasa akong ang aking kwento ay makapagbibigay sa lahat ng makababasa ng artikulong ito ng malinaw na larawan ng realidad na kinakaharap ng mga pamilya ng mga manggagawa at imigranteng pamilya sa ibayong-dagat. At sa pamamagitan nito'y maipaabot ko rin sa mga mambabasa sa ibang bansa kung bakit ako sumapi sa NPA at lumahok sa Matagalang Digmang Bayan.

Isa akong *working student* bago nag-NPA. Nagtatrabaho ako upang tumulong na matustusan ang aking pag-aaral at mabayaran ang mga pang-araw-araw kong pangangailangan gaya ng pagkain at transportasyon. Ayokong maging pabigat sa aking pamilya kaya seryoso ako sa pag-aaral at hindi tumitigil sa paghahanap ng istableng trabaho. Mahirap humanap ng trabaho bilang isang *high school graduate*, dahil kahit sa mga simpleng trabaho gaya ng pagiging serbidor sa restawran ay mas pinipili ang mga nakatapos ng kolehiyo. Maraming beses akong nademoralisa at pinanghinaan ng loob dahil sa kawalan ng istabilidad sa trabaho, mababang sahod, at napakataas na halagang kailangan para disenteng mabuhay sa aking bayan. Dagdag pa, dahil sa aking hitsura, palagi akong nagiging target ng diskriminasyon ng mga pulis at mayayaman. Lagi ko itong nararanasan mula nang ako'y bata pa hanggang hayskul.

Kahit bago pa magkolehiyo ay palagi na akong galit at yamot. Sawang-sawa na ako sa rasismo, sa pagsasamantalang dinaranas ng aking pamilya, mga kaibigan at ng mahihirap, at gusto ko nang baguhin ang kalagayang ito. Ang galit at mga kabiguang dinanas ang nagtulak sa akin para maging isang organisador.

Bilang organisador, nagsimula akong totoong malaman at maunawaan ang kalagayan ng mahihirap, at nakita ko ang kahalagahan ng isang organisadong base—ang kahalagahan ng isang kilusang masa at ng isang rebolusyonaryong kilusan. Napakarami nang mga protesta, kampanya, at iba pang anyo ng aktibismo, subalit hirap ang aking mga kababayan na magkaisa sa isang solido at rebolusyonaryong linyang pampulitika. Mayroong mga pagsisikap sa nakaraan na pagkaisahin ang aking mga kababayan subalit nawasak ang mga ito ng mga kampanya ng gubyerno laban sa kilusang masa. Pinapatay o hinuhuli ang mga lider. Ang mga tao'y napapayukod gamit ang mga repormang neoliberal. Noon naging malinaw sa akin na hindi kayang baguhin ng reporma ang sistema dahil kontrolado ito ng mayayaman at mga oligarko sa pamamagitan ng sistema ng kapitalismo. Bagamat pinalalabas na isang demokrasya, ang totoo'y diktadura ito ng mayayaman kung saan naghahalal kami ng mga bagong pinuno upang ulitin ang dati nang panloloko sa amin.

Pinaigting ng mga patakarang ipinapasa nila ang ganitong realidad. Tumaas nang tumaas ang presyo ng pabahay. Lumala ang kontraktwalisasyon at pagbabalewala sa mga manggagawa. Lalo pang naging mahal ang edukasyon na pumwersa sa mahihirap na pumasok sa panghabambuhay na pagkakautang para lang makapag-aral. Nagpatuloy ang panghihimasok ng aming tropang militar sa ibayong dagat kahit sa ilalim ng isang "progresibong" pangulo. Taun-taon higit na nakokonsentra ang kapangyarihan sa mayayaman habang ang mga batayang karapatang tao tulad ng karapatang mag-aral nang libre, pangangalaga sa kalusugan at pabahay ay unti-unting nawawala para sa mahihirap. Sa ganitong klase ng sistema, napagtanto kong ang tanging solusyon ay magrebolusyon.

Sa puntong ito'y nahamig ako ng mga rebolusyaryong sulatin. Natutunan kong pinakamadaling wasakin ang imperyalismo sa mga pinakamahinang kawing nito, na mawawasak ang kapangyarihan ng mga korporasyon sa ugat ng kanilang kapangyarihan—na nakakonsentra sa Ikatlong Daigdig at sa mga erya kung saan may banta sa kanilang paghahari, sa mga lugar kung saan malakas ang rebolusyonaryong kilusan, mga lugar kung saan, sa pamamagitan ng mga korap na gubyerno, minamantine ang pribatisasyon ng mga likas na rekurso para sa kapakinabangan ng mga imperyalistang bayan, hindi ng mamamayan. Dahil dito sinimulan kong pag-aralan ang mga rebolusyonaryong kilusan sa buong mundo, sa Timog Amerika, Kurdistan, India, pero ang nagbigay ng pinakamalaking inspirasyon sa akin ay ang rebolusyong Pilipino.

Napukaw ako ng solidong linyang pampulitika ng rebolusyong Pilipino, mga tagumpay nito laban sa repormismo at rebisyunismo na unti-unti nang lumalason sa ibang kilusan. Napahanga ako ng kilusang masa nito at armadong pakikibaka. Kung paanong matapos ang napakaraming taon, napanghawakan ng rebolusyong Pilipino ang hangarin ng mahihirap para sa pambansang paglaya. Nakita kong sa pagsuporta sa rebolusyong Pilipino, maaari itong magkaroon ng epekto sa buong mundo—upang ipakita sa ibang mga bansa na kahit sa ika-21 siglo, posible pa rin ang magrebolusyon. Na sa kabila ng lakas ng pwersang militar ng mga imperyalistang bayan, walang makapipigil sa isang makatarungang digmaan at isang digmang nakabatay sa hangarin ng mamamayan, na magiging isa itong kongkretong hakbang sa pag-aambag sa pagwasak sa pandaigdigang sistema ng pagsasamantala at pang-aapi. Kaya inempake ko ang aking mga gamit at sumapi sa NPA.

Sa una, mahirap ang buhay sa NPA, wala akong alam sa wikang Tagalog at nahirapan ako sa magubat na kalupaan. Ngunit nakita ko ang modelo ng mga kasama at nabigyan ako ng inspirasyon—sa paglalakad man sa gitna ng bagyo, matatarik na mga bundok, o paglampas sa malalawak na ilog at bangin. Pinalakas nito ang loob ko na magpatuloy, na bakahin ang kahirapan, dagdag pang laging nariyan ang umaalalay na kamay ng aking ka-*buddy*. Bilang opisyal sa pulitika, naging malapit ako sa mga kasama at sila ang humalili



sa pamilyang hindi ko na nakakapiling. Determinado akong huwag silang iwan kahit na kailan.

Isa pang bukal ng inspirasyon ang diwang palaban ng NPA, na walang kayang magpadapa sa amin, anuman ang harapin naming kahirapan. Naglingkod ako kasama ang mga nanay at tatay na lumalaban para sa kinabukasan ng kanilang mga anak. Mga matatanda, na sa kabila ng mga kahirapan at pagsuong sa pinakamahihirap na tereyn at sitwasyong militar, sa kabila ng paglaban sa loob ng higit 30 o 40 taon, at ang iba'y nakaranas pang madakip at matortyur ng kaaway, ay hindi kailanman isinuko ang kanilang pangarap para sa isang tunay na malayang mundo. Lumaban ako kasama ng mga kabataang pinararamdam ang kanilang nagliliyab na adhikain sa kanilang paglilingkod, mga tao mula sa iba't ibang paniniwala, mula sa bawat uri, sektor, tribo at iba't ibang bahagi ng bansa, mga kalalakihan at kababaihan ng Demokratikong Gubyernong Bayan na aming ipinaglalaban na maitatag.

Matapos ang ilang taon ng aking serbisyo, kahit sa kabila ng pagpapatupad ng bagong programang kontra-insurhensya tulad ng JCP Kapanatagan, nakita kong sa mahihirap na sitwasyon,

ang mga Pulang mandirigma ng NPA ay lalo lamang nagiging matatag. Sa bawat dagdag na armas sa arsenal ng AFP, nagiging mas mapanlikha at mas determinado ang mga Pulang mandirigma na samantalahin ang pagkakataon at ihatid ang rebolusyon sa tagumpay. Ipinapakita ng mamamayang Pilipino, sa kabila ng ilan-daang taong pakikibaka, na handa silang lumaban hanggang sa ganap na tagumpay, at handa silang labanan ang lahat ng kaaway ng sambayanan hanggang maging tunay silang malaya.

Dagdag pa, nakita ko ang tunay na kalagayan ng Pilipinas—ang pagsasamantala sa mga manggagawa sa kalunsuran at magsasaka sa kanayunan, ang kabulukan ng gubyerno na nag-aatas sa sarili nitong tropa na dahasin ang lahat ng nakikibaka para sa kanilang karapatan at paslangin ang mga lider-masa alang-alang sa pagtatanggol sa interes ng mga dayuhang korporasyon at mayayaman. Naging lalong malinaw sa akin na ang tanging solusyon ay ang pagtupok sa lumang sistema at paglikha ng panibago. Pinagtibay ng mga krimen ng gubyerno ang desisyon kong sumapi sa NPA at patuloy na lumaban. Para sa akin, bilang isang tao na nakakita sa mga hindi makatarungang kondisyon ng mundo at hindi makatwirang pagtrato sa mamamayan, inaangkin kong tungkulin ang paglaban sa mga nagsasamantala at nang-aapi at pagtulong sa mahihirap at nagugutom. Mapatutunayan ko ito matapos ang aming mga taktikal na opensiba—sa aming mga atrasan, sinasalubong at pinasasalamatan kami ng mga masa, niyayapos at niyayakap ng mahihirap.

Simula noon hindi ko pinagsisihan ang aking pasyang sumapi sa NPA, magpakatatag sa loob nito at ilaan ang aking kabataan sa pakikibaka para sa mamamayan. Aaminin ko, maraming pagkakataon na hinahanap ko ang aking pamilya at ang mga alwan ng dati kong buhay. Ngunit lagi kong tatanungin sa aking sarili: anong tunguhin ng sangkatauhan kung walang armadong pakikibaka, walang rebolusyonaryong kilusan? Sisidhi lamang ang pagsasamantala at pang-aapi sa mamamayan, patuloy na ipagkakait sa kanila ang kanilang mga mithiin, at nanakawin ng mayayaman ang kanilang kinabukasan. Dahil sa mga kondisyon ng mundong ito, napakalimitado ng ating pagpipilian. Bakit hindi tayo lumaban

para sa mamamayan? Bakit hindi tayo lumaban para sa tama? Hindi kakayanin ng aking konsensya, kapag balang araw ay tanungin ako ng aking mga anak kung ano ang ginawa ko upang makatulong sa ibang tao. Anong maisasagot ko? Masasapatan ba ako sa sagot na iyon?

Palagi akong dinadalaw at binibigyang-inspirasyon ng isang pangarap, kung saan masayang nabubuhay ang mga tao nang malaya mula sa pagsasamantala, kung saan kumportable ang aking pamilya at kung saan inuuna ng lipunan ang kapakanan ng mahihirap kaysa sa mga gahaman at mayayaman. Nabubuhay ako para sa pangarap na ito—isang pangarap na handa akong ipaglaban, at kung kinakailangan, isang pangarap na handa kong pag-alayan ng aking buhay upang tiyakin na magkatotoo. *D*

# Transpormasyon

NI KA F, ISANG AMERIKANANG NAKIPAMUHAY SA NPA

Mabilis ang isang buwan sa Hukbo. Naubos na ang Tagalog ko.

*Never did I expect to find so much peace, in the midst of war. A just war. A fluid war.*

*I came here looking for hope. And I found those who redefined things for me.*

*Like the* itak*, for example. A weapon to cut others and a tool for destruction, yet in the hands of the* Hukbo *it becomes a tool to transform the wilderness into something familiar.*

*Like the M-16, which a* Kasama *showed me how to dismantle, when I first arrived. A tool designed to defeat the United States. Ka Ruben, reminded me that it was made in the U.S. Like this rifle, I am also from the U.S., but in the hands of the* Hukbo *I feel transformed…*

*A weapon to change the world.*

*I don't want to leave, but my children await my return. But I also feel that the Philippines, our Motherland, still cries out for all its lost children.*

*I came here looking for hope. What I discovered, was the new Filipino who is willing to fight for it.*

Hindi kayo malilimutan. Maraming salamat!




*(Malayang salin)*

Mabilis ang isang buwan sa Hukbo. Naubos na ang Tagalog ko.

Hindi ko inasahan na makakatagpo ako ng kapayapaan, sa gitna ng digma. Isang makatarungang digma. Isang pleksibleng digma.

Dumating ako ditong naghahanap ng pag-asa. At natagpuan ko silang nagbigay ng ibang kahulugan ng mga bagay para sa akin.

Katulad ng itak, halimbawa. Isang sandata para tagain ang iba at kagamitan para mangwasak, pero sa kamay ng Hukbo ay nagiging kagamitan ito para itransporma ang sukal sa isang bagay na pamilyar.

Tulad ng M-16, na ipinakita sa akin ng isang kasama kung paano baklasin, nung unang dating ko. Isang kagamitang dinisenyo para talunin ang United States. Si Ka Ruben, ipinaalaala niya sa akin na ginawa ito sa U.S. Tulad ng ripleng ito, galing din ako sa U.S., pero sa mga kamay ng Hukbo naramdaman kong natransporma ako…

Isang sandata upang baguhin ang mundo.

Ayaw kong umalis, pero hinihintay ng mga anak ko ang aking pagbalik.  Pero nararamdaman ko rin na ang Pilipinas, ang ating Inang Bayan, ay humihiyaw para sa lahat ng nawawala nitong anak.

Dumating ako ditong naghahanap ng pag-asa.  Ang nadiskubre ko, ay ang bagong Pilipino na handang makipaglaban para rito.

Hindi kayo malilimutan. Maraming salamat! D

# NPA na ako!

NI KA ROSELLE (MULA SA KALATAS)

Magandang umaga, Ka Roselle! Napapangiti ka d'yan mag-isa? Ikaw ha", biro ng isang kasama sa 'kin.

"Nako, binibiro mo na naman ako", natatawang sagot ko.

"O s'ya, mangangahoy na ako. Ikaw muna d'yan sa bantayan."

"Sige. Magmasid-masid ka rin diyan."

Napangiti nga siguro ako habang unti-unting hinihigop ang maligamgam nang kape at pinagmamasdan ang M-16 kong nakasandal sa isang bugsok ng kubo ko.  Ilang buwan na nga pala ang nakalipas mula nang maging hukbo ako.  Ngayon, mas masarap sa pakiramdam gumising tuwing umaga na alam mong ang lahat ng gagawin mo sa araw na iyon ay may kabuluhan—para sa pagpapalaya ng pinagsasamantalahang mamamayan sa pamamagitan ng armadong rebolusyon.

Naaalala ko tuloy noong una akong dumating sa mga kasama, tanong ko sa sarili ko noon, "NPA na ba talaga ako?"  Parang hindi ko pa ramdam noon.  Marami pa akong hindi kayang gawin tulad ng paggawa ng kubo, pagpapaputok ng baril, at mismong paglaban. Pero alam ko, kailangan kong matutunan lahat nang 'yan at magpakahusay dahil kailangan kong tumagal at tumatag para mas makapaglingkod sa rebolusyon.

Ilang araw pa lang ako noon sa mga kasama nagsimula na rin ang pagsasanay-militar. May mga pag-aaral pampulitika at iba't ibang *physical* at *combat training.* Kasabay nito may mga gawaing teknikal sa araw-araw gaya ng pagluluto ng agahan, pangangahoy, paghahakot ng suplay at paggawa ng mga istruktura para sa pagsasanay.

Bilang mula sa petiburgesya, bago talaga ako noon sa pamumuhay ng hukbo.  Nakakatawang maalala na kahit sa pagpaparikit ng apoy

at pagsasaing nang maramihan ay hirap ako. Buti na lang at may ka-*buddy*. Natuto rin naman ako sa kalaunan. Ngunit kahit sa mga gawaing teknikal, hindi pahuhuli ang kababaihan. May mga kasamang babae sa pagsasanay noon at nakikilahok din kami sa iba pang gawaing teknikal.

Pagdating naman sa mga *physical* at *combat training*, kita sa mga kasama ang kasigasigang matuto ng mga bagong teknika at nagpapakahusay dito. Pero syempre, dahil sa iba't ibang katangian, 'di maiwasang may mga nahuhuling kasama. Hindi naman problema 'yon dahil nandyan naman ang mga instruktor na matiyagang gumagabay at pinauulit-ulit ang pagtuturo, kasabay ng pagsisikap ng mga kapwa treyni na alalayan at turuan ang isa't isa.

Naalala ko tuloy noong *live firing* na, naiinis na ako sa sarili ko, kahit 'yung iba ring mga kasama na nahuhuli, dahil nahihirapan talaga kaming paglapit-lapitin ang mga tama ng bala sa target. Ang ibang mga kasama naman namin sa pagsasanay, patuloy sa pagpapalakas ng aming loob habang tinututukan kami ng mga instruktor sa pag-eensayo.



Minsan nga ay dinadaan na lang namin sa biro dahil may pagkakataon noong kailangan ng mga kasamang maghakot ng suplay, 'yung mga abante sa pagsasanay ang maghahakot habang ang iba ay magpapatuloy sa pag-eensayo.  Sa ensayo, sabi naming mga naiwan kapag gumanda na ang mga tama ng isa, "Mahusay kasama, taga-hakot ka na!"  Sabay tawanan.  Habang tumatagal, sa kaka-ensayo, gumanda na rin ang aming mga tama sa *target board.*

Sa kabuuan, napahusay ang pagkakaisa at pagka-mapagkasamá ng mga hukbo. Kayo ba naman ang sama-samang nagtataguyod ng pagsasanay sa kabila ng banta ng kaaway.  Isabay pang minsan kulang ang suplay kaya may mga panahong napapaliit ang badyet. Pero kinakaya, dahil malinaw sa lahat ang layunin ng rebolusyon. Anuman ang sapitin, matatag at masigasig ang mga kasama sa paggampan ng gawain.  At naubos na pala ang kape sa baso ko. Lumipad na naman ang isip ko.  Kaya ibinaba ko na ang aking baso, at kinuha naman ang M-16.  Sinubukan kong sumipat sa malayo. Napangiti ako at nasabi ko sa sarili ko, "NPA na nga ako."

# Bakit ako nag-NPA?

NI KA JEAN

Kakapanalo lang ng aming welga sa pabrika nang magbukas ang isang sonang gerilya sa pagtanggap ng mga TOD[1] at pultaym kasabay ng selebrasyon ng anibersaryo ng Partido. Syempre sumama ako dahil gusto kong makakita ng Hukbo.

Nang makarating kami sa loob ng kanilang kampuhan, agad silang nag-*briefing* sa depensa. Nakaramdam ako ng kumpyansa sa mga kasamang handang lumaban para sa kaligtasan namin at ng mga masang kasama namin. Nakita ko ring organisado sila sa paghahanay ng mga gawain. Lahat ay pwedeng lumahok sa teknikal, kahit kami, anuman ang aming kasarian. Bago pa nga makarating dito, kasabay namin ang mga maghahakot ng suplay. Aba, hindi pahuhuli ang mga babaeng kasama sa pagbubuhat. Mayroon din ditong mga may piniling kasarian, tulad ko, at kagaya ng nauna kong nabanggit, hindi ito malaking usapin sa kanila.

Nang magsimula ang programa, naengganyo kami sa pinamalas nilang husay sa kultura. Iba-ibang porma ang kanilang itinanghal, may pag-awit, dula, awit-galaw at pati ang umuuso ngayong kultura tulad ng pag-rap. Nagpakitang-gilas din ang mga kasama sa *exhibition* ng riple, agaw-armas at *tiger jump*. Malakas ang palakpakan namin. Matapos ang pagdiriwang, nagpasya akong magpaiwan. TOD muna.

Isinama ako sa isang yunit sa gawaing masa. Doon ko nakita ang kalagayan ng masa sa kanayunan. Halos walang makain ang masang tinuluyan namin. Nag-uuling sila para mabuhay. Wala pa silang naihahandang binhi dahil walang mapagkukunan. Palipat-lipat sila ng tirahan at doon pupwesto sa maraming kahoy upang makapaghanapbuhay. Isinama na namin sila sa pagkaing lulutuin namin para sa tanghalian. Habang nagluluto ang ibang mga kasama, nagtakda kami ng mga tutulong sa pagsasako ng kanilang uling.

---

1 *tour of duty*

Ako naman, bilang bahagi ng aking pagsasanay, ay itinakda sa pakikipagtalakayan sa masa.

Nagsimula na akong makipagkwentuhan kay nanay. Nang tanungin ko ang kanilang kalagayan, umiyak siya sakin at kinuwento ang hirap ng kanilang buhay. Ilulusong pa raw nila ang uling na nagkakahalaga lang na P200 kada sako, maoobliga pa silang lumipat kapag hindi sapat iyong kikitain nila. At dahil labag sa mata ng gubyerno ang kanilang hanapbuhay, lolokohin pa sila ng mamimili at sisitahin ng mga representante ng gubyerno upang makapaningil ng lagay[2]. Kasabay ng mga ito ang labis na pagpapabaya sa kanila ng reaksyunaryong gubyerno sa iba't ibang pantapal na solusyon tulad ng 4Ps[3]. Ayon kay nanay, ipapatawag sila, minsan kakaltasan pa dahil sa iba't ibang kalakaran tulad ng pagiging *late* o hindi na nagawang tumulong sa ibang itatakda nilang iskedyul. Isa pa ay ang programang pabahay na matagal na nilang hinihintay.

Naalala ko tuloy ang hirap na naranasan ko sa pabrika. Matagal

---

*2 kotong*
*3 Pantawid Pamilyang Pilipino Program*



bago ako ginawang regular. Mababa lang din ang sahod ko. Sa loob din ng pagawaan, bawal antukin kaya tinanggal ang mga upuan at lahat kami nakatayo. Bawal din mag-CR habang nagtatrabaho at tuwing 15-*minute break* lang. Tapos balak pang ipasara ang pabrika sa dahilang "nalulugi" sila. Kaya kami nagwelga.

Sa galit ko sa ganitong estado at sa kasalukuyang lipunan namin, napagtanto ko kung bakit nga kailangang magrebolusyon. Kaming mga manggagawa at magsasaka ay walang maaasahan sa ganito kainutil na gubyerno.

Kaya matapos ang talakayang iyon, gabi-gabi akong nagnilay hanggang sa umabot sa aking pagpapasya—ang humawak ng sandata at buong panahong ialay ang buhay sa armadong pakikibaka. Dapat nang tanganan naming mga manggagawa ang armas para palayain ang lipunan at pamunuan ang pagsusulong ng rebolusyon sa kanayunan.


Ngayon, isa na ako sa mga upisyal ng NPA. At nagpatuloy ang aking panawagan sa kapwa ko manggagawa na tahakin ang landas ng armadong pakikibaka at isulong ang demokratikong rebolusyong bayan para sa pambansang pagpapalaya ng mga inaapi at pinagsasamantalahang uri.

# NPA ang anak ko!

MULA SA KALATAS

Tulad ng iba, isa lang din akong ordinaryong ina. Ang kaibahan ko nga lang sa mga kumare ko, may anak akong NPA. Babae sya, at pinagmamalaki ko syang isang NPA, dahil namana nya sa akin ang tapang ng lahi namin. Sa totoo nga lang, hindi ako nagpapaapi sa ibang kapitbahay namin kapag alam kong pinagtsitsismisan nila ako. Basta kapag alam kong nasa tama ako, ipaglalaban ko. 'Yan siguro ang nakuhang ugali sa akin ni Momay. Pero, teka lang ha, si Momay ay hindi katulad kong mahilig makipaggitgitan. Tahimik sya tulad ng kanyang papa.

Mahigit tatlong taon nang NPA si Momay. Alam ko na dati pa na may NPA dahil laking probinsya naman ako. Nagtaka lang ako minsan bakit nalaman pati ng anak ko ang tungkol sa NPA. Mula nang



magdalaga ako ay lumuwas na ako sa Maynila para magtrabaho; sa Maynila ko na nga nakilala ang naging asawa ko at dito ko na rin pinalaki ang lahat ng anak ko. 'Yun pala, ginusto nyang malaman ang buhay ng tinatawag nilang "masa". Maalala ko nga, nagpaalam yang si Momay na pupunta sa welga ng mga manggagawa malapit sa pinapasukan nyang eskwelahan sa kolehiyo. Nagsabi din yan noon na pupunta sa isang baryo ng mga magsasaka. Aba'y obligado yang magpaalam sa amin dahil toka nyang umuwi sa amin tuwing walang pasok, 'yun na nga lang ang *bonding time* namin sa bahay. Kaya 'pag uuwi yan galing sa mga pinupuntahan nya, nagkekwento yan sa bahay ng mga ginagawa nya kapag gagala yan. Nakikinig naman kami ng mga kapatid nya. Dati, may nakita akong *picture* nya sa Facebook kausap ang isang upisyal ng pulis nung nagrali sila, aba'y shinare ko ang *picture*! *Proud* ako noon sa anak ko dahil palabang aktibista na nga talaga sya.

Minsang isang linggong hindi nakauwi si Momay sa amin. Aba'y anong galit at iyak ko noong mabasa ang sulat nya na NPA na sya. Nagalit talaga ako. Sabi ko sa inyo, palaaway akong tao. Kung saan-saan ko siya hinanap at nananawagan pa ako sa Facebook. Nung dalawang buwan na sya sa NPA, tumawag sya sa amin, talagang matindi ang panghihikayat ko noon sa kanyang bumalik sa amin. Matagal nga bago ulit nasundan ang pag-uusap namin sa *cellphone* dahil nangibang-bansa naman ako. Ang kwento na lang sa akin ng papa nya, nung dumalaw sila kay Momay, talaga daw sa hirap ng buhay ngayon ay normal na ang magkakapamilyang nagkakalayu-layo. Oo nga naman, sabi ko sa sarili ko, hindi nga ako NPA, pero malayo rin ako sa pamilya ko noon para maghanapbuhay.

Siguro hindi ko pa talaga lubusang nauunawaan ang ipinaglalaban nila Momay. Baka rin isipin ng iba na hindi ko mahal si Momay bilang anak dahil ayos lang sa akin na isa syang NPA. Ang totoo, mahal na mahal ko 'yan! Pero dahil alam kong matalino ang anak ko, alam kong alam nya ang ginagawa nya. *Proud* ako sa kanya kahit hindi nya narating ang pangarap ko para sa kanyang magdoktor. Marami naman daw syang propesyon ngayon sa NPA, 'yun ang lagi nyang kinukwento sa akin. Ngayon daw ay bukod sa hukbo sya, titser din sya, doktor, magsasaka, manggagawa, *engineer, artist*, manunulat at marami pang

iba!  Sinong nanay ang hindi mapa-*proud* sa ganyang anak na *proud* din sa ginagawa nya?  *Proud* ako sa kanya na nag-NPA sya dahil alam nyang tama ang ginagawa nya.  Alam ko rin yun kasi wala naman akong makitang mali sa mga paliwanag nya sa akin tuwing mag-uusap kami. Sinusuportahan ko sya sa ginagawa nya ngayon, at hindi ko na sya hinihikayat na umuwi pa sa amin.

Nung nakabalik na ako sa Pilipinas, at nakontak ko sya sa *cellphone*, minsan ay tinext ko sya:

*Momay, isama mo naman ako dyan, kahit isang buwan lang. Susubukan ko lang.  41 pa lang naman ako, batang-bata at malakas pa.  Kaya ko rin dyan!* D

# Kumander ng NPA ang karelasyon ko!

NI KA NERI

Ako si Ka Neri, kasapi ako ng New People's Army at tulad ng iba kami ay nagmamahal din!

Kasabay ng aming pagmamahal sa bayan, natural na magkaroon din ng pag-ibig na matagpuan sa gitna ng pakikibaka.

Ilang taon na akong kasapi ng NPA at sigurado akong tumatahak din ang mga kasama sa landas ng pag-ibig at isa ito sa mga dahilan kung bakit laging may ngiti sa mga labi ang mga kasama at sikhay sa paggampan ng mga gawain sa araw-araw.

Sa katunayan, meron akong karelasyon at isa din siyang NPA! Magdadalawang taon na ang aming relasyon.  Bigla tuloy bumalik sa aking alaala kung paano sumibol ang aming pag-ibig sa isa't isa.

Kahanga-hanga nga naman talaga ang mga kasama: magagaling magpropaganda, mahuhusay sa anumang larangan ng gawain, matitikas, malalakas, makikisig at mababait.  Ilan din ito sa mga katangiang taglay niya na nagustuhan ko sa kanya.  Napagtanto ko na lang sa aking sarili na talagang humanga ako sa kanya sa tuwing nakikita kong sinisikap niya na buong kakayahan niyang tutuparin ang mga atas sa kanya at kung gaano siya kalapit sa masa.  Maikling panahon ko lamang siya nakasama sa yunit at kaagad akong nailipat sa ibang yunit.

Tahimik lamang siyang tao pero kabaliktaran nito kapag nasa gitna siya ng labanan, maririnig ang kanyang mga pagsigaw at pagkumand. Makikitaan din siya ng katapangan at kumpyansa sa sarili.  Lagi siyang nagpapaalala sa mga kasama ng mga SOP's at mga disiplina pero nandiyan palagi ang kanyang pagiging mapagkumbaba, hindi siya hiwalay sa kanyang pinamumunuan, sa katunayan ay napakamalapit niya sa kanyang mga ka-iskwad.  Kasabay nito, lagi niyang inaalala at inuuna ang kapakanan nila.  Madali lamang siyang lapitan ng

mga kasama. Lagi siyang nagbabahagi ng kanyang mga karanasan laluna sa mga kasamahan niyang bago pa lamang, nandyan siya para gumabay. May panahon ding mahiyain pero hindi ito makikita sa kung paano siya makitungo sa masa.

Hindi ko inakala na magugustuhan niya rin ako laluna't hindi naman kami matagal na nagkasama ng yunit kaya laking gulat ko nang siya ay naghapag ng panililigaw na tinanggap ko rin naman matapos ang isang haba ng panahon ng pag-iisip at pag-aaral sa aking nararamdaman.

Hanggang ngayon ay nasa proseso kami ng pagpapaunlad at pagpapalusog pa ng aming relasyon. Masaya din magkaroon ng kasama sa loob ng rebolusyon dahil bukod sa masa ay meron din akong dagdag na inspirasyon sa araw-araw na paggampan ng gawain. Kasabay nito, nandyan din ang pagtutulungan at pagtutuwangan ng isa't isa kapag meron man sa aming dalawa ang kumakaharap sa mga krisis o problema.

At sinasabi ko ring merong kaakibat na lungkot at sakripisyo. Dahil sa magkaiba kami ng yunit na kinabibilangan ay malaking panahon namin ay magkalayo kami sa isa't isa, pero napupunuan ng aming mga sulatán at pagtawag ang aming pagkakalayo. Dito namin napagkukwentuhan at nababahagi sa isa't isa ang mga nagiging mga karanasan namin sa aming mga gawain at sa pagpunta sa masa.

May mga panahon nga lang na kahit sulat at tawag ay hindi namin magawa dahil sa iba't ibang kalagayan kinakaharap. Gayunpaman, kahit magkalayo kami ay tuloy pa rin sa gawain at tiyak akong nasa isipan namin ang isa't isa. Ang mga ngiti niya ay para ko na ring nasisilayan sa bawat pagngiti ng mga masang napupuntahan namin. Ang kanyang mga yakap ay para ko na ring nadarama sa bawat pagyakap ng mga masa sa mga kasama! Nandyan din ang pangamba at pag-aalala dahil sa kalikasan at katangian ng gawain sa hukbo, hindi ito maiiwasan. Ang mga ito ay bahagi na talaga ng aming trabaho. Tinitingnan ko na ang aming pagkakalayo ay panahon din para mas magpakatatag at magpakahusay pa sa aming kanya-kanyang gawain.



Nandyan ang aking pag-aalala sa tuwing pupunta sila sa operasyong militar at sa panahong tuluy-tuloy na dinudumog sila ng kaaway sa kanilang eryang kinikilusan. Sumasapit din sa akin ang kaba sa tuwing nababalitaan kong napapadepensiba sila. Gayunpaman, napapawi ang mga ito sa tuwing nababalitaan namin ang kanilang mga matatagumpay na taktikal na opensiba!

Hindi tiyak kung kailan ang pagkikita pero lagi akong nananabik sa aming pagkikita. Hindi lang para makasama siya kundi para rin sa pagbabahaginan ng aming mga naging karanasan sa kanya-kanyang gawain!

At syempre, hindi lalago ang aming relasyon nang walang tulong at gabay ng mga kasama. Laging nariyan ang aming mga kolektiba para gumabay at tumulong para patatagin pa ang aming relasyon kasabay ng paggampan sa gawain. Alam kong hindi pa ganun katagal ang aming relasyon at marami pa kaming pagdadaanan. Kasabay ng mga tawag ng pangangailangan sa kanya-kanyang gawain, tiyak akong mananatiling inspirasyon namin ang isa't isa sa bawat pagtupad ng mga tungkulin sa rebolusyon.

Panata naming iambag ang aming ganang kaya para sa rebolusyon ng magkasama hanggang sa tagumpay! Ang pagmamahalan naming dalawa ay higit pang pinatibay at pinagbibigkis ng aming pakikibaka at ang pag-ibig na ito ay alay namin sa sambayanan!

Tulad niya na isang kumander ng hukbo, nais ko rin na maging isang "kumandera" ng NPA! Sa katunayan, nagsisimula na akong mag-aral at magsanay upang maging mahusay sa larangang ito kagaya niya at alam kong marami pa akong kailangang pagdaanang mga karanasan para mapaghanguan ng mga aral. Bilang babae, kaya rin namin patunayan na hindi lamang mga lalaki ang may kakayanang maging kumander. *D*


# Akyu

MULA SA KALATAS

"BAKIT PO MAHAL NINYO ANG NPA?"

Napangiti ako. Nilingon ako ng aking asawa at ang aming anak, si Akyu. Mahaba ang kwento sa likod ng palayaw ni Akyu. Dalawang taon mahigit na ang nakalilipas mula noong huli kaming daanan ng mga kasama. Unang beses namin noong makakita ng pulang hukbo, ngunit hindi kami natakot. Bagamat sila'y may sukbit na baril, sa mainit nilang ngiti at mahigpit na pangamay ay magaan agad ang loob naming mag-asawa. Kinamusta nila kami, ang aming kabuhayan at kalusugan. Bakas sa kanilang mukha ang sinseridad sa pagtulong. At doon ko na ibinahagi ang kwento namin. Kinaharap naming mag-asawa noon ang problema sa pagkakaanak. Tatlong taon na kaming nagsasama pero hindi pa rin nagbubuntis ang asawa ko.

"Nakapagkonsulta na po ba kayo sa doktor?"



“Naku, malayo ang ospital dito. Maraming gagastusin, papunta pa lang.”

“Totoo iyan. Kung ganoon, may pwede tayong subukan, pero hindi namin maigagarantiyang gagana ito. Handa ba kayong subukan?”

Sinubukan ng mga kasama ang pagtuturok, ang sinasabi nilang *acupuncture*. Isang linggo mahigit sigurong regular na ina-akyu ang aking asawa. Kalauna’y umalis rin ang mga kasama at bitbit nila ang ilang sakong kamoteng-baging at ang aming pangakong maaari silang bumalik anumang panahon.

At ngayong taon, bumalik nga sila. Laking gulat nila nang makita nila ang aming panganay, si Akyu. Isa’t kalahating taon na ang aming anak na babae, at ngayon, buwan ng Pebrero, ay kabuwanan na ni misis. Nagdadalang-tao siyang muli. Naaalala ko ang mga kasama sa tuwing nakikita ko si Akyu. Hindi makukumpleto ang aming munting pamilya kung hindi dumaan ang mga kasama noon. Patuloy kaming sumusuporta sa kanila sa anumang paraang makakaya namin.

Napamahal na ang mga kasama sa akin. Mahal ng aming munting pamilya ang NPA. Maraming dahilan kung bakit: dahil hukbo namin sila, tapat silang naglilingkod sa amin, at nakakatulong namin sila sa mga problema sa aming baryo. Pero isa sa pinaka-ipinagpapasalamat ko sa mga kasama? Si Akyu. *D*

# Reyd sa Monte Rock

NI KA CIELO

Limang araw nang tuloy ang ulan noon buhat ng bagyong Karding. Nasa *last terminal* kami para sa TO at namomobroblema sa sasakyan dahil mahihirapan daw sa baha.

Matinding pagbaha na ang dinaranas noong panahong iyon ng mga komunidad sa San Mateo at Rodriguez sa Rizal. At tulad ng kadalasang nangyayari, pati ang mga katabing syudad sa Metro Manila katulad ng Marikina. Abot-dibdib na ang baha sa ilang mga komunidad at halos languyin na ng mga residente. Pinapasok ng tubig ang mga tahanan, na malaking kapinsalaan sa mga ari-arian at kabuhayan nila.

Matagal na itong idinadaing ng mga residente ng mga nasabing lugar. Lalo na ang mga taga-Rizal, na matagal nang nagrereklamo sa lokal na gubyerno ng probinsya upang ipasara ang mga *quarry* rito.



Isa sa mga *quarry* na iyon ang Monte Rock Corporation na pag-aari ng pamilya Ignacio. Malaking bahagi na ng kabundukan ang kinalbo nito at naging isang malaking dahilan ng pagguho ng lupa at malubhang pagbaha sa San Mateo at Rodriguez sa Rizal at Marikina sa Metro Manila.

Kaya naman kahit kasagsagan ng tag-ulan at baha at kahit may aberya sa transportasyon, hindi kami nawalan ng loob, "Tuloy ang TO!" Lalo rin lamang pinagtibay ng kalagayan ang kawastuhan ng ilulunsad na reyd.

Sa huling araw sa *last terminal,* nagpasya ang kumand na mag-aayos na lang ulit ng sasakyan. Nakuha na rin namin ang mga damit at sapatos at ipinamahagi ang mga ito sa mga kasama.

Agosto 12, araw ng TO. Wala nang gaanong aberya noon bago mag-TO. Umabante kami papalapit sa target ng alas dos. Tinawid namin ang bahang sapa at tumigil sa isang kubo malapit sa kalsada. Dito kami binriping ng CO namin, si Ka Aron. Dito na rin kami nagsuot ng aming mga uniporme.

Sa oras na ito, wala pa rin kaming magagamit na sasakyan papunta sa target. Kaya sa mga nalalabing saglit, humingi kami ng tulong sa masa sa lugar. Mga drayber ng trak ang aming nilapitan. Nagpakilala kaming mga NPA at ipinaliwanag ang layunin ng plano naming TO.

“Maganda nga kung ipatigil niyo ‘yan! Perwisyo talaga ang dulot niyang mga *quarry*!” sabi ni Kuya Rey, drayber ng trak.

“Kailangan sana namin ng sasakyan at ng maghahatid para mas mabilis kaming makarating doon,” sabi ni Ka Aron.

Walang pag-aalinlangang pumayag si Kuya Rey. Kinausap din niya ang isang drayber para sa isa pang trak na magsasakay ng iba pang mga kasama.

Nagkumand si Ka Aron ng pagsakay sa dalawang trak. Pumasok na kami sa sasakyan at hinatid kami ng mga nakatuwang na masa sa quarry ng Monte Rock. Habang nagmamaneho, kinukwento naman ni Kuya Rey ang kalagayan nila sa araw-araw na trabaho nila bilang drayber ng trak.

Bumaba kami nang may distansya sa *gate* ng *quarry* at naglakad sa kalsada papunta sa *gate*, nakabihis-pulis, habang papalakas ang ulan.

Alas kwatro kami nakadikit sa mga guwardiya.

“Magandang hapon!” bati ni Ka Aron nang makadikit ang unang tim sa dalawang guwardiya sa *gate*.

Parang tore siyang kaharap ng guwardiya sa tangkad at laki ng katawan. “*Tactical inspection*.”

"Sir!  Ang tindi ng lakas ng ulan eh!" gulantang na sinabi ng isa habang nagmamadaling magsuot ng uniporme niya.  Kinabahan siguro't biglang may kaharap nang pulis.

"Sino ang OIC[1] niyo?" tanong ni Ka Aron sa kanila alinsunod sa *dry-run* namin.  Kinukuha naman ng mga kasamang nagpapanggap na pulis ang armas at ibang gamit-militar ng mga guwardiya.

"Wala po, *sir*," sagot ng mas matandang guwardiya.

"Sino ang *deputy*?" sunod na tanong ni Ka Aron.

"Ah, kami...ano lang kami..." paputol-putol na sagot ng isa.

Pagkakuha ng kanilang armas, nagpakilala na kami.

"Hindi kami mga pulis, mga NPA kami.  Nandito kami para ipatigil ang kumpanya ng *quarry* na ito," sabi ni Ka Aron.

Pinasama ang mga guwardiya sa iba pang masa na titipunin para sa pulong.  Pinaabante naman ang iskwad na maghahalughog at sisira sa mga kagamitan ng kumpanya upang paralisahin ang operasyon nito.

Ipinaliwanag sa mga empleyado ng kumpanya ang ginagawang paninira ng mga *quarry* sa kalikasan at ang malaking epekto nito sa mga kabahayan sa palibot ng probinsya ng Rizal, pati na rin ang mababang sahod sa mga empleyado ng kumpanya.

"Sana nga nakita niyo yung *boss* namin eh!  Makaharap niyo sana! Pinahihirapan talaga kami no'n!" sabi ng isang empleyado.

Alas sais ng gabi natapos ang reyd.

"Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!"

"Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!" sigaw namin habang paatras.

Mahigit-kumulang 100 milyong piso ang halaga ng mga sinira ng NPA na pag-aari ng Monte Rock.  Ang pinsalang ito ang nagtiyak ng pagkalugi at pagkaantala ng operasyon ng kumpanya sa *quarry*.

---

*1 officer-in-charge*

Tatlong araw makalipas ang reyd, nakaatras na kami sa malayo. Wala pa rin kaming naririnig na balita sa radyo hinggil doon. Ang hindi namin alam, labis na palang ipinagbunyi ng masa noong sumunod na mga araw ang tagumpay ng reyd sa Monte Rock.

Umingay sa mga balita sa radyo, TV at lalo sa *social media* ang isinagawa naming reyd.

"Buti pa ang NPA, nakakapagpasara ng *quarry*," sabi raw ng isang *commentator* sa radyo.

Baha naman ng *comments* at *posts* sa Facebook:

"Yung gubyerno hindi mapasara 'yang mga *quarry*!"

"May lagay kasi 'yang mga 'yan kaya hindi ipinapasara."

"NPA pala ang kailangan para mapasara 'yan eh!"

"Buti pa ang NPA!"

Hindi lamang malaking pinsala sa *quarry* ng Monte Rock ang dinulot ng reyd. Lubos nitong nilantad ang kakuparan at kapalpakan ng reaksyunaryong gubyerno sa pagtugon sa kahilingan ng mamamayan. Ipinakitang huwad ang pangangalaga nito sa kalikasan kahit na malubha ang sinasapit ng mamamayan sa mga bagyo, habang pinapaburan at pinoprotektahan ang malalaking korporasyon sa *quarry* at minahan.

Ipinakita ang sinseridad at kakayahan ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan sa Rizal na pangalagaan at isulong ang interes ng masang pinaglilingkuran nito. 𝒟

# Lupa ay buhay; Lupa ay pakikibaka; Lupa ay tagumpay!

**MGA KWENTO NG PAGLABAN AT PAGLALANSAG NG MGA PASTUHAN SA MINDORO**

NI KA POLA



Daan muna kayo mga kasama sa ating RA[1] erya, makapagbuko at makapagbitbit man lamang kayo ng mga niyog panggata! Aba, dekada na rin kaming nagkokopra sa inokupa nating pastuhan ni Delgado noong 1986! Kami nang mga Hanunuo ang nakikinabang sa lupa at hindi mga baka!" masayang bati ni Ka Teroy sa yunit ng hukbo na dumaan sa kanilang lugar nitong 2019. "Pasalamat kami sa mga magsasaka sa tabing dagat na nagbigay ng pantanim na niyog at sa NPA na nagsaayos ng pagpapaahon dito."

1 *rebolusyong agraryo*

Sila talaga  ang sadya ng YGM[2] nila Ka Ibyang sa ilalim ng  KLG[3] sa Timog Mindoro. Sila na mga benepisyaryo ng RA. Ispesyal na tungkulin nila ang paglulunsad ng mga pulong at paglalagom ng mga RA, inabot at kalagayan nito—isadokumento ito para sa idaraos na pang-islang kumperensya sa RA sa susunod na taon.

"Doon tayo dumaan sa 'Pinagduguan' para makita ninyo ang itsura ng mga pusisyon.  Kulang na ang sinukat nating tiglimang ektarya sa bawat pamilya sa sipag at tiyaga ng mga magsasaka dito".  Buong pagmamalaking balita naman ni Ka Gorio.  Sa lugar na tinawag ng mga Mangyan na "Pinagduguan" ay binaril at nasugatan ng armadong *goons* ni Delgado si Ka Dodong—isang lider Mangyan ng okupasyon-petisyon, ngayon ay puno at siksik  na ng mga niyog, bungangkahoy at iba pang mga pananim.   Sagot naman ni Tatay Aming kay Ka Gorio  "Ay oo nga doy, sa sipag nga ba naman ninyong mag-asawa at sa dami ng iyong anak ay talagang kulang na kulang na ang limang ektarya at  kahit pa buong pastuhan!" sabay tawa ng matanda.

Liyad naman ang dibdib na itinuro ni Ka Ando kay Ka Ibyang ang namumunga nang manggang kinalabaw— "Iyan, kasama, ang resulta ng aking natutunan sa *para-aggie training* natin noong 1991 na *grafting*. Aba'y mabilis na namunga iyan.  Kapag napabunga ko na ang isang puno ng mangga ng kinalabaw at piko ay ipapakita  ko ulit sa iyo. Sa tagal na naming nagtatanim dito ay wala na ang asim ng lupa dala ng mga tae ng baka."

Pilit inaalala ni Tatay Oling ang pangalan ng mga estudyante mula sa pamantasan na nakipamuhay at tumulong sa kanila para suriin anong pananim ang angkop sa kalagayan ng lupa sa pamamagitan ng *soil testing.*

"Hindi pa nga kami maniwala noon, pero totoo palang malaking tulong sa amin iyon," wika ni Ka Ando.

Nag-uunahan sa alaala ni Ka Ibyang ang mga pinagdaanan ng mga Mangyan at mga setler laban sa  mga despotikong PML na kinamkam ang mga taniman at lupaing ninuno ng mga Mangyan.

2 *yunit sa gawaing masa*
3 *komiteng larangan*

Ang monopolyong pag-aari sa lupa ng mga PML ang isa sa mayor na problema ng masang magsasaka sa isla. Isa sa anyo ng pyudal na monopolyo sa lupa ay pagmamay-ari ng libong ektaryang lupain sa pamamagitan ng mga malalawak na konsesyon ng pastuhan o Pasture Lease Agreement (PLA).

Mula 1950's ay ibinukas ang mga eryang ito para sa mga PLA's at nagsulputang parang mga kabute ang mga pastuhan sa isla. Sikat at notoryus ang mga pangalan ng mga may-ari ng pastuhan sa dalawang probinsya—sikat sa karahasan at pagpapalayas sa mga dating takot na Mangyan at magsasaka sa kanilang mga lupain kapalit ang ilang lumang damit, mga sardinas at bigas, at pangakong magkakatrabaho sila at kukuning mga *cowboy* at tauhan sa pastuhan. Gamit ang kanilang mga *goons*, PC at CHDF[4] noong 1970's at CAFGU[5] at PA[6] nitong dekada 1990, ang bawat pagpapalayas ay may katumbas na karahasan—panloloko, paninira sa pananim, panununog sa mga kubo at bahayan ng mga Mangyan, pananakot, pagkakasong kriminal, pangmolestiya sa mga kababaihang Mangyan at panggagahasa at pagpatay.

Bagong sampa pa lamang noon si Ka Ibyang noong 1985 at naitalaga sa SYP[7] sa Timog Silangang Mindoro sa tinatawag na ROMANBUL[8]. Ipinagtataka niya na sa bawat daanan ng yunit—kabundukan man o kapatagan ay nakapangalan na sa PML, ng pastuhan, o kaya'y asyenda. Wala ni anumang pagbanggit hinggil sa lupaing ninuno kahit na kalakhan ng mga naninirahan dito ay mga Mangyan. Dinatnan na niyang "sikat" ang mga PML na sina Sanggalang, Sandiego, Gaba, Sandico, Madeco-Lim, Maca, Valencia, Maliwanag at iba pa sa Oriental at sina Labrador, Feria, Dela Roca, Berting Santos, Minong Santos, Oboe-Sy, Pilar Alarcon, Campano-Guevarra, Abeleda, Arevalo, Ramirez, Quintos at Aquino at marami pang iba sa Occidental. "Sikat" dahil sa bawat pagbanggit ng kanilang mga pangalan at kaalinsabay ng pagwawasiwas ng mga baril ng kanilang mga tauhan, nanginginig sa takot ang mga setler at mga Mangyan kahit na mapadaan lamang sa pastuhan para pumunta

---

4 *Civilian Home Defense Forces*
5 *Civilian Armed Forces Geographical Unit*
6 *Philippine Army*
7 *Sandatahang Yunit Propaganda*
8 *Roxas-Mansalay-Bulalacao*




sa kanilang mga kaingin, o kaya'y manguha ng kahoy at panggatong o bunga ng duhat. Karaniwan nilang sambit ay *"Kadala kami doy! May imaw badil!"* ("Takot kami doy! Mayroong baril!) Ni hindi makapagreklamo kahit na makain ng mga alpas na baka ang tanim na mais, palay at iba pang pananim, kahit katumbas nito'y gutom at tagkiriwi sa kasunod na mga buwan.  Tanging sagot ng mga bantay ng  pastuhan ay "Dahil kayo ang may tanim, kayo ang magbakod!"

May mas malalaki pang mga pastuhan tulad ng King Ranch ng Teotico, DBP/Quintos-Romualdez, Tinawagan Ranch ni Nepomuceno at Liberty Ranch ng mga Angeles at Imperial Ranch ni Jimmy Pears, na libu-libong ektarya ang nasasaklaw sa hangganan ng dalawang probinsya—mga lugar na paborableng sakahin ng mga magsasaka.

"Ligal" pero marahas at madugo ang pamamaraan ng pag-agaw ng mga lupain dahil may hawak silang papeles ng PLA mula sa DENR[9] at sa lokal na gubyerno para sa 25 taon at maaaring i-*renew* ng panibagong 25 taon pa—"Ay yanong tagal pala niyan tapos piso lamang bawat ektarya bawat taon ang bayad sa gubyerno!" sabi nga ng mga setler. Marahas dahil kinakamkam ang mga dating taniman at pinalalayas ang mga katutubong Mangyan gamit ang panloloko at armadong *goons*

9 *Department of Environment and Natural Resources*



at militar. At sa pagtagal, tusong napapatituluhan ang
mga saklaw ng PLA kahit na bahagi ito ng porestal na hindi maaaring mapatituluhan.  "Iba na talaga ang malakas!" wika ng mga Mangyan.

Bago pa maorganisa ng NPA ang mga masang magsasaka at katutubo, walang silang magawa laban sa pangangamkan ng lupain nila. Kaya nang manawagan na tayo ng pagwasak sa mga pastuhan ng mga despotikong PML at pagbabalik ng mga lupaing ito sa mga magsasaka at katutubo, masiglang tumugon ang mga mamamayan ng Mindoro.

Pangunahin at malaganap na anyo ay ang okupasyon sa mga dating pastuhan na tiwangwang, abandonado at mga umiiral pang mga pastuhan ng mga PML dahil sa lakas ng masa, Partido at hukbo.  May ispontanyo  at organisadong okupasyon.  May direktang okupasyon-petisyon at may dumaan pa sa mga negosasyon.

Mula 1983 hanggang 2001 tila apoy sa kaparangan na kumalat sa buong isla ng Mindoro ang laban ng magsasaka at mga Mangyan para sa lupa.  Mula sa timog hanggang hilaga, silangan at kanlurang bahagi ng isla, sa mga lupang porestal, mga balisbisan hanggang tabing haywey, kapatagan at tabing dagat, may iba't ibang anyo ng laban na isinulong ang mamamayan.  Ang mga labang ito ay maisusulong kaalinsabay ng pagpupundar at paglakas ng armadong pakikibaka at pagtatayo ng base.

Sa isang bayan lamang sa dulong silangang Mindoro, matapos na magkasunod na mailunsad ang paglansag sa mga pastuhan nina Sagun

at Delgado noong 1985 at 1986 ay 18 pang pastuhan ang sunud-sunod na kinasahan ng katulad na laban.

"Sa ngayon sa buong isla", ani Ka Ibyang "may higit 60 na mga pastuhan na inokupa ng mga magsasaka ang naitatala ng yunit at nasubaybayan ng mga kasama ang paggana—sumaklaw ito ng higit 17,000 ektarya at nabenepisyuhan ang 2,600 na mga pamilya o higit 16,000 na mga tao." Maliit pa ang bilang na ito at hindi pa kasama ang iba pang ispontanyong laban, mga hindi na nasubaybayan at naabot ng yunit at hindi na nagtuloy na laban.

Imik naman ni Ka Pips "Aba kasama, 'di lang sa pastuhan ang laban—kami mang mga magsasaka sa asyenda ng mga PML sa kapatagan ng Occidental ay lumaban din para sa karapatan sa lupa. Sina Tatay at mga tiyuhin ko noong 1985 ay kabilang sa 119 pang mga pamilya na ipinaglaban ang karapatan sa 200 ektaryang asyendang dating asinan." Sumuporta din sila sa iba pang laban tulad sa PT&T, Gaisano at iba pang asyenda. Dagdag pa niya "Binatilyo pa ako noon at kasama kami sa pagbabantay ng tanim na palay para hindi sirain ng mga bantay o mapapasukan ng tubig alat. At may karanasan na pinuputukan ng mga armadong gwardiya nito habang nag-aani sila sa gabi. Marami ding nag-NPA mula doon. Ngayon halos 35 taon ang nakakalipas, marami pa rin ang nananatili, may ilang naipagbenta na ang kanilang sakahan at may ilan na nabili na ng bagong mga asinan.

Sa pamumuno ng Partido at hukbong bayan, isang tunay na malakas na kilusang magsasaka ang umusbong. Naging gulugod ito ng kilusang masa sa isla at sinuportahan ng iba't ibang mga uri at sektor. Nakabig at naitayo ang malapad na alyansa sa hanay ng midya, abugado, taong simbahan at ilang mga pulitiko.

Tanong nga ni Mr. Cruzado, ng isang makabayan at alyadong may-ari ng pastuhan "Kasama, kung lalansagin ninyo ang lahat ng pastuhan, paano na ang *cattle* at *dairy industry* sa ating bansa? Eh di aasa na lamang tayo sa importasyon ng karne at gatas?" Maoobliga ang mga kasamang magpaliwanag hinggil sa reporma sa lupa, pambansang industriyalisasyon sa kanila. Ipinaliwanag ding hindi lalansagin lahat ng pastuhan kundi ang mga kinamkam at mapaminsala, may utang na dugo at iba pang kaso laban sa mamamayan. Dapat ding may pagsang-ayon

ang mga pamayanan at mahalagang patakaran ng mga kasama—walang armadong *goons*! "Ah, maganda at nailinaw ninyo, kasama!"

Rebolusyong agraryo—RA; ar-ey!—bukambibig ng mga masa ito—basta alam nila ay lupa para sa walang lupa; pahayag ng lider ng RA na si Ka Gimo, "Kung walang NPA, kung walang RA at walang laban at sama-samang pagkilos, wala kaming lupa; walang sasaingin; walang makakain!"

Paliwanag ni Ka Ibyang na susi sa lahat ang masinop na SI/PPST[10] ng mga SYP na pinagsimulan ng propaganda, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mamamayan para sa kanilang lupa, kabuhayan at karapatan. Walang hindi mahahanapan ng isyung pampakilos para sa masang magsasaka—ito man ay sa anyo ng pagbabago ng partehan, pagpapababa ng upa sa lupa, pagpapataas ng sahod ng manggagawang bukid, paglaban sa usura at komersyanteng usura, pagpapataas ng presyo ng mga produktong bukid at iba pa.

Nariyan ang paglaban sa pandaraya ng mga negosyanteng mamimili ng mais at kape sa pamamagitan ng "salop ni Tagubi"[11] at ang paglaban at pag-aalis ng talsik[12] sa pagbenta ng saging. Kahit na sa tabing dagat ng mga bayan sa hilagang Mindoro ay naikasa at naipagtagumpay ng sama-samang pagkilos ang pagpapataas ng presyo ng '*pebbles*[13]'.

Nagawa rin ang sama-samang pagbebenta ng mais, palay, sili at kaong para sa mas mataas na presyo nito sa pamilihan. At hindi makakalimutan ng mga manggagawang bukid sa ilang bayan ang laban at tagumpay nila sa pagbubuo ng unyon ng manggagawang bukid, ang laban sa pagpapataas ng sahod ng manggagawang bukid at ang laban sa sistemang kabesilya[14] sa Occidental Mindoro.

---

*10 Social Investigation/Panlipunang Pagsisiyasat*

*11 Ang 'salop ni Tagubi' ang magiging standard na sukatan sa pamimili ng produksto ng mangyan kapalit ng mapandayang gamit ng mga negosyante.*

*12 Ang sistemang "Talsik" sa pamimili ng saging ay pagbibilang ng saging (by 5's) at kapag sa isang piling ay may labis na 1- 4 na saging, ito ay hindi na bibilangin at wala nang bayad*

*13 mga puti at makikinis na bato na pinupulot sa baybay dagat. Gamit ito sa konstruksyon at iba pa.*

*14 may hawak na mga manggagawang bukid na 50-100 o mahigit. Ito ang nakikipag-ugnayan sa mga PML, mayamang magsasaka sa pagtatrabaho sa lupa. May kita ang kabesilya na binabawas sa sahod ng manggagawang bukid bukod sa sahod nito*

Pawisang narating nina Ka Ibyang ang "Pinagduguan". At sa pagitan ng pag-inom ng sabaw ng buko, tuloy ang kwento. Ani Ka Ibyang, "maraming 'Pinagduguan' sa Mindoro sa nakaraang higit tatlong dekadang pakikibaka para sa lupa na nagpapatuloy hanggang ngayon". Ang iba'y kwento at karanasan ng mga kasamang naunang kumilos sa lugar at ang ibang laban ay aktwal na karanasan. Ang marami ay makukulay na kwento mismo ng masa:

## Ang okupasyon sa pastuhan ni Sagun, 35 taon na ang nakalilipas

Madugo at marahas ang laban ng mga Mangyan at mga setler na Batangueño at Bisaya sa dating pastuhan ni Sagun—na higit 300 ektarya at kung saan kapag tag-araw ay aalpasan sa kanilang mga kaingin na may tanim na palay, mais at mga kamote at balinghoy ang 200 baka na gutom at walang makain. Inokupa ito ng mahigit 60 mga pamilya noong 1985 matapos ireyd ng NPA ang pastuhan, kinumpiska ang mga baril, mga pag-aari ng pastuhan pati mga baka, kabayo at kambing. Sinukat at ipinamahagi sa pamamagitan ng palabunutan ang tig-2 ½ ektaryang lupain. Sinuportahan ang labang ito ng tatlong barangay na apektado rin ng pastuhan. Dahil sa pangangamkam sa lupa at karahasan sa mga magsasaka, nagkaisa sila, nagbuo ng MB at inambus ang despotikong PML na si Sagun sa mismong pastuhan nito. Tigas-pagmamalaking kwento nina Ka Carling at Tomas na "Kapag may NPA at nag-armas pala ang masa, takot din si Sagun—aba'y tumakbo at maghapong nagtago sa *culvert* at hindi nakapanlaban!" Parang pyesta ang tatlong baryo na saklaw ng mga baka at pastuhan nang hindi na bumalik ang PML at idineklara ng mga kasama na bukas na ito para sa pagpusisyon ng mga magsasakang walang sariling lupa.

Ngayon, mga apo na sa tuhod ni Kakang Ote at Elya ang nagsasaka dito kasama ang iba pang mga benepisyaryo ng RA. "May naipundar na kaming 175 ektaryang produktibong taniman na ng palay, mais, sili, bawang, sibuyas, mani at iba pa. May baryuhan na 12 ektarya (bahayan, *daycare*, tindahan, atbp) at ang iba ay preserbadong mga kagubatan. Ang mga malalaking puno ng mangga na naging komunal ang pag-ispray at pagpapabunga ang pinagmumulan ng dagdag kita at pondo para sa samahan." Hindi nga lang nagtagumpay ang tubuhan natin. Sayang, gagawa na sana tayo ng sariling asukal!

Para hindi maiwan ng kwento at makapapel ay naghabol din ang lokal na gubyerno nitong 2013 ng pagpapaayos ng kalsada at pagkakabit ng kuryente sa lugar.  Bagama't bago pa ito ay may sarili nang generator at pailaw ang samahan.  Pinagtayuan na rin ng detatchment ng CAFGU para diumano'y proteksyon daw laban sa panggugulo ng mga NPA!  Kung panggugulo ang habol ng NPA, hindi sana ito tinangkilik ng masang magsasaka mula pa 1983.  Pabulong na sabi ni Ka Lemuel "Kow, sila nga itong nanggugulo!  Bumalik na naman ang inuman at pagsusugal at nakawan dahil sa mga CAFGU!"

Sa tuwing anibersaryo ng samahan at okupasyon ay sasariwain ang kasaysayan at aral sa pakikibaka lalo na sa mga kabataan, pararangalan ang mga martir at kikilalanin ang papel ng masa sa laban.  Aalalahanin sina Ka Peping, Ka Rote at iba pang martir na at mga sumampa sa hukbo na nagmula dito.  Wala na ang bakas ng pastuhan. Ganito rin ang nangyari sa iba pang RA sa pastuhan.

Ani Kakang Gloria—"Pinasok ito ng eksplorasyon ng mina, pinasok ni Palparan at RSOT[15] at walang puknat na mga operasyong militar, pagpapasuko hanggang tayuan ng kampo ng CAFGU, pero  hindi na kami mapapalayas dito!"  Dugtong naman ni Ka Juan, "Gusto ng kaaway na  'ihiwalay ang isda sa tubig'."  Dumalang nga ang isda dahil nilason ng kaaway ang tubig—ngunit pansamantala at paibabaw lamang ito! Hangga't kumakain kami ng kanin, kumikita mula sa lupa, hindi makakalimutan ng masa ang rebolusyonaryong kilusan, ang NPA at Partido." Dagdag pa niya "'Magpakabait-bait' man ang mga RSOT o

*15 Reengineered Special Operations Team*



RCSPO ngayon, gayahin man nila ang gawain ng SYP—manggamot, mag-organisa, magtayo ng basketbolan at magpaliga…subukan nilang gayahin ang RA—ang kumpiskasyon at pamamahagi ng lupa ng mga PML—Huh, baka sakaling matuwa kami sa kanila."

### Walang katapusang lupit na karahasan ng mga PML ang nagsindi sa laban ng mga magsasaka

Sa karatig bayan naman noong 1986 ay di na napigilan ang mga Mangyan na okupahin ang 500 ektaryang pastuhan ni Modi na dati rin nilang taniman. Tig-4 hanggang 5 ektarya ang sama-samang sinukat para sa 59 pamilya na halos tubiganan na ang kalakhan hanggang ngayon. Nakabili sila ng *hand tractor* mula sa kita ng komunal na pag-aalaga ng kambing. Pinag-iinitan din ng kaaway ang RA dito at madalas na mag-operasyon at nagtayo na ng kampo sa karatig sityo. Nitong 2017 ay dinukot at pinaslang sina Tatay Edong at Konsehal Lope, mga lider nila na nagtatanggol sa karapatang pantao at tumututol sa pagpasok ng mina sa lugar.

Ibinahagi naman ni Ka Ibyang ang kwento ni Ka Ador, isang lider magsasaka sa lupain ng Paner-Abarra. "Mas maraming dugo ang dumanak sa lupang dating inagaw sa kanila ng PML at muling inokupa ng mga setler at mga magsasaka noong 1984." Matapos ang ilang taon ng pakikinabang sa lupang pinusisyunan, noong 1988 ay kinumpiska ni Abarra at mga *goons* nito ang mga ani ng magsasaka; pinatay ang walong lider-magsasakang ayaw pumaloob sa Alsa Masa at Matasadem at CAFGU, sinunog ang 21 bahay at kinatay ang 50 kalabaw.

Napilitan subalit organisadong lumikas ang halos buong baryuhan—tumungo sa hangganan ng dalawang probinsya at nagpundar ng mga sakahan sa bahagi ng ilang abandonado at mga tiwangwang na lupain sa tabing ilog. *"Internal refugees" o* IR's silang tinagurian. Suportado at tinustusan ng NPA ang kanilang gastusin sa pagpupundar hanggang sa makaani na sila at makapagsarili. "May lupa nga kasama, may tubig na gagamitin para sa patubig, eh walang kalabaw kundi asarol at piko lamang ang pag-aari namin!" daing nina Ka Aris.

Bilang pagtugon, inilunsad noong 1988 ang Operasyon Simaron—panghuhuli ng *wild buffalos* (simarong kalabaw) upang magamit

sa produksyon.  Higit 120 magsasaka at Mangyan ang lumahok sa dalawang linggong operasyon sa pamumuno ng hukbo at higit 25 mga simaron ang nahuli, halos kalahati lamang nito ang namanso at nagamit pansaka.  Ang iba pa ay nagbigti at namatay.  Ulam na rin ito!  Ginamit din sa produksyon ang iba pang kalabaw at baka na kinumpiska sa mga nilansag na pastuhan.  Dito simulang napundar ang malawak na mga tubigan/palayan sa dating pastuhan.  Sa mga *"internal refugees"* na karamihan ay tubong Panay natuto ang mga Buhid at Hanunuo na magsaka mula sa dating pitak-pitak na mga kaingin lamang.  Sa ganito lumitaw ang mga gintong palayan sa mga tabing-ilog kapalit ng mga hinukay na malalaking puno ng akasya, talahiban at *napier grass*. "Akala namin ay hindi mabubuhay dito ang palay, iyon pala ay maganda ang ani dito!" ayon kay Ka Ondoy.

Kwento naman ni Ka Maykel sa salitang bisaya "15 taong gulang lamang ako noong mag-ebakweyt ang buong angkan namin para takasan ang kalupitan ni Abarra.  Nasaksihan namin ang pagkakaisa ng mga setler at Mangyan, at ang unti-unting pagkamulat at pagtapang ng mga Mangyan na dati'y laging takot at patakbo, ngayo'y lumalaban na! Kung dati'y kalaban ang tingin nila sa aming mga damuong[16] at siganon[17], ngayon ay nakakuha na sila ng kakampi!  Pareho kaming walang lupa, inaagawan ng lupa at lumalaban na!  Nang bumalik ang mga pamilya namin sa dating pastuhan  matapos ambusin ng mga kasama si Abarra noong 1991, naiwan na ang mga pinundar na mga tubigan sa mga Buhid".

Pagsusuri ni Ka Onyo sa kalagayan ng mga Mangyan— "Wala na talaga kaming matatakbuhan kasama!  Napalayas na kami mula sa tabing dagat at kapatagan, ngayong nasa kabundukan na kami, saan pa kami tatakbo?  Nasa mayayaman na ang magagandang lupain sa tabing dagat, sa kapatagan at bulubundukin.  Pati ba naman sa kagubatan ay palalayasin pa kami? Ngayon, patuloy kaming nililigalig ng ipinapatupad na iba't ibang programa ng reporestasyon, NIPAS[18], CADC-CALC[19],

*16 damuong ang tawag ng mga Hanunuo sa hindi Mangyan*
*17 siganon o loctanon ang tawag ng mga Buhid sa hindi Mangyan*
*18 National Integrated Protected Areas System*
*19 Certificate of Ancestral Domain Claims - Certificate of Ancestral Land Claims*

NGP[20] at pagpasok ng mga mina, REPs[21] at iba pang anti-mamamayang proyekto ng gubyerno na patuloy na umaagaw ng aming lupain kapalit ng mga napalayas na mga pastuhan."

"Kaya kung kailangan ulit naming gawin ang martsa/rali naming mga Mangyan mula Bansud hanggang Bulalacao noong 1985 para tutulan ang pagmimina ng *carbon*, gagawin ulit namin laban sa mga bagong pakana ng gubyerno," singit ni Ka Daya, isang kababaihang lider-Hanunuo na nasaklaw ng mina ang pamayanan at kaingin. "Ah, dahil sa sama-samang pagkilos natin noon ay napigil ang mina, kaso ang pumalit namang nanliligalig ay mga milital na nakakampo ngayon dito!" Pabirong habol naman ni Ka Caloy, "baka hindi mo na kaya ngayon, Ka Daya, matanda na ang mga tuhod mo.  Pwede siguro mga apo mo na lamang!" sabay tawanan.

Sa kainitan ng kwentuhan, hindi papayag si Ka Jay, isang matanda at lokal na kadre na hindi maibahagi ang kanyang karanasan kaugnay ng RA—aniya: "Madugo din ang karanasan ng Gaisano—tatlong magsasaka ang pinatay dito, ikinulong ang mga lider hanggang sa mamatay sa kulungan ang ilan sa kanila." Hindi sila umasa sa tinatawag na ligal na laban sa korte dahil hanggang ngayon ay hindi pa tapos ang laban.

---

20 *National Greening Program*
21 *Renewable Energy Projects*



Nananatili pa rin sila at tuloy ang pakikibaka. “Nga pala, magpapadala daw ulit sila ng limang kaing na mangga at saka malagkit para makatikim naman ang mga kasama. Saan daw kaya ito ibababagsak?”

Maliliit na ang kaldero ng mga taga-Malugay at Kamagong!

Sa paglipat ng yunit nina Ka Ibyang sa RA sa Malugay, agad na binati sila ni Ka Neneng na, “Mga kasama, tagumpay tayo sa RA! Maunlad na kami. Maliliit na ang kaldero namin ngayon!” pabiro ngunit malaman na pahayag ng mga kababaihan sa RA-Malugay— malawak na kapatagan sa tabing ilog na dating pag-aari ng limang pastuhan. Dati rati ay malalaking kaldero ang pinaglulutuan nila dahil malalaking butil ang kanilang isinasalang tulad ng bundo, kamote, gabi at balinghoy. Pero ngayon, bigas o maliliit na butil na ang isinasaing kaya maliit na kaldero na lang ang ginagamit.

Paglalahad ni Ka Gani hinggil sa kasaysayan ng Malugay “Labing-apat na taon na kami dito mula pa noong 2005 at nakapusisyon dito ang higit 100 na mga pamilya mula sa anim na sityuhan. Lahat gustong magkaroon ng tubigan/palayan kaya maliliit lamang—tigkakalahati ektarya hanggang isang ektarya lamang ang naging parte ng bawat isa. Di sapat pero ayos lang iyon. Ang mahalaga, lahat ay nakakaranas na magtubigan bukod sa dating pagkakaingin. Tinuruan at ginabayan at sinamahan kami nina Ka Ken, Ka 3k, Ka Andres at iba pang kasama para sa pagpapatupad ng mga napagkaisahang mga batas at patakaran sa RA, sa paraan ng pagsasaka mula sa pagpupundar, araro, suyod, paggawa ng patubig, paggawa ng singkaw, pagpunla at pagtalok hanggang umani. Mula sa 12 ektarya dati ang tubigan ay umabot sa higit 40 ektarya ang aming naipundar, produktibo na ito at nagpupundar pa taon taon ng dagdag. May dalawa hanggang tatlong beses kaming nakakapagtanim ng palay sa kada taon, huwag lamang abutin ng bagyo, baha at daga, at pesteng operasyon ng mga sundalo.” Ipapakita at sasalatin ni Ka Gani ang pilat sa kanyang leeg dulot ng tangkang paggilit sa kanya ng kaaway noong 2007.

Pagmamalaki dati ni Ka Mano, tagapangulo ng GSM sa lugar, “Natutunan namin hindi lamang basta pagsasaka kundi—mga praktikal na teknik at siyentipikong pagsasaka! Alam na namin ang tamang edad at laki ng punla bago italok para tiyak na maganda ang ani. Dati, kung kailan kami sipagin saka magtatalok.”

Mga kalahating araw na lakad at di kalayuan naman dito ay mararating ang RA ng Kamagong na libong ektaryang saklaw ng dating tatlong pastuhan na mas nauna pang inokupa ng 113 mga magsasaka noong 1990 at napapakinabangan ng mga benepisyaryo. Gayunman, nitong 2017 hanggang 2019 ay lumitaw ang maraming problema dahil sa pananakot at pagpapasuko sa ilalim ng Oplan Kapanatagan ng rehimeng Duterte. May ilang lider na bumaligtad at nakipagtulungan sa kaaway.

Sa mga idinaos na paglalagom ng RA Malugay at Kamagong noong 2014, sinuma ang karanasan sa RA: "Sa loob ng mahigit dalawang dekada, masasabing isang malaking tagumpay ang okupasyon ng mga tao sa dating pastuhan, ang kanilang pananatili sa lugar at ang pagpapaunlad ng kanilang mga sakahan at pusisyon sa kabila ng umiral na mga problema, kagulugan at panggigipit ng kaaway sa mga masa."

**Kapit sa patalim! Lumaban o magutom!**

Kapit sa patalim ang pag-okupa ng higit isang daang magsasaka sa loob ng 155 ektaryang pastuhan ng isang opisyal militar noong 1998 kung saan pinalayas sila upang pagtayuan ito ng *golf course* at mga *beach resort*. Pananakot, panununog ng bahay, pagkakulong at pagpatay ang karahasang nalasap ng mga magsasaka sa kamay ng mga *goons*, pulis at militar. Umabot ang kanilang kaso hanggang sa korte/ COSLAP[22] pero ang naging desisyon nito ay pabor sa PML. Dinimolis ang 50 kabahayan ng magkasanib na pwersa ng PMG[23], *goons* at SAF[24]. Ikinulong ang mga lider nito. Nagmistulang isang *garrison militar* ang lugar at napilitan ang mga tao at pamilya na lumayas.

Halos ganito rin ang karanasan ng 90 mga magsasaka na dating nakatira sa Biga (120 ektarya) na inagaw ng gubyerno sa pamamagitan ng pagdedeklara rito bilang protektadong erya para sa mga katutubo kahit na walang mga nakatirang Mangyan dito. Nagpetisyon sila sabay pagpusisyon. Sinampahan ng sari-saring kaso ang mga lider at nakakulong pa ang mga ito hanggang ngayon.

---

*22 Commission on the Settlement of Land Problems*
*23 Provincial Mobile Group*
*24 Special Action Forces*

“Nasa kabilang baryo naman ang sikat na RA sa Kalantas, Bagumbayan, at iba pa—mga isinulong na RA noong 1990’s at naging tutok sa ilalim ng Oplan Habol Tamaraw ni Palparan noong 2001-2004 at maging bago pa ito,” pagbabahagi ni Ka Ibyang. “Binabaran ng kanilang mga RSOT, ngayon ay RCSPO, pinagkampuhan ng 16th IB at CAFGU. Pilit pinabaligtad ang mga samahan laban sa NPA. Tinatatakang NPA lahat ng mga magsasaka at mangingisda. Ngunit napakalalim ng ugnayan ng masa at NPA na anumang propaganda ng kaaway ay hindi ito maaaring paghiwalayin—kaya’t kahit walang yunit ng hukbo na nakakarating dito sa panahon ng dumog ng pakat at operasyon ng kaaway, lagi pa ring naglalaan ang mga masa ng bahagi ng kanilang ani bilang RBA[25] para sa DGB[26] sa pamamagitan ng hukbo—isang pagkilala sa papel ng DGB at paggampan nila sa kanilang tungkulin. Malalim ang batayan ng pagkakaisa at pagkilalang ito.

Bahagi na lamang ng kasaysayan ang taguring Wild, wild west o Marlboro Country ang isla dahil sa mga pastuhan at kaguluhang idinulot nito. Dahil sa hukbong bayan, tagumpay ng RA at pag-iral ng Pulang kapangyarihan, hindi lamang naiangat ang kanilang antas ng pamumuhay kundi nagdulot ito ng pagbabago at mga kaayusan.

25 *rebolusyonaryong buwis sa agrikultura*
26 *Demokratikong Gubyernong Bayan*



Dumaan sa maraming liko't ikot ang mga laban para sa lupa. Komun sa mga RA na organisado ang magsasaka sa mga samahan. May mga hayag at rebolusyonaryong organisasyon. May mga KRA[27], may GSM[28], at mga sangay ng Partido. May mga lider na panday sa laban. May mga patakaran sa pagpusisyon at pagpapaunlad ng mga pusisyon. Hindi nawawala ang mga suyuan/saknungan. May komunal at indibidwal na mga sakahan. May pananagutan ang mga kasapi sa organisasyon. May tungkulin sa RBA. Integrado sa RA ang mga inilunsad na kampanya laban sa mangangalabaw at nakawan ng hayop; kampanya sa ekonomiya at produksyon, edukasyon at kalusugan. May mga sosyo-ekonomikong proyektong inilulunsad batay sa kakayahan ng samahan at mga lokal na rekurso. Itinatayo ang mga kooperatiba, tiyanggehan at iba pa.

Marami ding kahirapan at kabiguan, may mga natukoy na mali at kalabisan, maraming sakripisyo—may mga pinatay, maraming kinasuhan at nakulong. May mga okupasyon sa lupa na inilunsad na nasa balangkas ng maling linya at di pa napapanahon sa puntong hindi pa kaya ng lakas ng hukbo at masa na isustine at ipagtanggol ito sa harap ng malakas na reaksyon at pangwawasak ng kaaway. May mga pag-atras—may nagbenta ng kanilang pusisyon at may nabawi ng PML, may naging makasarili at ginustong makalamang sa iba at naging ekonomista at oportunista, may nakapasok na gusto lamang manggulo sa samahan. May samahang nabuwag at nagkanya-kanya. May mga nadala rin ng propaganda ng kaaway, sumuko, at may mga nagtaksil at nagkanulo.

Ngunit mas marami ang napanday at kumilala sa kanilang sama-samang lakas, nabenepisyuhan, natuto, bahagyang gumanda ang buhay, pinanday ng karanasan at kumapit nang matibay sa DRB, patuloy na sumalig sa kanilang hukbo at sa pamumuno ng Partido.

Ngayon, may hukbo man o wala, masa ang magpapatunay, magkukwento ng kawastuhan ng linya ng DRB. Kahit na nga napapailalim ang mga masa sa matinding FMO at RCSPO—ng dumog na operasyon at propaganda ng kaaway laban sa rebolusyonaryong kilusan, laban sa NPA,

27 *komite sa rebolusyong agraryo*
28 *ganap na samahang masa*




di pa rin mapapasubalian ang mga tagumpay na nakamit nila.

Sa karaniwang tanong ng mga nag-ooperasyong militar sa mga masa, "Ano ba kasi ang ipinakain sa inyo ng mga NPA na iyan at sumusuporta kayo diyan?" Sagot na pabulong ng masa (na halos hindi iparinig sa mga sundalo) ay "Aba, maraming ipinakain sa amin ang mga kasama—dahil kung hindi sa kanila, wala na ang mga sakahan at kaingin namin—ubos ng mga baka." Sa dagdag na tanong ng kaaway na "Bakit kasi kayo nagtitiis dito sa kabundukan?" Muling sagot ng masang pabulong, "Aba, eh kung ibibigay ba ninyo sa amin ang mga tubigan ng mga asyendero sa kapatagan, eh bababa kami at 'di kami magtitiyaga dito. Ang hirap yata ng buhay dito!"

Paalaala lagi ng mga gurangon[29] sa mga kabataan—"Dapat ituloy ang laban sa lupa at panghawakan ang tagumpay na nakamit natin."

---

29 *tawag ng Mangyan sa mga nakatatanda*

Malungkot ngunit matiim na pagsusuri ni Ka Ando: "Wala man tayong hawak na titulong papel, sa ilalim ng DGB, sapat nang titulo o *mejora* ang ating mga tanim na niyog, mangga, saging, atbp—patunay na tayo ang nagbubungkal ng lupa. Pakinabangan natin at ipaglaban ito."

"Tila wala na yatang katapusan ang gawain nating pagdodokumento," buntong hininga ni Ka Ibyang. Habang nasa gaod sila ay may ulat-sulat na dumating galing kina Ka Nogi kaugnay sa pinakahuli nilang operasyong paglalansag ng pastuhan ni Zaragoza nitong 2019. Sulat ni Ka Nogi: "Nagbubunyi at nagpapasalamat ang mga masang Mangyan sa ginawang pagtugon ng mga kasama sa kanilang kahilingan—ang paglalansag ng pastuhan ni Zaragoza na nasa gitna ng kanilang mga taniman. Naisaayos na rin ang relasyon ng mga magsasaka at ng pastuhan ni Vega—ibinalik sa mga magsasaka ang mga pundar nilang mga tubigan at hindi na ito sinaklaw ng bakod ng bagong may-ari ng pastuhan."

Banggit ni Ka Ibyang: "Mga kasama, marami tayong maiuulat at matatalakay sa kumperensya. Muling inapirma ng mga kwento, karanasan, tagumpay at mga kabiguan ang mahigpit na ugnayan ng tatlong komponente para sa pagtatagumpay ng digmang bayan—ang AP[30], RA at pagtatayo ng base: na kung may armadong pakikibaka ngunit walang RA ay magreresulta sa mabuway na baseng lakas na bulnerable sa panlilinlang at pananakot ng kaaway. Sa kabilang banda, kapag walang AP at RA lamang ay mauuwi ito sa ekonomismo at oportunismo. Lumalakas din ang AP at nakakapagpasampa ng mga bagong hukbo dahil sa tagumpay ng RA at matatag na base."

Pahabol ni Ka Jay: "At tunay na kung wala ang hukbo, wala ni anuman ang masa." D

*30 armadong pakikibaka*



# Tula

# Ingay sa Kakahuyan

NI KA ROSIE




May musikang nagbubuhat sa kakahuyan
Musikang tulad ng huni ng malayang kawan ng mga ibon
Musikang singtinis ng huni ng mga kuliglig
Mula sa himig na inaawit ng mga api

May ligayang nagbubuhat sa kakahuyan
Ligaya sa kwentuha't kakatwang mga biruan
Ligaya mula sa marikit na mga mata
Ng mga taong hinanap ang sarili sa piling ng masa

May ingay na nagbubuhat sa kakahuyan
Ingay ng maiinit na tunggalian
Tagisan ng tama't mali, mga bago't lipas na gawi
Hindi tungo sa pagkawasak kundi sa higit na pagkabuo

May putok na nagbubuhat sa kakahuyan
Kasaliw ng musika, inspirasyon ang ligaya
Sa pananaig ng tama’t higit na pagkakaisa
Putok ng baril buhat sa gatilyong tangan ng masa

Putok na nagbubuhat sa kakahuyan
Tanda ng pagkubkob sa buong bayan
Buhat sa masang nag-aarmas sa kanayunan
Sa layuning kamtin ang makatarunga’t matagalang kapayapaan.

# Tugon

NI KA BINGO

walang lumalaya sa malayang
taludturan lamang,
wala ni isang talinghaga
na maaring silungan sa panahon
ng tag-ulan.

Ang bala ay hindi nasasalag sa imahe
ng pulang araw na maluwalhating
umaangat sa pinatag
na bundok.

Ang rebolusyon ay hindi kwentong bayan
pinagkukwentuhan lang

kasama, bagaman hindi pa
kita nakikita,
batid kong balang-araw
ay mababatid ko rin
na ang sangangdaang ito
ay kinaharap niyo na rin,

na ang pagpili sa landas
na dapat tahakin,
at kung kailan dapat tumungo rito
ay nasa aking pagpapasya rin

may panahon para tumulala
at magpakalunod sa pag-aagam-agam

ngunit kailangan ring umahon,
at lumusong sa ibang unos.

Ang makata
ay makatang higit

sa kaniyang hindi pagtula,
at pagsunod sa linya

hindi ng isa pang linya,
kundi ng katahimikan.

ang makata ay makatang
higit hindi sa kaniyang tula

kundi sa kaniyang tugon



# Bersus

NI V. SANGGANGBAYAN

Nanay, galing daw dito ang NPA at nagsaing?
Kumukupkop pala kayo ng terorista, yan ay krimen!

Ay Ser, syang tunay, may dala silang sariling bigas
Itinapong nga kami ay, pinag-ulam pa ng sardinas.

Aba!  Ang balita nami'y nagkatay pa ng manok?
Ayan ang balahibo o, gulong sa galbok!


Ay ngane, syang tunay Ser, wan pipti ang bayad
Nung minsang dumaan kayo dine, narinig ko na laang ay putak.

Talagang suporter ka ng NPA, Misis, galit dyan si Digong.
Mamilî ka — susuko o manlalaban, o ika'y ikukulong?!

Pikon ka pala Ser, kaya hindi kayo manalo-nalo.
Ayan na ang NPA aarestuhin ka, o — Takbo!

# Ano ang aming kasalanan?

NI KA BALTER




1. Pagnasaan ang lupang tiwangwang upang kahit minsan makaani nang walang inaalalang partihan?

2. Maggiit ng ayuda mula sa gubyerno sa halip na milagro ng simbahan sa panahon ng tagtuyot at kasalatan?

3. Bigyan ng hugis at larawan sa mga salitang ipininta sa pader at balatengga ang tunog ng kalam ng tiyan na tanging kaming magkakapitbahay ang nakakarinig?

4. Mag-amba ng bisig at maghagis ng kamao sa hangin, umusal ng babala at banta sa mga komersyante't mandaraya?

5. Tumalikod sa mga kasunduan ng sanglaan matapos naming mapagtantong kami'y naisahan?

6. Mag-abala sa mga samahan, sa mga talakayang lumalalim na sa gabi at lampas sa *curfew* para umamot ng ipinagbabawal ninyong kaalaman?

7. Lihim na mamuhi at magmura sa inyong nagpapahirap sa amin, sumalungat sa mga salita ng maotoridad?

8. Magkalat ng basura sa mga plasa, mag-iwan ng sangkaterbang polyeto sa kalsada pagkatapos ng mga protesta at welga?

9. Makipagkaibigan sa iba pang api, sa mga tinatakan ninyong terorista, upang makadamang may karamay kami sa pagkakasala?

10. Magkaroon ng mga anak na nag-armas para tubusin kami sa aming mga kasalanan?

# Sigwa ng Kabataan

NI KA PLENI



Tahimik ang iyong diwang nahihimbing
Sa lipunang akala mo'y tahimik din
Tahimik ang iyong isip at katawan
Sa maghapong pagpapagal na akala'y
normal lang.

Karapatan at edukasyon sa iyo'y ipinagkait
Pinilit mong tumahimik ngunit sa loob
nagngingitngit
Sa diwa mo'y dumatal ang rebolusyonaryong tindig
Isang sigwa na sa estado'y yumayanig.

Ang walang-kapantay mong lakas, ialay mo, kabataan
Sa papalaki at paparaming bagyo ng digmaan
Itaboy ang naghaharing mapanlinlang
Tulin mong taglay, dadaluyong sa buong bayan.

Matagal mo nang gagap ang kahirapan ng buhay
Matagal nang kumakapal ang kalyo sa murang kamay
Sa iyong pamilya, ikaw na rin ang bumubuhay
Manggagawa ka at magsasakang lumilikha ng yaman.

Kilusang kabataan baguhin ang daigdig
Magsama-sama at laksa-laksang maghimagsik
Likhain natin ang ipu-ipong mabagsik
Mabagsik sa manlulupig, sa gahaman magpapatalsik!

At pagkatapos ng sigwa,
Saka lang mararamdaman
Ang tunay na kahulugan
Ng salitang kapayapaan.

# Nang ang salbabida'y[1] sumalunga sa silig

NI KA LUCIO

Noong dekada otsenta, payapa pang namumuhay -
    mga mula sa Mauba'y nakatagpo ng kanlungan,
    grupo ng mga Dumagat kinanlong ng kailugan,
    Bikolanong kasamaha'y baybay-ilog ang pondohan,
    Humabol pa'ng taga-Baybay sawa na sa kasalatan.
Prontera ng Sierra Madre, piping-saksi't kaulayaw
Ng setler na ang hanap ay konting kaginhawaan.

Samu't saring kayamana'y kinipkip ng kabundukan.
Bitbit nga ng kagubatan ang sa tao'y kabuhayan.
Sa lalim ng kailugan, pagkain ay naghihintay.
Pagkalingang hinahangad, Umiray ang magbibigay!

Subalit, may nagbabantang lulukob na kadiliman.
Ang araw ay hinarangan ng makinang sasalakay,
susuyurin ang kublihan ng hapung diwa't katawan.
Kahoy na nagtatayugan, puputuli't ibubuwal!

Bayarang *goons* ni Gua Ponsoy, maninikla't magyayabang;
Aagawin pa ang lupang sa dugo't pawis nilinang.
Sa labis na kasakiman, pag-uuway 'pinagbawal!
Tanim na pinagpaguran, bubunutin ng kawatan.
Walang-awang itutumba nakatirik nang tirahan.
Kapag ika'y nanlaban pa, putok ng riple'y bubulyaw!

---

1 *Karaniwang ginagamit ng masa sa Umiray ang salbabida (mas kilala sa lokalidad bilang interyor) para sa pagbubulaog o pagbibiyahe pababa ng produkto sa kahabaan ng kailogan*



Sa saglit na pananahan ng pangamba sa sukalan,
Nanaig pa rin ang tapang, tumambad sa kaparangan.
Daang kamao'y nagbungkal upang higit pang hawanan
ang lupang dedepensahan sa kamay na kumakamal.
Mga tinayong samahan ay nanguna sa suyuan.
Sa tuwing magpapahinga'y tipon lahat, nag-aaral -
kalagaya'y tinalakay nang panawaga'y isigaw,
"Hindi iyo ang Umiray, kami ngayon ay lalaban!"
Mga masa'y rumagasang parang tubig ng Uyungan.
Dumaluyong na may plakard, tila agos ng Dadyangaw.
Sa Madaraque nagmula, pababa ng Singawan,
sa Angelo'y humugos at sumabang sa Bituan,
abot hanggang Pulang Lupa ang pagdagundong ng hiyaw!

Hindi pa nga nasapatan ang masang layo'y tagumpay
hinanap ang hukbong bayan, isinumbong ang tulisan!
Ang reklamong makatwira'y lubos nilang tinugunan,

katarunga’y ipinataw ng ating gobyernong bayan.
Sa tuwang ng taumbayan, isparo na ang humakbang.
Kinalabit ang pistola, sa isang ‘bang!’ — humandusay
katiwala na si Master, aba, sa lupa’y lupaypay!
Nangatuwa at nagdiwang kanyang pinagmalupitan,
pagsalubong sa kasama, sabay hiyaw ng “Mabuhay!”

At dito na nga nangatal ang nagdidiyos-diyosan -
si Go Pang Soy ay lumisan, tumakas sa kasalanan.
Sa wakas! Katahimikan ay dumating sa Umiray,
dinalaw ang magsasakang sa pagluluksa’y tumahan.
Lupaing dati ay tigang, umaani na ng palay;
Laksang kaingi’t sagingan, sumisibol t’wing amihan;
Malawak na yantukan ang siyang naging kabuhayan -
Sumagana na ang buhay ng katutubo at ng abyang[1]!

Inukit sa kasaysayan ang paglaban ng Umiray.
Ang nakamit na tagumpay ibayo pang alagaan!
Lalo na’t mamumuhuna’y tila asong naglalaway
sa mahihitang kapital sa PCC na halimaw.

Palaganapin alamat ng kabayanihang tunay
na ‘pinamalas ng masang kadakilaa’y dalisay!
Ikwento natin sa lahat ang mayamang karanasang
sa laranga’y iniluwal, sinulat ng mamamayan.

1 *di katutubo*

# Pag-aklas ng katutubo

NI KA ROSIE

Umuuga pa ang mga dahong
Dinaanan ng yapak mong mga paa
Paang tumatawid sa bawat lubak
Ng bundok na kaulayaw mo simula pagkabata

Hindi ka naghahangad ng buhay na maalwan
Sapat na'ng mapakain ang buo mong angkan
Sa pamamating, pag-uuway o pamumulot man
Sinikap mong itaguyod simpleng kabuhayan

Hindi ka nanghangad ng mataas na kaalaman
Sapat nang matutong magsulat, magkwenta't bumilang
Hindi ka umasa sa tulong ng iba
Maging sa dyos o panginoong tinalikuran ka



Minahal mo ang Cadig kaya ito'y kabisa mo
Maging sapa't ilog, lahat ng likot-sikot
Kahit nakapikit ay kaya mong tumungo
Saanman may kabuhayan, doon ka humahayo

Ang lupang mahal ang sya mo ring buhay
At nanindigan kang dito ka na rin mamamatay
Kapag ito'y inagaw ng dayong mananalakay
Bangkay nila'y dito mo rin iraratay

Ang pana't palaso na tangan mo noon
Ang sundang na taklis mo kahapon
At ang baril na sakbit mo ngayon
Ang tinututok mo sa tirano't kanyang mga kampon.

*Alay sa mga katutubong Manide ng Hangganang Quezon-Bicol.* D

# Ang Huling Halakhak

NI ADEL SERAFIN

Humahalakhak ang ganid,
sa bawat maletang ipinipinid,
sa bawat dingding na binabaklas, yerong binubuhat,
mga gamit na mabigat na isinasalya sa paroo't paritong trak...

Humahalakhak ang ganid,
habang sa gitna ng bagyo,
sa pagitan ng luha at nalulunos na kalooban,
may ilang utay-utay na lilipat
nang mabibigat ang paa,
nang durog ang mga puso't di halos makahakbang...

Sapagkat pinapalayas silang parang mga yagit, sa sindak,
sa di na masapang dahas
na halos lumukob na sa kanilang panaginip,
Hanggang sa sila'y biglang babangon sa gabi at tulog na
mananakbo at hihiyaw,

Andiyan na naman sila... ang mga sekyuriting bayaran!
Hinahabol sila sa kanilang balintataw,
ng halakhak ng demonyong ganid
na ang tanging nais ay maangking buong-buo ang paraisong
ipinundar mula sa dugo at pawis ng mga aping kanyang niyayanig!

Humahalakhak ang pinunong walang pakialam.
'Ika nito'y isang leksyong dapat matutunan.
Hampaslupang iskwater kung kanyang tingnan
ang masang naghatid sa pedestal niyang katayuan...

Humahalakhak ang tuta ng ganid,
habang sa kanyang tanggapan, nag-aabang ng balita; kung
tagumpay na bang nagiba,
ang matitigas ang ulong maralita...

Humahalakhak ang tuta ng ganid,
habang nakikipagbuno sa buhay at kamatayan
ang mga ina, ang mga ama,
ang mga bata at matatanda
na yagyag ang paa, sakbibi ng labis na takot at pangamba.

Subalit wala ng nakaririnig ng kanilang iyak,
tinabunan na ito ng magkakatonong halakhak...
at kinabukasan, haharap sa balita ang pinunong walang pakialam
at sasabihing 'wala na akong magagawa, matagal na silang sinabihan.'
Matapos ito'y magmamantika ang nguso ng mga sunod-sunuran.

Humahalakhak ang mga berdugong pangahas.
Di yata't ito talaga ang tunay nilang sadya, mula Marawi tunggong Laiya.
Dito naman dinala ang gawa-gawa nilang gera.



Ang target ay hindi mga terorista,
kundi masang nag-aaklas mula sa labis na pagka-aba…

Humahalakhak sila mula sa kanilang kampo,
pinanunuod nang buong katuwaan ang madugong palabas.
Pagkatapos, isa-isa silang mag-aangat ng daliri
bilang mga saksi,
at isasakdal ang kawawang mamamayan
bilang ugat ng kaguluhan.
Hindi nila sasabihin at kanilang itatanggi,
na isa-isa nilang hinakot ang mga sekyuriti.
Pinakain at ikinondisyong parang manok na panabong; hinayaan
itong maghasik ng karahasan,
at paghupa ng sagupaan,
ang maysala ay ang nagtanggol lamang…

Mga halakhak na dumudurog sa katauhan, tumatagos sa laman at
katinuan,
Sumusubok sa tapang at katatagan
ng masang labis nang pagkabusabos ang naranasan.

Hanggang pagtulog, naririnig nila…
at kung gising, humihiwa sa kanilang kaluluwa ang kawalang
katarungan
ang pagtalikod ng maykapangyarihan…
ang husga nang di pa makaunawa
kung bakit patuloy silang nagtatanggol sa lupa…

Ngunit sa gitna ng pagkaupos,
sanlibong mensahe ng pakikiisa ang bubuhos
tila malambot na kamay na hahaplos
sa mga diwang niluluray ng dahas at takot…
mula sa kung saan-saang larangan,
ay huhugos ang mga kapwa aping mamamayan maghahayag ng
pakikiisa't paninindigan
at panata ng kolektibong tanggulan,
isa-isang mahahawan ang mga agam-agam

sa pagkabatid na hindi sila nag-iisa sa laban....
Mas matatag, mas matipuno...
muling nagbabangon ang mga aping mamamayan.
at ang nakakaririnding halakhak ng mga buàng
ay kanilang lulunurin ng nagkakaisang sigaw ng paglaban!

Muling ihahakbang ang kanilang paa,
nang may katiyakan at buong sigla...
huhugos nang may saya at pag-asa sa 'Kampuhang magsasaka'
upang bumuo't gumuhit ng bagong pagkakaisa...

Muling magtatakbuhan ang mga paslit,
muling tataginting ang matitinis nilang tinig,
'Nanay, tatay... walang aalis!'
At guguhit muli sila ng kanilang mga palad sa papel
at isusulat ng gamit na krayola
ang kanilang inosenteng husga
'Buti pa ang saging, may puso...'
Muling maghahabulan sa lansangan,
ang mga batang kanina lamang ay nakasaksi ng karahasan.
Sugatan man ang kanilang musmos na isipan,
malinaw ang kanilang paninindigan:
"Ipaglaban ang lupang kinalakhan!"

(Hayaang) humalakhak ang ganid,
ang kanyang tuta't mga bayarang sampid
Hayaan silang mag-angat ng kanilang mga daliri,
magkaso't magturo,
muling mag-amba ng karahasan,
muling maghasik ng kaguluhan...
ito lang naman ang sadya nilang alam.
Subalit sa soap opera man, hindi nagtatagumpay ang kasamaan sa
tunay na buhay ang api ay 'di laging iiyak na lamang.
May lakas sa bawat kamaong itinataas;
sa bawat bisig na binibigkis,
isang makapangyarihang puwersa ang nagkakahugis.

Hindi nag-iisa ang aping mamamayan.
Milyun-milyon ang inaagawan ng tahanan.
Siyamnapu't siyam na bahagdang pinaghaharian ng iilang
gahaman;

Sila ang mga abang tinig na nagiging isang kilusan;
ang mga mahinang usal ng kasagaran na kalauna'y lumalagong
upang lamunin ang mga halakhak,
hanggang ang pamamayagpag ng ganid ay ganap na bumagsak!

*Alay sa mamamayan ng Brgy. Laiya, San Juan, Batangas na naging biktima ng marahas na demolisyon noong Hulyo 23, 2018 at ng nagpapatuloy na militarisasyon ng 1st IB-PA.* D

# Kawntertraker

NI KA SARI

Tahimik, marahan ang iyong pagsugsog
Sa bakas, sa boses at lahat niyang kilos
Walang ulan at araw, walang init at lamig
Sa iyong mataas na diwa ng pagsunod sa atas

Ginawa mong bulag at bingi ang palalong kaaway
Sa iyong pagsanib sa gubat,
Gubat na umangkin sayong kanya
Bunga ng malalim mong pagnanasang pangalagaan sya

Kaisa mo ang putik at mga bato
Sumasaliw sayo maging huni, ng ibo't kuliglig
Kamoplahe ng puno'y yumayakap sa iyo
Upang bigyang kublihan ang yong pagmamanman



Lilipas ang kaaway at kanyang operasyong
Bigo at suntok lamang sa hangin
Palalalain ang kanyang alipunga
ng demoralisasyo't pagkasiphayo

Habang ika'y magpapatuloy,
higit na magpapakahusay
nang sa muling pagtatagpo'y ganap nang bibiguin
ang misyon ng kaaway.

*Para kay Buddy at sa magigiting pang katulad niya.* D

# Gawaing Masa sa pulo

NI KA PLENI

Nasabik tayong sumakay ng bangka
Na maghahatid sa atin sa kabila
Maghahatid sa atin sa bago at panimula,
Pagpapatuloy ng gawaing nakatakda.

Nasabik tayong pumalaot
Sa kabila ng pag-iwan sa pulo
Ang pagkasabik na dumaig sa lungkot
Pagkat ang karanasan at aral, baon nati't naririto.

Sa byaheng sa simula'y banayad,
Maaalala ang mga masang kay-init ng pagtanggap.
Ibinubukas ang kanilang tahana't kusina,
Gayundin ang kanilang puso't diwa
Upang tanggapin ang prinsipyong dala
Ng Bagong Hukbong Bayan at armadong pakikibaka.

Nagpaloob sa mga grupo at komiteng pang-organisa;
Nagpalawak at nagpatatag, tila di magigiba
Handang kumilos at puno ng inisyatiba—
O kay tamis ng alaala sa gawaing masa!

Subalit sa kalagitnaan, magngangalit ang dagat
Isasayaw ang bangkang kakalmahan ang hanap
Ihahampas ang alon,
Malalaglag ang ambon.
Kinakaligkig sa lamig
Ng tumitilamsik na tubig—
Tanda na bilang hukbo, walang di mahirap.

Sa pagsusulong ng digma, sakripisyo'y gagap.
May ilang sandaling ang masang kaharap
Ay hindi pa handa, pinupuno ng bagabag;
Subalit sa tanglaw ng buwang maliwanag

Na pumapawi sa karimlan ng byaheng magdamag
Nagsisilbing gabay, Partido ang katulad
Pag-asa at guro ng hukbong nagsisikap,
Walang di mararating, walang di matutupad!

At atin ngang narating ang kabilang ibayo,
Tinawid ang dagat na naghihiwalay at naglalayo
Sa kalupaang dinukdukan at pinanggalingang pulo;
Subalit pansinin, dagat ding nagdurugtong
Sa mga larangang gerilyang nilulunsaran ng rebolusyon.
Sa pag-abot sa palad ng mga kasamang sumalubong,
May ngiti sa labi na nakapapawi ng gutom.
Sa likod ng kasama'y mapapaling ang tuon
Diretso ang tingin sa kabundukang maalon,
Matayog at matarik, humanda sa pag-ahon!
Atin namang babagtasin ang panibagong hamon;
Ihanda ang diwa sa kasunod na pagsulong!

*Isinulat mula sa karanasan ng byahe sa pagtawid ng dagat mula sa isang pulo kung saan naggawaing masa.* D



# Kasama

NI KA ROSIE


Hindi kita kadugo
Pero tinutumbasan mo ng dugo ang dugong iniaalay ko rin

Hindi kita kaibigan
Pero sa kabigua't tagumpay, tayo'y magkaramay

Hindi kita karelasyon o kasintahan
Lalong hindi asawa
Pero ang mga puso nati'y iisa ang inaawit

Marami man tayong pagkakaiba
Sa iisang layon tayo'y nagkakaisa

Tangan natin ang iisang sandata
Para durugin ang kaaway ng masa.



# Nalalapit na ang ating tagumpay!

NI KA WINSTON

Humihiyaw ang sakahan sa kawalan ng katarungan,
Ipinagtatanggol ang magsasakang sa kanya'y nagpagod humawan
Mula sa panginoong maylupang patuloy na kinakalaban
Ang pakikibakang nahulma ng mayabong na kasaysayan.

Gumagawa sa pabrika ang kaawa-awang manggagawang
Sinusuntok ng dusa't hirap para sa paglago pa ng puhunang
Itinatambak lamang sa kamay ng Pilatong kapitalistang
Kumakamal sa yamang pinagpawisan ng sambayanan.

Awas na ang pagtitimping kinikipkip ng kabataang
Niyurakan ang karapatang makapag-aral sa pamantasan.
Iniiyak ng maybahay ang dinaranas na kahirapan,
Sikmura'y warak na gawa ng sinturong hinihigpitan.

Umaalma na ang katutubong walang-habas na inaagawan,
Lupang ninuno'y handang tahasang ipagpatayan!
Oyayi ng paglaba'y inaawit ngayon sa kanayunan
Ng artista ng bayang taglay ang himig ng kalayaan.

Ginagamit na sa pagmumulat ang pulpito ng mga lansangan.
Hinaharurot na ng tsuper ang dyipni patungo sa mga larangan.
Abante na ang kahandaang lumaban ng makabayang lingkod-bayan.
Nababagtas na ng siyentista ang daan patungong digmang bayan.

Gugulong mula kabundukan ang pag-aalsa ng mamamayan.
Gaganti na ang mga aping kinaladkad sa lusak ng kawalan.
Ang alon ng himagsikan ay dadaluyong sa buong kapuluan.
Natitiyak na ang pagpula ng kaparangan at ng silangan!

Gamit ang lente ng MaLeMa, pag-aaralan ang karalitaan.
Wawakasan ng proletaryado, sistemang naghahari-harian.
Kasalukuyang pagkilos dapat lapat sa kalagayan,
Alalahanin ang nakaraan nang gintong aral ay mabalikan.




Umaabante ang Partido sagkaan man ng mga gahaman;
Minamahal ng masa, tinatanggap ng taumbayan!
Pakikibaka'y nagpapatuloy para mapalaya ang lipunan,
Amihan man o habagat, hagupit ng kaaway lalabanan
Yayanigin ng galit ng masa,  pagtatagumpayan ang himagsikan!

# Paalaala sa Gawaing Masa

NI KA TIBET

Bakahin ang konserbatismo!
Kumatok sa mga tahanan ng mga masang mapagkakatiwalaan.
Maglunsad ng talakayan, hindi lamang mga kwentuhan.
Ipaloob sila sa batayang mga organisasyon at mga samahan.
Pakilusin sila para sa kanilang mga karapatan.
Tiyaking gagap ng Partido ang sitwasyon nila sa kasalukuyan.

Bakahin ang konserbatismo!
Hindi dapat sumuksok nang sumuksok sa pusod ng kagubatan.
Ang paboritong postehan ay dapat nang iwasan.
Iwaksi ang de-lastiko't de-lagareng paggalaw.
Huwag matakot na magpaliwanag sa buong mamamayan.
Gawin ang lahat para yakapin ng masa ang paglaban.

Bakahin ang konserbatismo!
Lalo pang pagtibayin ang pagkakaisa ng sambayanan.
Higit pang patatagin ang prinsipyoít paninindigan.
Himukin ang mabubuting anak ng bayan na sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.
Itatag ang gobyernong bayan sa malawak na kanayunan.
Isulong na sa pagkapatas ang ating digmang bayan!

# Ehersisyo

NI KA DART, SIPI MULA SA "BAWAT ARAW NG PULANG MANDIRIGMA, ARAW NG PAG-UNLAD AT PAGLILINGKOD SA BAYAN"




sa *field* na ko tutungo
para mag-ehersisyo
nasan na ang sa ating pormasyon
kasama

pumanhik na sila, kanina pa umalis
baka daw mahuli, sabik magpapawis

sya, alis na muna ako para makahabol
talasan nyo ang pagbabantay, sentri nati'y di dapat maputol
upang kaaway ay hindi makalagpas

huwag kang mag-alala kasama, umahon ka na sa taas

pagdating sa *field*, nakahanay na ang lahat
tamang tama ang dating ko

kasama, ano ang iyong ulat?

*clear* ang aming bantayan
walang paldas ang mga daan

mabuti kung ganun
ang iba'y nag-ulat na din, walang obserbasyon
mag-umpisa na tayo
dapat may espasyo
Platun isang dipang pagitan, harap sa kanan
dipa muli mga kasama, upang tayo'y di magkasakitan
kukunin muli natin ang ating *set 1*
akin ang isa, dalawa, tatlo
sa inyo ang tuluyang bilang
una ay *limbering*, sa mata, ulo, balikat, baywang
iikot ang tuhod, i-*see-saw* ang talampakan
pagkatapos mag-unat, isunod natin ay NPA Dozen
*turk march, trunktwister* at *squat-bends*
isang dosena yan lahat
kasama ang *rabbit jump*, ang pinakamahirap
isa, dalawa, tatlo, isa
isa, dalawa, tatlo, dalawa

tagaktak na ang pawis ko
pero hindi dapat sumuko

sunod na ang ehersisyong pang-gerilya
humanda na mga kasama

*buttocks-up*, akyat-bundok
walang susuko sa mga kalahok
may 8-*count push-up*
normal, nakabuka
may kasama pang palakpak
hay...habol ang hininga
hithit-buga mga kasama

isa, dalawa, tatlo, apat, lima
para naman kayo'y makahinga
sunod ay *relaxation*
sikaping huwag malito...ha.

tapos na ang bahaging pinakamahirap
sulit ang pagpapawis, ginhawa ang nalalasap

ang huli ay *cooling down*, ang aking paborito
pag-aayos ng hininga, pag-uunat ng mga maskulo
hinga, taas-kamay, batak sa likuran
*inhale, exhale*, unat sa harapan

hirap akong abutin, kamay sa pagkadena
aray, masakit, ito na ang *hallelujah*
paborito kong *pose*, kandila tapos sipa

tapos na ang ehersisyo, tunton kanan na!
komentaryo mga kasama, mayroon ba kayong mga puna

nagpupuna ako mga kasama, napunit ang aking parka

sa susunod kasama, wag kang magsuot ng hapit
alam mo nang dadapa ka at sisipa pa
tiyak ganyan ay mapupunit
mahusay mga kasama, sabay sabay na tayo paunti-unti
kailangang ayusin na lang ang pagbibilang
iwasan ang tawanan, magseryoso at makinig parati
platun lumansag!

ang ehersisyo sa Bagong Hukbong Bayan
dapat laging gawin, pagkat bahagi ng ating tungkulin
upang lalong mapalakas ang ating mga katawan
sa pagsabak sa mga gawain, lalo na sa labanan
upang lalong tumibay pisikal na kakayahan
para sa puspusang pagsisilbi natin sa sambayanan

# Rebolusyonaryong Ambahan



AMBAHAN HANUNUO
ni Ka Aya

*Kang ka saging matabya*
*bukon habog sa iba,*
*habog di sa kanta duwa.*

Paliwanag:
Ang pagkain ng masa ay pagkain din ng Hukbo.
Nagmumula sa suporta ng masa ang lakas ng Hukbo.
"Mula sa masa, tungo sa masa"

## AMBAHAN BUHID
ni Ka Ansie

*Anog hagan naghagan ubay maskin doyan ako may napatlayan*
*Sadik salud buktongan bilugnawa dinaw an*
*Bilug nawadi madiman sanyaw ulayad umabangan gistaladan tokawan*
*Batibi hanaw man uno kig git gisling ban*


Paliwanag:
Ang Hukbo ay mabait sa masa kaya nakakatamasa sila ng suporta.
Kaya habang tumatagal, sila ay dumarami at lumalakas



# Sa alaala ng mga rebolusyonaryong martir

# Paalam, Laké[1]

NI KA SARI



Kasama kang umakyat sa matataas na bundok
Di alintana ang hirap, mamaga man ang tuhod
Masaya kang naglalakbay taglay ang iyong tungkod
Dahil ika mo'y lagi nating dadatnan ang paroroonan

Gabay ka sa aming lahat na pagkilos
Matiyagang magturo't magbigay ng utos
Marunong kang makinig at umunawa
Saming mga pagkakamali't kahinaan

Pangalawang ama ka naming ituring
Nagbigay ka ng gabay at iyong kalinga
Matama kang nagpapayo habang kami'y sinasanay
At pinapanday nang tumatag sa hanay

---

1 *terminong Dumagat na ang ibig sabihin ay matandang lalaki o asawang lalaki*

Kaibigan, ninong, laké at tiyuhin
Sa maraming masang iyong nakapiling
Sa iyong pagtanda'y naging lolo ka na rin
Ng sa rebolusyo'y mga bagong supling

Ibinuwal ka ng punglo't poot ng iilang
Bayarang berdugo ng mga sakim at gahaman
Subalit sila'y sadyang pulpol at mangmang
Dahil ang iyong pamana'y habambuhay mananahan

Tumatangis ang Sierra Madre sa iyong pagpanaw
Sumasanib sa kailugan luha ng mamamayan
At sa dulo nito'y sasambulat tulad ng baha
Ang kanilang galit at paghihimagsik.

*Alay kay Ermin "Ka Moses/Monte" Bellen, isang dakilang bayani ng rebolusyon na pinaslang ng berdugong rehimeng Duterte sa Brgy. Cupang, Antipolo City, Rizal noong Disyembre 5.*

# Alay sa Dakilang Ama at Ina

NI KA ROSIE



sa likod ng VHF at *transistor*,
ang isang malambing at mapagmahal na ama
*open-minded* at mabuting kaibigan
kahit na dekada ang aming pagitan

sa likod ng salamin at *computer*,
ang istrikta ngunit maalalahaning ina
mahusay na guro at gabay
kahit na milya ang layo namin sa isa't isa

sa likod ng *baby armalite* at *9mm*,
nagtatago ang aming bakasyon
para lamang makasama sila
silang piniling maging buhay ang rebolusyon

sa likod ng matatalas na tindig,
higit ko silang nakilala at nadama
kung paanong sa mata at bibig ng mga api
sila'y dinadakila't itinuturing na bayani

sa likod ng maalab na parangal at pagpupugay
higit ko silang ipinagmamalaki
sa kung paano nila kami binuhay
sa tamis at pait ng pagmamahal sa bayan

at ngayon, sa likod ng kanilang mga alaala
nahanap namin ang aming sarili
sa piling ng masa
na pinagbuwisan ng kaisa-isa nilang buhay

sa likod ng aming baril, bag at amopots,
narito kami, nagpapatuloy ng kanilang sinimulan
at nangangakong dadalhin ito
hanggang sa tagumpay!

# Para sa iyo, Ka Iñigo

NI KA JANI




Kay bilis lumipas ng mga araw na pinagsamahan
Bagama't maikli'y puno ng kabuluhan
Kasabay ka naming humakbang at nangahas
Armadong pakikibaka'y ginagap at tinanganan

Dedikasyon mo'y walang sukat, walang hangganan
Kawangis ng pag-ibig sa rebolusyon at sambayanan
Buong tapang mong hinarap ang lipunang marahas
Makatarungang digma'y isinulong at niyakap
Giyang pampulitika't Pulang mandirigma

Talim ng paninindiga'y ginamit na sandata
Mula pamantasan tungong lansangan hanggang kanayunan
Nakibaka upang baguhin, abang kalagayan ng mamamayan

Muli kong makikita ang mga mata mong puno ng pag-asa
Sa mata ng pinaglilingkuran at minamahal nating masa
Sa bawat halakhak at matatamis na ngiti
Sisilay ang mga alaalang kasama ka pa namin

Tumatangis maging ang matatayog na kabundukan
Napopoot, nagngangalit ang pulang kaparangan
Ang buhay mong inialay para sa kalayaan ng bayan
Ikinuyom ang ilang libo pang mga palad para sa himagsikan

Dugo rin ang kabayaran sa bawat inutang na dugo
Berdugong estado'y mawawasak sa huling yugto
Luluhod ang mga diyus-diyosan sa Hukumang Bayan
Kakamtin ang katarungan para sa mga bayani ng digmaan.

*Alay kay John Carlo "Ka Iñigo" Capistrano Alberto na napaslang sa isang labanan sa Luisiana, Laguna noong Pebrero 14.* D

# Kabuluhan ng pag-aambag

NI KA MINDA

May wasto bang edad na itatakda
Ang pag-aalay ng buhay sa gitna ng digma?
Makatarungan bang panghinayangan
Ang maagang kamatayan?
Sino ang magsasabing hindi pa napapahon?
Ano ang pamantayan ng paghusga,
Sa kabuluhan ng kamatayang ating sinusuong?

Walang kabuluhan ang magpakalunod sa karagatan ng mga tanong.
Sapagkat hindi makatarungan ang malubid sa lumo't dalamhati
Sa mulat at matapang na pag-aambag ng mga kasamang nasawi.
Walang puwang ang panghihina't agam-agam
Sa kadakilaang inialay ng mga martir ng sambayanan
Upang hawanin at mapanday
Ang tagumpay ng digmang bayan.

Bata mang nagbuwis ng buhay si Ka Sam,
Ngunit di hamak na higit ang kabuluhan
Kaysa haba ng buhay na ginugol sa sarili lamang…
Matanda na si Ka Al nang siya ay masawi
Ngunit rebolusyon ang kanyang pinili
Hanggang sa huli.
Nasa kasingkaran ng kanyang buhay si Ka Ronel,
May katikasang taglay upang maging kumander,
Ngunit batid niyang ang tapang at galing ay di-dapat ipagkait
Upang mapinsala't magapi ang kaaway na malupit.

Walang buhay na nasasayang sa bawat pagkabuwal.
Walang wastong edad na maitatakda sa pag-aambag.
Pagkat bawat dugong pumapatak sa lupa,
Ay dugong nagpapatibay sa katumpakan ng digma.
Habang ang sambayanan ay hinahalihaw ng kabagsikan,
Ng pang-aapi't pagyurak sa batayang karapatan

Ang maghimagsik ay makatarungan
At ang kamatayan ay pangyayaring karaniwan.

Ang bawat pag-aambag ay panibagong lakas,
Inspirasyon at hamon na ibayong magpapatalas.
Upang ang bawat tungkuling naiwan
Ay matanganan nang buong kapasyahan,
Ang dalamhati'y gawing balon ng ibayong pagpupunyagi,
Ibagsak at durugin ang naghaharing uri!

*Alay sa mga martir ng rebolusyon na sina Victor 'Ka Al' Alcos, Ricky 'Ka Ronel' delos Santos at Aldrin 'Ka Samuel' Gamil. Sila'y napaslang sa labanan sa Mansalay, Oriental Mindoro noong Hunyo 13. Sila'y mga bayani ng sambayanan na kailanma'y hindi malilimutan ng masang kanilang pinaglingkuran.* D

# Mga numero sa buhay ni Ka 25

NI KA PLENI



"Isa! Dalawa! Tatlo... Isa!"
Bigkas mo, isang umaga,
sa *field* habang sinisikap
na iunat ang iyong batak
na katawan.

"Isa! Dalawa! Tatlo... Isa!"
Sa ikatlong buwan ng 2018,
noon kita unang nakita.

At sa pagpatak ng kamay ng relo
sa numerong walo,
kapiling ka na namin sa iskul
sa pag-aaral ng Intermedyang Kurso.
Tuwing sasapit ang hapon,
pagbalik sa pormasyong dos,
magtatalakayan tayo
ng mga artikulo ng Partido.

"Pitumpu,
dadagdagan ng tatlumpu,

ilan lahat?”
Kumikidlat pa sa aking ala-ala
kung paanong hindi lang ang pulitika
ang inaasam mo na dunong,
kundi maging ang litnum.

Lima? Sampu?
O higit pa?
Ilan nga ba, Ka 25
ang nakakausap mo na mga bayi at bapa
sa bawat araw na paglarga
ng inyong yunit sa gawaing masa?

Isa? Dalawa? Tatlo?
Ah! Tatlo nga!
Di nga ba’y tatlong dekada
ka nang naglilingkod sa digma.
Pero ang pinagtatakhan namin,
bakit Tupayb pa rin
ang iyong koda.

Walo, siyam, sampu...
Sayang, Ka 25,
sampung buwan lang pala tayo
nagkasama sa Mindoro.
Inasam namin,
sana nga, Ka 25,
na makita kang muli...
Muling masilayan ang iyong mga ngiti
at lakbayin ng iyong mga kwento,
mga kwento ng iyong karanasan,
ang tainga naming mga kabataan
habang tinatanggal ang puu-puong busog
nang mga limatik
na nakakapit
sa iyong duguang mga paa’t binti.
Subalit hindi.

Hindi na, Ka 25.
Dahil bago pa ang ika-50
na anibersaryo ng Pulang Hukbo,
Inagaw na ng punglo
ng mga pasista't berdugo
ang iyong buhay!
At umagos na, Ka 25
ang iyong dugo sa lupa...
hanggang sa huling patak nito.

Gayunman, Ka 25
Masisilayan ka pa rin namin
sa panaginip at ala-ala.
Aalalahanin ng mga nagpapatuloy,
kaming mga wala pa sa kalahati ng iyong edad sa kilusan ang iyong nasimulan.
Sapagkat ang iyong ambag
Ay di-masukat, di-mabilang.
At ang numerong Tupayb
ay imortal
at mabubuhay nang walang hanggan.

*Obrang alay kay Rodel "Ka 25" Delos Santos, namartir sa isang labanan sa Mansalay, Oriental Mindoro noong Pebrero 21.*

# Pagbangon, Paglaban, Paglaya

NI KA JOSEFA

Sumibol ang bagong bukas ngunit ang langit ay makulimlim,
dahil inagaw ang liwanag ng mga traydor sa dilim.
Isang mahabang katahimikan, matapos mabingi
sa mga alingawngaw na pumuno sa nagdaang gabi.

Kung saan dumanak ang dugo natin,
sinipsip ng lupa at tumagos pailalim,
at naitanim ang lungkot, hinagpis, poot at galit,
na balang araw ay aanihin ng mga ganid.

Ika-bente otso ng Nobyembre taong kasalukuyan
labinlimang mandirigma ang tinambangan
ng mga pasista at mersenaryong bayaran
ng malaking burgesyang kumprador na gahaman.

Paghihinganti ito ni Henry Sy sa mamamayan
na nag-aalsa laban sa kanyang kasakiman
ang nangungunang mang-aagaw ng lupa
ng mga mamamayan at magsasaka.

Pinaslang ang mga bayani ng mahihirap
kalupitan ng militar ay pinalasap
ang Pulang hukbo na kanilang pinatay
ay dadakilain ng mamamayang tunay

Sasambulat sa kanila ang daang libong punyal
na dudurog at wawasak sa kanilang pedestal
na ipinundar sa pagod, pawis at buhay
ng mga inalipin at pinagsamantalahan.

Kaya mananariwa ang mga daan sa kanayunan,
mapapaldas ang mga damong namatay sa uhaw.

*Alay sa mga rebolusyonaryong bayani ng Nasugbu, Batangas na pinaslang ng rehimeng US-Duterte noong Nobyembre 28, 2017.* D

# Ocram

NI KA LEROY



Maaalala kita sa tuwing umaga'y babangon
Kasama ang kumander sa pagtitipon
Maghahanda na sa mahabang maghapon
Rebolusyon, iyong layon

Isang tunay na Pulang mandirigma
Sa armadong pakikibaka ika'y sumampa
Para sa mamamayang iyong pinaglilingkuran
Tanging hangari'y palayain ang sambayanan

Muli kitang maiisip sa tanghali
Maaalala ko ang iyong mga ngiti
Para sa mga kasama at masang iyong tinatangi
Lagi kang maaalala sa bawat sandali

Sa galing mong sumipat
Sa labanan lagi mong inilalapat
Bawat kalabit sa gatilyo
Tutumba ang isang sundalo

At sa hapon kita'y maaalala
Ang itsura ng iyong mukha
Laging may pag-asa sa rebolusyon at pakikibaka
Pagod man sa maghapong trabaho

Alam kong hindi mo alintana ito
Upang gumampan muli
Ito ang iyong rebolusyonaryong gawi
Makamtan ang kalayaang iyong minimithi

Namatay ka man sa kamay ng mga pasista mga mersenaryong sundalo
Sino ba sila para agawan ka ng buhay?
Parang hayop, ika'y itrinato
Sino silang ika'y husgahan
Kailanma'y hindi nila hawak ang iyong kapalaran

Kasaysayan ang huhusga sa atin
Ituturing kang bayaning hindi kailanman nagpaalipin
Sa sistemang sa ati'y patuloy na nang-aapi
Sa puso ng mamamayan ika'y mananatili.

*Sa alaala ni Crisanto "Ka Marco" Surion, isang malapit na kasama at kaibigan at ni July "Ka Voltaire" Elorde na napaslang sa depensibang labanan sa Lopez, Quezon noong Marso 29, 2018.* D

# Bayaning Maubanin

NI ADEL SERAFIN

Laging hitik ang iyong kuwento
ng mga karanasan at pakikibaka,
mula sa iyong simpleng bayang pinagmulan,
sa pinakamamahal mong Mauban…
At iisa-isahin kung paano nagsimula ang laban,
naitayo ang samahan
at bumulwak ang pagkakaisa
laban sa mapangwasak na planta
noong dekada ’90…

Sa tuwina’y punong puno ng kasiyahan
at entusyasmo ang iyong mga kuwento.
Langkap ang sinseridad sa bawat paglalarawan,
kung bakit nagpasyang tumangan
sa landas ng armadong paglaban…

Simpleng tao, anak ng karalitaan
hindi tanggapin sa simbahan, dahil walang rehistro man lamang…
Tiyak kung nabubuhay ka, papalatak ka na lang
at sasabihing ‘malupit talaga ang MKMP na lipunan!’
Minsan sa isang talakayan ay litong-lito
nakakunot ang noo at wari bang gulong-gulo
at ikaw ay nakakaaliw na nagrehistro
sabay sabing ‘ang salitang *conscious*, kasama, ano ba’ng ibig
sabihin nito?’
Sa simpleng salitang mulat ang pakahulugan,
tulad mong laging mulat sa disiplina at patakaran..
Laging mapagbantay sa sariling kahinaan,
dahil hangad mo’y mapabuti ang iyong paggampan…

Anumang gawain, iyong tinatanganan.
Kung walang ibig pumasan,
Nagpi-prisinta nang buong kahandaan…
Ang pag-alalay at pag-unawa,
ang lagi mong nasa diwa.
Ika mo nga'y bilang 'mas nakatatanda,'
tayo ang mag-aakay sa nakababata…

Minsan ay inabot din ng iyamot
at may emosyong humuhulagpos.
Nang minsang abutin nang hatinggabing paglalakad,
sa unang pagkakataong ikaw ang nagkumand
at ang mga kasama ay may kakulitang singkad,
Parang batang nagtatampo sa ilalim ng buwan
at mangiyak ngiyak na nagsasabing 'ako'y maging mandirigma na din lang.'
Sapagkat dumating sa iyo ang tungkuling iniatang,
sa panahong ika'y maedad na at may limitasyong iniinda
ngunit matapos mapaliwanagan, muling sumigla at naunawaan
na ang paggampan ng tungkulin ay wala sa edad o gulang
bagkus nasa diwang handang laging tumangan…

Paano ka ba namin makakalimutan?
kung sa aming isipan,
buhay na buhay ang kengkoy mong larawan
kapag seryoso at mabigat na ang usapan
bigla kang magpapatawa sa simple mong paraan…
kapag nasa panahon nang kagipitan,
hindi ka na kailangan pang sabihan…
di ba't nang minsan ngang napalaban,
kahit nagmamarakulyo ang iyong tiyan,
walang pasubali kang umahon at tinulungan
ang mga kasamang unang napaharap sa kalaban…
kahit sa panahon ng mahahabang lakaran,
ang mga mahihina't may limitasyong kasama ay laging inaalalayan;

kahit ikaw din mismo ay pinahihirapan
ng iyong tuhod na sinisingil na ng katandaan
ngunit lagi mong sasabihing,
'hindi katandaan, bagkus simpleng nagkaka-edad lamang…'

Minsang naghihintay ng dilim bago ang paglalakbay,
habang nagkakantahan sa ilalim ng kalbong puno ng madre kakaw,
iyong ibinabahagi ang masalimuot na karanasan.
Kung paanong sinubok ng pasistang kaaway ang iyong katatagan,
ang dinanas na pagsubok at kahirapan ng iyong pamilya
sa panahong pinili mo ang mamuhay at maglingkod sa piling ng masa.
Punong-puno ng puso ang bawat kuwento,
at sa dulo'y sasabihin mong malupit talaga ang estado
Pero kamo nga ay 'Salamat sa Partido…'
at nalagpasan mong lahat ang hagupit na ito…

Napakarami pang kuwento, Ka Anghel
ang maibabahagi ng bawat isang kasama at masa na iyong pinasaya at pinataas ang diwa…
Ramdam namin ang dalamhati at pagkaulila
ngunit batid namin na bawat oras ikaw ay nakahanda
at ang sabi mo nga lagi 'basta't lalaban ka hanggang sa huling hininga…'
at di na papayag pang mahawakan muli ng mga pasista…
Kaya't sinikap nang lahat na ikaw ay maipagkait,
sa berdugong kaaway na minsan sa iyong nagpiit…

Hanggang sa wakas ikaw ay makauwi,
taglay ang pinakamataas na pagpupugay sa isang bayani,
sa bayaning Maubanin, dakilang Martir ng Sambayanan…
para sa iyong huling tungkulin,
tulad ng laging bukambibig,
"Kung saan ako italaga ng Partido, doon ako…"
at ngayon ay tanggapin mo ang huling atas,
ang matanghal na inspirasyon ng masa ng sambayanan

na buong puso't buhay mong pinagsilbihan
nang walang anumang bahid-alinlangan.
Saan mang lalawigan ng Timog Katagalugan,
Na iyong kinilusan at magiting na pinaglingkuran,
Ikaw ay bayaning di kailanman malilimutan!

*Si Domingo 'Ka Anghel' Razo ay namartir sa labanan sa Sitio Maquitib, Brgy. Quipot, San Juan, Batangas noong Abril 29. Hanggang sa huling mga araw ni Ka Anghel, ikinukuwento niya ang mayaman at matitingkad na karanasan ng pagkakabuo ng MAUBANIN, isang samahang nabuo sa panahon ng paglaban sa pagtatayo ng plantang karbon bunsod ng mapangwasak na epekto nito sa mamamayan. Dito siya nagsimulang mamulat at maorganisa.* D



# Awit

# Mandirigma ng Bayan

ARMAS-TK

*Capo: 2nd fret*
*Pasakalye: Dm–Bb–A 2x*

```
      Dm
Sandata'y ikasa
Bb     A
Sarili'y ihanda
             Dm
Halina't humakbang
Tayo na't lumaban
   Bb                   A                          Dm
Ating tahakin mapulang landas
           Bb               A
Di dapat umurong
        Dm
Mangahas
     Bb A                 Dm Bb A
Tayo na't magbalikwas


Dm Bb A Dm Bb A
Aah...


Dm
Magpalawak, magsanay
        Bb                      A
Mula sa base at sa hanay
         Dm
Konserbatismo'y iwaksi
        Bb       A
Di tayo pagagapi
     Dm
```

Milisyaismo'y labanan
*Bb A*
Pakilusin ang mamamayan
*Dm*
Partido'y pagpugayan
*Bb A*
Isulong ang digmang bayan

*Dm Bb A Dm Bb A*
Aah…

Koro 1:
*C*
May proletaryong diwa
*Bb A*
Sa labana'y laging handa



*C*
Ang Bagong Hukbong Bayan
*C*
Sa estado’y lumalaban
*Bb* *A*
Armas ng mamamayan
*C*
Ang Bagong Hukbong Bayan

*Dm Bb A Dm Bb A*

*Dm*
Ang ating Pulang hukbo
*Bb* *A*
Tangan nya’y prinsipyo
*Dm*
Saksi ang sambayanan
*Bb* *A*
Nakaugit na sa kasaysayan
*Dm*
Ang ating tunay na Hukbo
*Bb* *A*
’Di magagapi, ‘di susuko
*Dm*
Handang suungin ang kahirapan
*Bb* *A*
Upang kamtin ang kalayaan

*Dm Bb A Dm Bb A*
Aah...

(Ulitin ang Koro 1)

Koro 2:

*C*
Ipaglaban ang katarungan
*Bb A*
Tanging hukbo ng bayan
*C*
Ang Bagong Hukbong Bayan
*C*
Sa estado'y lumalaban
*Bb A*
Armas ng mamamayan
*C*
Ang Bagong Hukbong Bayan


*Dm Bb A Dm Bb A*
Aaah...

# Manok ng masa

PULANG BANDILA-BHB PALAWAN, SA TONO NG
"JUST ANOTHER WOMAN IN LOVE"

Napadaan sa bahayan ang kasundaluhan
Walang sabi-sabi ang manok ng masa agad hinuli
Manok na dapat sana'y pambayad ni bunso doon sa eskwela
Biglang napurnada ang manok ng masa
Hawak na nila!

Bago pa man mag-inuman ang mga sundalo
Ang manok ng masa, kanilang inadobo
Masa'y nakatingin nahihintakutan
At 'pag pumalag pa ay t'yak na sasaktan
Ng malupit na mga sundalo mga berdugo't kriminal



Nang malasing, may nagmaoy, panay ang yabang
Masa ay tinawag, agad na nagtanong “Asan ang kalaban?!”
Hawak nitong baril ay agad pinaputok
Hindi na napigilan
Ng kanyang kasama na lasing din pala
Mga walanghiya!

Nang sila ay umalis, ay nagtatawanan
Sila ay lasing na, bundat pa ang tiyan
Sa manok ng masa na naging pulutan
‘Di pa nasiyahan, masa ay sinaktan
Ng mga kawatan at abusadong mga militar

Sa galit ng masa, hindi na nakatiis
Sila ay nagsumbong sa mga NPA
Kaya ang sundalong mga abusado
Sila ay binira ng mga isparo
Natuwa ang mga masa
Nagkaroon na sila ng hustisya



# DULA

# Maranggat Sibat

PULANG BANDILA-BHB MINDORO



Inihahandog ng Pulang Bandila ang kasaysayan ng magiting na paglaban ng Mangyan para sa lupaing ninuno at ang maniningning na mga tagumpay na nakamit ng rebolusyonaryong mamamayan sa isla ng Mindoro!

Ngayong sandaling ito, alalahanin natin ang kwento ng buhay na mga karanasan, masalimuot, masaya, nakagagalit at kamangha-mangha, na higit pang magpaapaalab sa ating mapanlabang diwa.

Ipinapakilala natin ang makisig, bibong-bibo at pinakamalakas na Mangyan sa ibabaw ng lupa… si Maranggat Sibat!

Papasok ang ating bida. Titingin sa malayo. Hahanapin ang kanyang mga mamimili. At sisigaw…

Maranggat: MGA BAPAAAAA! MGA BAYIIIIIIII! Bili na kayo! Saging! Saging kayo d'yan!

At heto na. Heto naaaa… ang unang mamimili ng ating bida. Si Koko Makunat.

Maranggat: Ser! Ser! Bili na kayo! Mga bagong tiba ho iyan.

Koko: Sige! 200 *pesos* na lang lahat iyan!

Maranggat: Aba! Ser. *Jumbo* ang mga saging ko! Sampung buwig ito tapos 200 lang? *No no no no no!*

Dumating ang isa pang mamimili. Si Baby Bunot. Bunot!

Baby Bunot: Naku. Ano ba naman 'yang saging mo! *Small* lang yan! *Small!* 5, 10, 15, 20! O talsik na itong apat. Sige! 300 na lahat 'to!

Maranggat: Ay grabe sya! Ang layu-layo ng nilakad ko, kabigat-bigat pa n'yan, tapos 300 lang ang ibabayad mo sa akin? Tsaka nung nakaraang Biyernes, *big* pa ang sukat nito ah? Ngayon *small* na?! Ay hindi nalang! Iuwi at kainin na lang namin ito!

Baby Bunot: Hmmp! Akala mo naman may bibili pa nyan sa'yo.

Koko: Oo nga!

At umalis na ang kuripot na sina Baby Bunot at Koko Makunat.

Pagdating ng katanghalian, tirik na tirik ang araw. Gutom na si Maranggat ngunit hindi pa rin naibebenta ang kanyang mga saging. Nang dumating… si Barat Obama!

Barat Obama: Heeeeeep! Kulubot na ang saging mo o! Wala nang bibili n'yan. Pero ako, mabait ako. Sige, bilhin ko na 'yan lahat para makauwi ka na. 150! Pwede na?

Napakunot ang noo ng ating bida. Napaisip. Gusto na rin talaga niyang makauwi. Masama na rin ang pakiramdam nya. Kaya…

Maranggat: Sige. Pwede na rin, para makauwi na ako.

Umuwi si Maranggat nang nakabagsak ang balikat, dala ang tatlong pirasong *noodles*, asukal at kape. Habang nag-iisip-isip, nakasabay nya ang iba pang mga ka-sityo na galing sa tianggehan.

Tao 1: Uy Maranggat. Ba't ang konti n'yang dala mo?

Tao 2: Aba, ikaw rin naman e. Lahat naman tayo kaunti lang ang naibili sa pinagbentahan ng kalakal sa tiangge. Yung kaong ko nga, dati 400 pa yun. Ngayon, 120 na lang!

Maranggat: 'Yun na nga e. Kanina ko pa iniisip kung bakit ang liit-liit lang ng kinikita natin sa pagtitiangge. Lahat ng mamimili, napakabarat! Samantalang ang hirap-hirap magkaingin at magbilad sa initan araw-araw! Ano kayang dapat nating gawin para tumaas ang presyo ng mga produktong bukid natin?

Magtitinginan ang tatlong Mangyan. Nang makasalubong nila ang isang platun ng NPA.

NPA 1: Mayad pagsurip[1], mga bapa!

Lahat ng mangyan: Mayad[2] di man…

NPA 2: E bakit mukhang hindi po yata mayad? Galing kayo sa tiangge?

Maranggat: Ay oo, mga kasama. Lugi na naman kami sa kalakal.

Malungkot na pahayag ni Maranggat.

NPA 1: Naku. Hindi lang ho kayo ang nakararanas. Halos lahat ng Mangyan at mga magsasaka ay binabarat

1 *"Magandang umaga" sa salitang Hanunuo*
2 *maganda*

ang kalakal. Mapa-saging, kopra, kaong, anyamo[3] at iba pa. Ang kailangan natin, mga bapa, ay magkaisa! Tipunin ang lahat ng mga Mangyan sa bawat sityo at buuin ang laban para sa pagpapataas ng presyo ng produktong bukid.

NPA 2: 'Di ba naaalala niyo naman kung paanong naipamahagi ang mga lupa noon na puro baka ang nakatira?

Maranggat: Oo! Naaalala ko 'yun sa kwento ng mga gurangon. Kung hindi pa nag-okupa ang Mangyan ng mga lupa ng mga panginoong maylupa, hindi kami magkakaroon ng sariling lupa na inalagaan ng mahabang panahon ng aming mga gurangon!

Tao 1: Kasama ako noon! Katuwang din namin ang mga NPA!

NPA 2: At naaalala niyo rin po ba nung may huhulihing lider Mangyan ang mga kaaway, nagtulung-tulong ang mga ka-sityo at kababaryo niya. Pinalibutan nila ang bahay upang hindi makapasok ang mga militar. Mayroon pa ngang TO ang mga kasama noon. Ayaw na sana nilang ituloy... pero dahil pinalakas ng mga bapa ang kanilang loob, itinaas ang moral ng hukbo at sumuporta ang mga Mangyan, natuloy ang TO. Isang platun ng kaaway ang nadurog! Maraming baril na nasamsam ang mga kasama! Kaya isang malaking tagumpay!

NPA 1: Kaya malinaw mga bapa at bayi, ang ating ugnayan ang sandata natin laban sa mga marirok na iyan! Walang imposible sa sama-samang pagkilos ng masa kasama ang hukbo. Kailangang balikan natin ang kasaysayan ng paglaban ng mga Mangyan at palakasin pa ito laluna sa panahon ngayon.

3 *tambo sa salitang Hanunuo*

Maranggat: Nakuha natin ang mga pastuhan noon, pero ngayon, kahit may lupa tayo, mahirap pa rin ang buhay. Napakababa ng kita natin sa kalakal. Hindi na nga makapagsaing ng bigas dahil sobrang mahal.

NPA 2: Malaki rin ang banta sa pangangamkam ng lupa dahil sa mga minahan at *quarry*, pati mga dam ng malalaking dayuhan.

Tao 1: Ang iba nga ay napapaisip na rin magbenta ng lupa para lang magkapera.

NPA 1: Kaya mahalaga ang buong samahan ng Mangyan upang protektahan ang lupaing ninuno at ipaglaban ang mga karapatan ng katutubo.

Maranggat: Kasama ako!

Tao 1 at 2: KAMI RIN!

---WAKAS---



# Liham

# Liham

NI KA TIBAN

*Nov 17, 2015*

*Kasamang Liza,*

*Pinakamainit na rebolusyonaryong pagbati!*

*Habang sinisikap na simulan ang liham na ito, biglang bumaha sa aking isipan ang napakaraming alaala. Mahigit 15 taon na ang nakalipas mula noong huli tayong nagkita. Parang sariwa pa rin sa aking isipan ang araw na iyon noong binalita ko sayo na pinaslang ang aking asawang si Ka Jia ng pasistang kaaway. Hindi mo napigilang humagulgol ng iyak noon, at ang agad kong naisip ay talagang pinakamahal mo sya tulad ng pagmamahal mo sa ibang mga kasama. At naisip kong balang araw ay susunod ka rin sa kanyang mga yapak. Ikinagagalak ko nang lubusan na nagkatotoo ito, kadre ka na ngayon ng ating hukbo at nagsisimula na ng isang rebolusyonaryong pamilya!*

*Noong 2003, dumaan ako sa matinding pagsubok at bumitiw sa aking sinumpaang tungkulin sa Partido at masa. Walong taon akong nagsikap na kalimutan ang kilusan at ibaon ang aking rebolusyonaryong diwa. Aaminin ko na bahagi iyon ng pinakamadilim na yugto ng aking buhay. Hindi ko maipinta ang aking kalungkutan noong nabalitaan ko ang pagkamatay ni Ka Ensa; at di nagtagal ay sumunod naman si Ka Ali. Sa halos 8 taon kong pag-lie-low, hindi talaga ako dumadalo sa mga aktibidad ng kilusan kahit panay ang kumbida sa akin ng mga kasama. Ngunit hindi ko pinalampas ang parangal para sa iyong ama bilang respeto at pagkilala sa kanya at sa naging ambag nya sa pagkahubog ng aking pagkarebolusyonaryo at pagkatao.*




*Hindi ko mapigil ang pagluha sa takbo ng halos buong programa. Nagluksa ako sa pagkawala ng isang kadre at komunistang tulad ni Ka Ali; pero higit pa doon, tinamaan ako ng konsensya. Ang tatay mo, tulad ng napakaraming martir ay nag-alay ng buhay sa sambayanan hanggang sa huling hininga, at ayun ako nagpapakaalipin at nagsisilbi sa mga naghaharing uri. Napagtanto ko na kailangan nang bumalik sa pagkilos at ipagpatuloy ang pakikibakang ipinasa sa atin ng ating mga rebolusyonaryong martir. Akala ng ibang mga kasama ay bugso ng damdamin lamang ang desisyon kong bumalik sa pagkilos, pero napatunayan ko laluna sa sarili ko na buo ang loob ko at wala na itong atrasan.*

*Sinubukan kong bumalik sa hukbo at nakadalawang taon ako sa isang sonang gerilya, pero dahil sa kalusugan ay napilitang magpalipat muna sa gawain dito sa kalunsuran. Maayos naman ang takbo ng pagkilos ko ngayon at masayang-masaya ako na muling inilalaan ang buhay sa paglilingkod sa sambayanan!*

*Ang dami ko pa sanang gustong ikwento pero daglian lang ang sulat na ito. Sisikapin kong sumulat ulit 'pag may pagkakataon. Sana ay magkaroon ng pagkakataong magkita tayo sa hinaharap!*

*Kwento ng ate mo, sa kabila ng paglipas ng panahon at kayraming pagbabago sa iyo ay piki ka pa rin. Hahaha!*

*Ingat kayo mga kasama at mabuhay!*

*Sa tagumpay ng rebolusyon,*
*Ka Tiban*



# Liham sa minamahal

NI KA MIMAY

*Mahal ko,*

*Kumusta ka? Alam kong naging napakahirap ng mga nagdaang taon. Maraming salamat dahil naniniwala ka pa rin na pwede ka pa ring maging masaya sa akin sa kabila ng mga kahinaan at limitasyon ko.*

*Alam ko, iniisip mo rin minsan na kulang ka. Hindi ka kulang. Maaaring maiksi ang mga panahon para iparamdam mo sa akin ang pagmamahal mo pero hindi kulang. Laging kasya, minsan nag-uumapaw pa nga. Hindi naman nahahabol ang oras, hindi*

*naibabalik ang mga tapos na. Ang mga kahapon at ngayon na hindi natin pinagsaluhan, bukas o sa mga susunod na bukas natin haharapin. Maaring magkalayo pero laging tayong dalawa.*

*Please, pumanatag ka, dahil panatag ako. Namamanglaw at nananabik pero hindi laging malungkot ang panglaw at pananabik. Dahil laging may bukas, hindi nauubos ang bukas sa mga pusong namamanglaw, nananabik at nag-aasam. Tandaan mo sana ito dahil ito ang pirme kong kaabay sa pagtulog. Ang mga bukas natin, ng mga anak at mahal natin, ng masa natin, ng bayan natin, ng rebolusyon natin.*

*Maraming pagsubok na ang natawid natin para umabot tayo dito. Literal na tinatawid natin ang mga ilog at inaakyat ang mga bundok para magpanagpo ulit. At natatagpuan natin ang mga sarili natin, lagi, na wala naman palang layo ang naghihiwalay sa atin. Walang panahon na di tayo magkasama. Artipisyal ang layo at distansya sa pagitan natin. At natigil ang takbo ng panahon sa oras na kailangan nang umalis ang sinuman sa atin. Tatakbo lamang ulit yon sa muli nating pagkikita.*

*Ikaw ang hamog sa aking umaga. Ikaw rin ang ambon sa katanghaliang tapat. Ikaw ang aking ulan at bagyo.*

*Happy anniversary pinakamamahal ko.*

*I love you,*
*Mimay*

# PASASALAMAT

Pinakamaalab na pasasalamat ang ipinaaabot ng patnugutan ng DAGITAB sa lahat ng mga kasamang naglaan ng pinakamakabuluhang panahon, talento at piraso ng kanilang katangi-tanging mga karanasan sa pagsusulong ng rebolusyon. Pasasalamat sa lahat ng mga larangang gerilya sa buong rehiyong TK na nag-ambag ng kanilang mga obra at sining.

Maraming salamat kina Prof. Jose Maria Sison at Julie de Lima sa pagpapaunlak sa aming mungkahing makapagbigay ng Paunang Salita.

Salamat sa mga obrang pampanitikan na puno ng inspirasyon mula kina Ka Giro, V. Sanggangbayan, Adel Serafin, Ka Pola, Ka Rosie, Ka Jean, Ka Oryang, Ka Bingo, Ka Glor, Ka Ruiz, Ka Lucio, Ka Deron, Ka Cielo at marami pang iba. Salamat sa KALATAS sa pagbibigay pahintulot nito na muling ilathala ang mga kwento at tula mula rito.

Salamat sa pinakamakukulay at buhay na mga sining biswal mula kina Ka Basco, Ka Kule at Ka Pleni. Salamat sa Pulang Bandila ng BHB Mindoro at Palawan sa pagbabahagi ng kanilang dula at awit.

At sa lahat ng artista ng bayan na naging bahagi ng pagbubuo ng DAGITAB 2019, pinakamataas na pagpupugay! D


PALIMBAGANG PULANG SILANGAN
Timog Katagalugan
2019